"O Allah, sa Iyo ang lahat ng pagpupuri, Ikaw ang liwanag ng mga kalangitan at kalupaan at ang lahat ng nilalaman nito. At sa Iyo ang lahat ng puri, Ikaw ang tagapanustos ng mga kalangitan at kalupaan at ang lahat ng nilalaman nito. [Sa Iyo ang lahat ng puri, Ikaw ang Panginoon ng mga kalangitan at lupa at ang lahat ng nilalaman nito]. [Sa Iyo ang lahat ng puri. Sa Iyo ang pamamahala ng mga kalangitan at kalupaan at ang lahat ng nilalaman nito]. [Sa Iyo ang lahat ng puri. Ikaw ang Hari ng mga kalangitan at kalupaan]. [Sa Iyo ang lahat ng puri]. [Ikaw ang katotohanan, ang Iyong pangako ay totoo, ang Iyong Salita ay totoo, at ang Araw nating pagtatagpo ay totoo, ang Harden ng Paraiso ay totoo at ang Apoy (Impiyerno) ay totoo, at ang mga Propeta ay totoo, Si Muhammad sknk ay totoo at ang Huling Oras ay totoo]. [O Allah! sa Iyo ako ay sumuko at sa Iyo ako ay umaasa, at sa Iyo ako ay naniwala, at sa Iyo ako ay lumingon upang magsisi, at sa Iyo ako ay nakipagtalo, at sa Iyo ako ay lumingon para hatulan. Kaya patawarin Mo ako sa aking mga nagdaang pagkakasala at sa mga kasalanan kong darating, at sa anupamang aking inililingid at nailantad]. [Ikaw ang Al-Muqaddim (Ang-Una) at Al-Mua'khkhir (Ang Huli), walang may karapatang sambahin maliban sa Iyo], [Ikaw ang aking Diyos, walang may karapatang sambahin maliban sa Iyo]. [1]

[1] . Al-Bukhari, Fath Al-Bari 3/3, 11/116, 13/371, 423, 465. Tingnan din ang Muslim 1/532.

## 17. [5]Mga Panalangin sa panahon ng Ruko'(pagyuko) sa As-Salat.

٣٣. سُبْحَانَ رَبِّيَ الْعَظِيْمِ ثلاث مرات

**"SUB'HA-NA RABBIYAL 'ATHEEM"** *(banggitin ito ng tatlong beses sa Arabik)*

"Kaluwalhatian sa aking Panginoon na Pinakadakila." [1]

٣٤. سُبْحَانَكَ اللهُ رَبَّنَا وَبِحَمْدِكَ اللَّهُمَّ اغْفِرْلِي

**"SUB'HA-NAKALLA-HU RABBANA WA BI'HAMDIKA ALLA-HUMMAGFIRLI"**

"Kaluwalhatian sa Iyo O Allah! aming Panginoon at sa Iyo ang pagpupuri. O Allah patawarin Mo ako." [2]

٣٥. سُبُّوحٌ، قُدُّوسٌ، رَبُّ الْمَلاَئِكَةِ وَالرُّوْحِ

**"SUBBU-'HON, QUDDUSON, RABBUL MALA-IKATI WAR-RU'HI."**

"Kaluwalhatian (sa Iyo), (Ikaw ang) Pinakabanal, Panginoon ng mga Anghel at Espiritu (Gabriel)." [3]

٣٦. اللَّهُمَّ لَكَ رَكَعْتُ، وَبِكَ آمَنْتُ، وَلَكَ أَسْلَمْتُ خَشَعَ لَكَ سَمْعِي، وَبَصَرِيْ، وَمُخِّي، وَعَظْمِيْ وَعَصَبِي، وَمَا اسْتَقَلَّتْ بِهِ قَدَمِي

**"ALLA-HUMMALAKA RAKA'-TO, WABIKA A-MANTO, WALAKA ASLAMTO 'KHASHA'ALAKA SAM-'EY, WA**

---

[1] . Abu Dawud, Ibn Majah, An-Nasa'i, At-Tirmithi at Ahmad. Tingnan ang Al-Albani Sahih Tirmithi 1/83.

[2] . Al-Bukhari 1/199, Muslim 1/350.

[3] . Muslim 1/353 Abu Dawud 1/230.

**BASAREY, WA MO'KH'KHEY, WA 'ATHMEY WA 'ASABEY, WA MASTAQALLA-BIHI QADAMEY."**

"O Allah! sa Iyo ako ay yumuko (sa pagdarasal), At sa Iyo ako ay naniwala, at sa Iyo ako ay sumuko, Sa Iyo, nagpapakumbaba ang aking pandinig, ganoon din ang aking paningin, at pag-isip, at mga buto at pakiramdam at saan man ang narating ng aking paa (sa paglalakbay)." [1]

٣٧. سُبْحَانَ ذِي الْجَبَرُوْتِ وَالْمَلَكُوْتِ، وَالْكِبْرِيَاءِ، وَالْعَظَمَةِ

**"SUB'HA-NA'THEL JABARUTI WAL MALAKUTI, WALKIBRIYA-I, WAL 'ATHAMATI."**

"Kaluwalhatian sa Iyo, Panginoon ng ganap na Kapangyarihan, ng Pamamahala, ng Kadakilaan at Kamahalan." [2]

## 18.[3]Mga Panalangin sa pagbangon mula Ruku'.

٣٨. سَمِعَ اللهُ لِمَنْ حَمِدَهُ

**"SAMI'ALLAHU LIMAN 'HAMIDAH"**

"Nawa'y dinggin ng Allah ang sinumang pumupuri sa Kanya." [3]

٣٩. رَبَّنَا وَلَكَ الْحَمْدُ، حَمْداً كَثِيْراً طَيِّباً مُبَارَكاً فِيْهِ

---

[1]. Muslim 1/534, Abu Dawud, An-Nasa'i, at At-Tirmithi.

[2]. Abu Dawud 1/230, An-Nasa'i at Ahmad. Ang mga pinanggalingan nito ay lahat mabuti.

[3]. Al-Bukhari, Fath Al-Bari 2/282.

**"RABBANA WALAKAL 'HAMDU, 'HAMDAN KATHEERAN 'TAYYIBAN MUBA-RAKAN FI-HI."**

"Panginoon namin, sa Iyo ang lahat ng pagpupuri, punong-puno ng kapurihang naglalaman ng mga mabubuting pagpapala." [1]

٤٠ – مِلْءَ السَّمَوَاتِ وَمِلْءَ الأَرْضِ وَمَا بَيْنَهُمَا، وَمِلْءَ مَا شِئْتَ مِنْ شَيْءٍ بَعْدُ. أَهْلَ الثَّنَاءِ وَالْمَجْدِ، أَحَقُّ مَا قَالَ الْعَبْدُ، وَكُلُّنَا لَكَ عَبْدٌ. اللَّهُمَّ لاَ مَانِعَ لِمَا أَعْطَيْتَ، وَلاَ مُعْطِيَ لِمَا مَنَعْتَ، وَلاَ يَنْفَعُ ذَا الْجَدِّ مِنْكَ الْجَدُّ

**"MIL-ASSAMAWA-TI WAMIL-AL-AR'DI WAMA BAYNAHUMA, WAMIL--A-MA SHI'-TA MIN SHAY-IN BA'ADO. AHLATH-THANA-I WAL MAJDI, A'HAQQO MA QA-LAL 'ABDO, WAKULNA LAKA 'ABDUN. ALLA-HUMMA LA MA-NI'ALIMA A'A'TAYTA, WALA MO'TIYALIMA MANA'ATA, WALA YANFA'O THAL JADDI MINKAL JADDU."**

"Ang mga pagpupuring pumupuno sa mga kalangitan at pumupuno sa lupa at sa pagitan nito, Pumupuno sa ano mang bagay na naisin Mo, Nagmamay-ari ng (lahat ng) puri at kamahalan, totoo ang anumang bagay na sinabi ng Iyong alipin (tungkol sa Iyo) at kaming lahat ay Iyong alipin (taga-paglingkod) O Allah! walang makakahadlang sa anumang Iyong naising ipagkaloob (sa amin) at walang makapagbibigay sa anumang Iyong ipinagbabawal, at lakas (kapangyarihan) ng mga taong malalakas (makapangyarihan) ay hindi magkakaroon ng silbi (sa kanyang sarili) laban sa Iyo." [2]

---

[1]. Ibid. 2/284.

[2]. Muslim 1/346.

## 19. [7] Mga Panalangin sa panahon ng pagpapatirapa (Sujud).

٤١. سُبْحَانَ رَبِّيَ الأَعْلَى ثلاث مرات

**"SUB'HA-NA RABBIYAL A'LAA** *[tatlong beses sa Arabik]*

"Kaluwalhatian sa aking Panginoon, ang Kataas-taasan." [1]

٤٢. سُبْحَانَكَ اللهُمَّ رَبَّنَا وَبِحَمْدِكَ اللَّهُمَّ اغْفِرْلِي

**"SUB'HANAKA ALLA-HUMMA RABBANA WABI'HAMDIKA, ALLA-HUMMAGFIRLI"**

"Kaluwalhatian sa Iyo, O Allah! aming Panginoon at sa Iyo ang kapurihan, O Allah! patawarin Mo ako.[2]"

٤٣. سُبُّوحٌ، قُدُّوسٌ، رَبُّ الْمَلاَئِكَةِ وَالرُّوحِ

**"SUBBU-'HON, QUDDUSON, RABBUL MALA-IKATI WAR-RU'HI."**

"Kaluwalhatian (sa Iyo), (Ikaw ang) Pinakabanal, Panginoon ng mga Anghel at Espiritu (Gabriel)." [3]

٤٤. اللَّهُمَّ لَكَ سَجَدْتُ وَبِكَ آمَنْتُ وَلَكَ أَسْلَمْتُ، سَجَدَ وَجْهِيَ لِلَّذِي خَلَقَهُ وَصَوَّرَهُ، وَشَقَّ سَمْعَهُ وَبَصَرَهُ، تَبَارَكَ اللهُ أَحْسَنُ الْخَالِقِينَ

**" ALLAHUMMALAKA SAJADTO WABIKA A-MANTO WALAKA ASLAMTO, SAJADA WAJHIYA LILLA'THEE 'KHALAQAHU WASAWWARAHU, WASHAQQA SAM-'AHU**

---

[1] . Abu Dawud, Ibn Majah, An-Nasa'i, At-Tirmithi at Ahmad, Tingnan ang Sahih At-Tirmithi 1/83.

[2] . Al-Bukhari at Muslim, basahin ang panalangin bilang 34 sa itaas.

[3] . Muslim 1/353, basahin ang panalangin bilang 35 sa itaas.

**WABA'SARAHU, TABA-RAKALLA-HU A'HSANUL 'KHA-LIQEEN."**

" O Allah! sa Iyo, ako ay tumirapa, at sa Iyo, ako ay naniwala, at sa Iyo, ako ay sumuko. Nakasubsob ang aking mukha para sa Kanya na lumikha (rito) at nagbigay hubog (rito) at pagkalooban ng pandinig at paningin. Ang pagpapala ay sa Allah, ang Pinaka-Mahusay sa Paglilikha." [1]

٤٥ . سُبْحَانَ ذِي الْجَبَرُوْتِ وَالْمَلَكُوْتِ، وَالْكِبْرِيَاءِ وَالْعَظَمَةِ

**"SUB'HA-NA THEEL JABARU-TI, WAL MALAKU-TI, WAL KIBRIYA-I, WAL 'ATHAMATI "**

"Kaluwalhatian sa Iyo, Panginoon ng ganap na Kapangyarihan, ng Pamamahala, ng Kadakilaan at ng Kamahalan." [2]

٤٦ . اللَّهُمَّ اغْفِرْلِي ذَنْبِي كُلَّهُ، دِقَّهُ وَجِلَّهُ، وَأَوَّلَهُ وَآخِرَهُ وَعَلاَنِيَتَهُ وَسِرَّهُ

**"ALLA-HUMMAGFIRLI 'THAMBI KULLAHU, DIQQAHU WAJILLAHU, WA-AWWALAHU, WA A-KHIRUHO WA'ALA-NIYATUHO WASIRRAHU "**

"O Allah, patawarin ang lahat kong mga pagkakasala, malaki man o maliit, ang pinakauna at pinakahuli at yaong mga nakalantad at nakalingid." [3]

٤٧ . اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوْذُ بِرِضَاكَ مِنْ سَخَطِكَ، وَبِمُعَافَاتِكَ مِنْ عُقُوْبَتِكَ وَأَعُوْذُ بِكَ مِنْكَ، لاَ أُحْصِي ثَنَاءً عَلَيْكَ أَنْتَ كَمَا أَثْنَيْتَ عَلَى نَفْسِكَ

---

1 . Muslim 1/534 at iba pa.
2 . Abu Dawud 1/230, An-Nasa'i, Ahmad. Tingnan ang Sahih Abu Dawud 1/166.
3 . Muslim 1/350.

**"ALLA-HUMMA INNI A'U-THO BIRI'DA-KAMIN SA'KHATIK, WABI MO'A-FA-TIKA MIN 'OQU-BATIK, WA A'UTHOBIKA MINK(A), LA - O'HSI THANA-AN 'ALAYKA ANTA KAMA ATHNAYTA 'ALA NAFSIK.**

"O Allah! ako ay nagpapakupkop sa Iyong kaluguran mula sa Iyong galit, at ako ay nagpapakupkop sa Iyong mga kapatawaran mula sa Iyong mga kaparusahan at ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa Iyo (Sarili). Hindi ko mabibilang ang Iyong mga kapurihan. Ikaw at Ikaw rin kung paano Mong pinuri ang Iyong Sarili."[1]

## 20. [2] Mga panalangin sa pagitan ng dalawang sujud.

٤٨. رَبِّ اغْفِرْ لِي رَبِّ اغْفِرْ لِي

**" RABBIGFIRLI, RABBIGFIRLI"**

"Panginoon ko patawarin ako, Panginoon ko patawarin ako."[2]

٤٩. اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِي، وَارْحَمْنِي، وَاهْدِنِي، وَاجْبُرْنِي، وَعَافِنِي، وَارْزُقْنِي، وَارْفَعْنِي.

**"ALLA-HUMMAGFIRLI, WAR'HAMNI, WAHDINI, WAJBURNI, WA 'A-FINI WARZUQNI, WARFA'ANI."**

"O Allah!, patawarin Mo ako, kahabagan Mo ako, patnubayan Mo ako, bigyan Mo ako ng kasaganaan,

[1] Muslim 1/352.

[2] . Abu Dawud 1/231. Tingnan ang Sahih Ibn Majah 1/148.

bigyan Mo ako ng kalusugan, bigyan Mo ako ng kabuhayan at iangat ang aking katayuan." [1]

## 21. [2] Mga panalangin kapag tumirapa ng dahil sa pagsasaulo ng kor'an.

٥٠. سَجَدَ وَجْهِيَ لِلَّذِي خَلَقَهُ وَشَقَّ سَمْعَهُ وَبَصَرَهُ بِحَوْلِهِ وَقُوَّتِهِ ((فَتَبَارَكَ اللهُ أَحْسَنُ الْخَالِقِينَ))

**" SAJADA WAJHIYA LILLATHEE 'KHALAQAHO WASHAQQA SAM'AHO WABASARAHO BI'HAWLIHI WA QUWWATIHI ((FATABA-RAKALLA-HU A'HSANUL 'KHA-LIQEEN )).**

"Isinubsob ko ang aking mukha, sa Kanya na naglikha dito at pagkalooban Niya ito ng pandinig at paningin mula sa Kanyang Lakas at Kapangyarihan. Pagpapala sa Allah, ang pinakamahusay sa paglilikha." [2]

٥١. اللَّهُمَّ اكْتُبْ لِي بِهَا عِنْدَكَ أَجْرًا، وَضَعْ عَنِّي بِهَا وِزْرًا، وَاجْعَلْهَا لِي عِنْدَكَ ذُخْرًا، وَتَقَبَّلْهَا مِنِّي كَمَا تَقَبَّلْتَهَا مِنْ عَبْدِكَ دَاوُدَ

**" ALLA-HUMMAKTUBLI BIHA 'INDAKA AJRAN, WA'DA-'ANNI BIHA WIZRA, WAJ-'ALHA LI 'INDAKA THO'KHRA , WATAQABBALHA MINNI KAMA TAQABBALTAHA MIN 'INDIKA DA-WDA."**

"O Allah, isulat para sa akin ang (isang) gantimpala para dito (sa pagpapatirapang ito) , at alisin sa akin ang (isang) pagkakasala. Alagaan ito para sa akin sa

[1] . Abu Dawud, Ibn Majah, At-Tirmithi, Tingnan ang Sahih At-Tirmithi 1/90 at Sahih Ibn Majah 1/148.

[2] . At-Tirmithi 2/474, Ahmad 6/30 at Al-Hakim na nagsabing ito ay kapanipaniwala at sinang-ayunan ito ni Ath-Thahabi 1/220.

Paraiso at tanggapin ito mula sa akin kahalintulad ng Iyong pagtanggap mula sa Iyong tagapaglingkod na si (Propeta David) Dawud." [1]

## 22. Ang Panalangin sa Tashahhud.

٥٢. التَّحِيَّاتُ لِلَّهِ، وَالصَّلَوَاتُ، وَالطَّيِّبَاتُ، السَّلاَمُ عَلَيْكَ أَيُّهَا النَّبِيُّ وَرَحْمَةُ اللهِ وَبَرَكَاتُهُ، السَّلاَمُ عَلَيْنَا وَعَلَى عِبَادِ اللهِ الصَّالِحِينَ. أَشْهَدُ أَنْ لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّداً عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ.

**"ATTA'HIYYA-TU LILLAHI WASSALAWA-TU WA 'TAYYIBA-TU, WASSALA-MU 'ALAYKA AYYUHAN-NABIYYO WARA'HMA-TOLLA-HI WABARAKA-TUHO, ASSALA-MU 'ALAYNA WA'ALA- 'IBA-DIKA ASSA-LI'HEEN, ASH-HADU ALLA-ILA-HA ILLALLAHU WA ASH-HADU ANNA MU'HAMMADAN 'ABDUHO WARASULOHO."**

"Ang lahat ng mga pagbati ay para sa Allah, ang mga dasal at mabubuting bagay ay para sa Allah. Sumaiyo nawa ang kapayapaan o Propeta at ang habag at pagpapala ng Allah. Ang kapayapaan ay mapasa-amin at mapasa mga (taong) gumagawa ng mga makatarungang paglilingkod sa Allah. Ako ay sumasaksi na walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah (swt) at si Muhammad (sknk) ay Kanyang sugo at lingkod." [2]

## 23. [2]Paano bigkasin ang mga Panalangin para sa Propeta pagkatapos ng Tashahhud.

[1]. At-Tirmithi 2/473 at Al-Hakim na tinagurian niyang ito ay kapanipaniwala at sinang-ayunan ito ni Ath-Thahabi 1/219.

[2]. Al-Bukhari, Muslim 1/301. Tingnan ang Fath Al-Bari 11/13.

٥٣. اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ، كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ اللَّهُمَّ بَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ

**"ALLA-HUMMASALLI 'ALA MU'HAMMAD, WA 'ALA A-LI MU'HAMMADIN, KAMA SALLAYTA 'ALA IBRAAHEEM[A] WA 'ALA A-LI IBRAAHEEM[A], INNAKA 'HAMEEDUN MAJEED[UN], ALLA-HUMMABA-RIK 'ALA MU'HAMMADIN WA 'ALA A-LI MU'HAMMAD[IN] KAMA BA-RAKTA 'ALA IBRAAHEEM[A] WA 'ALA A-LI IBRAAHEEM[A], INNAKA 'HAMEEDUN MAJEED[UN]."**

"O Allah! ipagkaloob ang Iyong pabor kay Muhammad at sa mga angkan ni Muhammad kasingtulad ng pagkakaloob Mo ng pabor kay Ibrahem at sa angkan ni Ibrahem. Katunayan, sa Iyo ang [lahat ng] kapurihan at kaluwalhatian. O Allah! pagpalain Mo si Muhammad at ang angkan ni Muhammad kasingtulad ng mga pagpapalang Iyong ipangkaloob kay Ibrahem at ang angkan ni Ibrahem. Katunayan, sa Iyo ang [lahat ng] kapurihan at kaluwalhatian." [1]

٥٤. اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى أَزْوَاجِهِ وَذُرِّيَّتِهِ، كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ. وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى أَزْوَاجِهِ وَذُرِّيَّتِهِ، كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ. إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ

**"ALLA-HUMMASALLI 'ALA MU'HAMMAD. WA 'ALA AZWA-JIHI WATHURRIYYA-TIHI, KAMA SALLAYTA 'ALA**

1. Al-Bukhari, Fath Al-Bari 6/408.

**IBRAAHEEM[A]. WABA-RIK 'ALA MU'HAMMAD[IN] WA 'ALA AZWA-JIHI WATHORRIYYA-TIHI, KAMA BA-RAKTA 'ALA IBRAAHEEM[A]. INNAKA 'HAMEEDUN MAJEED[UN]."**

O Allah! ipagkaloob kay Muhammad ang Iyong pabor at sa kanyang mga asawa at mga apo, katulad ng pagkalooban Mo ng Iyong pabor si Ibrahem . at pagpalain si Muhammad at ng kanyang mga asawa at apo katulad ng pagpala Mo kay Ibrahem. Katunayan, sa Iyo ang [lahat ng] kapurihan at kaluwalhatian." [1]

## 24 [11]Mga Panalangin pagkatapos ng huling tashahhud at bago mag tasleem.

٥٥. اللّٰهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنْ عَذَابِ الْقَبْرِ وَمِنْ عَذَابِ جَهَنَّمَ، وَمِنْ فِتْنَةِ الْمَحْيَا وَالْمَمَاتِ، وَمِنْ شَرِّ فِتْنَةِ الْمَسِيحِ الدَّجَّالِ

**" ALLAHUMMA INNI A'UTHOBIKA MIN 'ATHA-BIL QABR[I] WAMIN ATHA-BI JAHANNAM[A], WAMIN FITNATIL MA'HYA WAL MAMA-T[I], WAMIN SHARRI FITNATIL MASEE'HID DAJJAL."**

"O Allah! ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa mga kaparusahan ng libingan, mula sa mga paghihirap sa Apoy (ng Impiyerno), mula sa mga pagsubok at pagdurusa ng buhay at [pagdurusa] sa kamatayan at mula sa mga kasamaan ng mga pagsubok ng Al-Maseeh Ad-Dajjal (Bulaang Kristo)."[2]

---

[1] . Al-Bukhari, mula kay Al-Asqalani, Fath Al-Bari 6/407, Muslim 1/306.

[2] . Al-Bukhari 2/102, Muslim 1/412 at ito ay mula sa salita ni Muslim.

٥٦. اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنْ عَذَابِ الْقَبْرِ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ فِتْنَةِ الْمَسِيحِ الدَّجَّالِ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ فِتْنَةِ الْمَحْيَا وَالْمَمَاتِ. اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنَ الْمَأْثَمِ وَالْمَغْرَمِ

**" ALLA-HUMMA INNI A'OTHOBIKA MIN 'ATHA-BIL QABR[I], WA A'OTHOBIKA MIN FITNATIL MASEE'HID DAJJA-L, WA A'OTHOBIKA MIN FITNATIL MA'HYA WAL MAMA-TI. ALLA-HUMMA INNI A'OTHOBIKA MINAL MA'ATHAMI MINAL MAGHRAM."**

"O Allah! ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa mga kaparusahan sa libingan, at ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa mga tukso at pagsubok ng Al-Maseeh Ad-Dajjal, at ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa mga pagsubok at paghihirap ng buhay at [mga pagdurusa] sa kamatayan. O Allah! ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa mga pagkakasala at mga pagkakautang." [1]

٥٧. اللَّهُمَّ إِنِّي ظَلَمْتُ نَفْسِي ظُلْمًا كَثِيرًا، وَلَا يَغْفِرُ الذُّنُوبَ إِلَّا أَنْتَ، فَاغْفِرْ لِي مَغْفِرَةً مِنْ عِنْدِكَ وَارْحَمْنِي إِنَّكَ أَنْتَ الْغَفُورُ الرَّحِيمُ

**" ALLA-HUMMA INNI 'THALAMTU NAFSI THULMAN KATHEERAN, WALA YAGHFIRU-THTHONUBA ILLA ANT[A], FAGHFIRLI MAGHFIRATAN MIN 'INDIKA WAR'HAMNI INNAKA ANTALGAFUROR RA'HEEMO.**

"O Allah! inapi ko ang aking sarili ng isang malaking pang-aapi at walang makakapagpatawad maliban sa Iyo, kaya patawarin ako at kahabagan [Mo] ako.

[1]. Al-Bukhari 1/202, Muslim 1/412.

Katotohanan, Ikaw ang Lubos na Mapagpatawad at Lubos na Maawain." [1]

٥٨. اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِي مَا قَدَّمْتُ، وَمَا أَخَّرْتُ، وَمَا أَسْرَرْتُ، وَمَا أَعْلَنْتُ، وَمَا أَسْرَفْتُ، وَمَا أَنْتَ أَعْلَمُ بِهِ مِنِّي، أَنْتَ الْمُقَدِّمُ، وَأَنْتَ الْمُؤَخِّرُ لاَ إِلَهَ إِلاَّ أَنْتَ

**"ALLA-HUMMAGFIRLI MA QADDAMTU, WAMA A'KHKHARTO, WAMA ASRARTO, WAMA A'ALANTO, WAMA ASRAFTO, WAMA ANTA A'ALAMO BIHI MINNI, ANTAL MUQADDIMO, WA ANTAL MUAKHKHIRO, LA-ILA-HA ILLA ANTA."**

"O Allah! patawarin ako sa aking mga naipadala kung (pagkakasalang) una sa akin at sa mga naiwanan ko (pagkakasala sa mga panahon pang darating), at sa mga nagawa kong lihim lalung-lalo na ang mga [gawaing] nakalantad, at sa mga [gawaing] pagmamalabis [o kabulagsakan] at sa aking mga gawaing labis ang Iyong kaalaman (kaysa akin), Ikaw ang Al-Muqaddim [Pinakauna] at Al-Mua'khkhir [Pinakahuli]. Walang may karapatan upang sambahin liban sa Iyo." [2]

٥٩. اللَّهُمَّ أَعِنِّي عَلَى ذِكْرِكَ وَشُكْرِكَ وَحُسْنِ عِبَادَتِكَ

**"ALLA-HUMMA A'INNI 'ALA 'THEKRIKA WASHUKRIKA WA'HUSNI 'IBA-DATIKA"**

---

[1]. Al-Bukhari 8/168, Muslim 4/2078.

[2]. Muslim 1/534.

"O Allah! tulungan Mo ako para gunitain Ka, at pasalamatan Ka, at maisagawa sa pinakamabuting pamamaraan ang pagsamba sa Iyo." [1]

٦٠. اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنَ الْبُخْلِ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنَ الْجُبْنِ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ أَنْ أُرَدَّ إِلَى أَرْذَلِ الْعُمُرِ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ فِتْنَةِ الدُّنْيَا وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ عَذَابِ الْقَبْرِ.

**"ALLA-HUMMA INNI A'UTHOBIKA MINAL BUKHLI, WA A'UTHOBIKA MINAL JOBN[I], WA A'UTHOBIKA MIN AN ORADDA ILA ARTHALIL 'OMRI, WA A'UTHOBIKA MIN FITNATID DUNYA WA 'ATHA-BIL QABRI."**

"O Allah! ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa pagkaramot at kahinaan ng loob (pagka-duwag), at ako ay nagpapakupkop sa Iyo na [sa aking pagtanda o sa panahon ng aking mga kahinaan ay] hindi ko makamit ang kahirapan ng buhay, at ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa mga pagsubok sa mundong ito at mga kaparusahan sa libingan." [2]

٦١. اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ الْجَنَّةَ وَأَعُوذُ بِكَ مِنَ النَّارِ

**"ALLA-HUMMA INNI AS-ALOKAL JANNATA WA A'UTHOBIKA MINAN NA-RI."**

"O Allah! hinihiling ko sa Iyo na ipagkaloob sa akin ang Paraiso at ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa [mga kaparusahan ng] Apoy [ng Impiyerno]. [3]

---

[1]. Abu Dawud 2/86, An-Nasa'i 3/53. Tingnan din ang Sahih Abu Dawud 1/284.
[2]. Al-Bukhari, Fath Al-Bari 6/35.
[3]. Abu Dawud, Tingnan ang Sahih Ibn Majah 2/328.

٦٢. اللَّهُمَّ بِعِلْمِكَ الْغَيْبَ وَقُدْرَتِكَ عَلَى الْخَلْقِ أَحْيِنِي مَا عَلِمْتَ الْحَيَاةَ خَيْرًا لِي وَتَوَفَّنِي إِذَا عَلِمْتَ الْوَفَاةَ خَيْرًا لِي، اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ خَشْيَتَكَ فِي الْغَيْبِ وَالشَّهَادَةِ، وَأَسْأَلُكَ كَلِمَةَ الْحَقِّ فِي الرِّضَا وَالْغَضَبِ، وَأَسْأَلُكَ الْقَصْدَ فِي الْغِنَى وَالْفَقْرِ، وَأَسْأَلُكَ نَعِيمًا لَا يَنْفَدُ، وَأَسْأَلُكَ قُرَّةَ عَيْنٍ لَا تَنْقَطِعُ، وَأَسْأَلُكَ الرِّضَا بَعْدَ الْقَضَاءِ، وَأَسْأَلُكَ بَرْدَ الْعَيْشِ بَعْدَ الْمَوْتِ، وَأَسْأَلُكَ لَذَّةَ النَّظَرِ إِلَى وَجْهِكَ وَالشَّوْقَ إِلَى لِقَائِكَ فِي غَيْرِ ضَرَّاءَ مُضِرَّةٍ وَلَا فِتْنَةٍ مُضِلَّةٍ، اللَّهُمَّ زَيِّنَّا بِزِينَةِ الْإِيمَانِ وَاجْعَلْنَا هُدَاةً مُهْتَدِينَ

**"ALLA-HUMMA BI'ILMIKAL GHAYBI WAQODRATIKA 'ALAL 'KHALQI A'HYINI MA 'ALIMTAL 'HAYA-TA 'KHAYRAN LI, WATAWWAFFANI ITHA-'ALIMTAL WAFA-TAN 'KHAYRANLI. ALLA-HUMMA INNI AS-ALOKA 'KHASHYATIKA FIL GHAYBI WAS-SHAHA-DATI, WAS ALOKA KALIMAL 'HAQQI FIR RIDA WAL GHADABI. WAS ALOKAL QASDA FIL GHANEY WAL FAQRI, WA AS-ALOKA NA'EEMAN LA YAMFADO, WA AS-ALOKA QURRATA 'AYNIN LA TANQATI'O, WA AS-ALOKAR RIDA BA'ADAL QA'DAI, WA AS-ALOKA BARDAL 'AYSHI BA'ADAL MAWTI, WA AS-ALOKA LATHTHATAN NATHARI ILA WAJHIKA WASSHAWQA ILA LIQA-IKA FI GHAYRI 'DARRA-A MU'DIRRATIN WALA FITNATIN MO'DILLATIN, ALLA-HUMMAZ ZAYYINNA BIZEYNATIL EYMA-NI WAJ-'ALNA HUDA-TAN MUHTADI-NA.**

"O Allah! sa Iyong kaalaman sa mga hindi nakikita at sa Iyong kapangyarihang nangingibabaw sa lahat ng nilikha, buhayin Mo ako kung sa akala Mo ay makabubuti sa akin at bawian Mo ako (ng buhay) kung

sa akala Mo ay makabubuti sa akin ang mamatay. O Allah! gawin akong matakutin sa Iyo maging lihim o lantad at hinihiling ko sa Iyo na ako ay magiging makatotohanan sa pananalita, sa panahon ng kasiyahan at pagkagalit. Hinihiling ko rin na maging mahinahon sa panahon ng pagkayaman at kahirapan (karalitaan) at hinihiling ko rin sa Iyo na pagkalooban ako ng pagpapalang walang hanggan at kasiyahang walang-tigil. Hinihiling ko sa Iyong maging kalugog-lugod sa Iyong mga kautusan at magkaroon ng maluwag na pamumuhay bago sumapit ang kamatayan. Hinihiling ko sa Iyo ang kagandahang tumingin sa Iyong mukha at pinapangarap kong makatagpo Kita sa pamamaraang hindi makapagdudulot ng kalamidad na maaaring makapanakit o di kaya ay pagsubok na magiging sanhi ng pagkawatak-watak. O Allah! gandahan Mo ako mula sa mga kagandahan ng pananampalataya at ibilang kami sa mga namamatnubay at matuwid na napatnubayan." [1]

٦٣. اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ يَا اللهُ بِأَنَّكَ الْوَاحِدُ الأَحَدُ الصَّمَدُ الَّذِي لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُولَدْ وَلَمْ يَكُنْ لَهُ كُفُواً أَحَدٌ، أَنْ تَغْفِرَ لِي ذُنُوبِي إِنَّكَ أَنْتَ الْغَفُورُ الرَّحِيمُ

**"ALLAHUMMA INNI AS-ALOKA YA ALLAHO BI-ANNAKAL WA-'HIDOL A'HADOS SAMAD[0] ALLATHEE LAMYALED WALAM YULAD WALAM YAKULLAHO KUFUWAN A'HAD[UN], ANTAGHFIRALI THUNUBI INNAKA ANTAL GHAFU-RUR RA'HEEM."**

[1] . An-Nasa'i 3/54, 55, Ahmad 4/364. Tingnan Sahih An-Nasa'i 1/281.

"O Allah, hinihiling ko sa Iyo O Allah, dahil Ikaw ang Nag-iisa, Nag-iisang may Sariling Kakayahan at Sandigan ng Lahat [As-Samad], ang hindi nagka-anak o di kaya ay ipanganganak at sa Kanya ay walang makakatulad, patawarin ang aking mga pagkakasala, katotohanan Ikaw ang Lubos na Mapagpatawad, lubos na Maawain." [1]

٦٤. اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ بِأَنَّ لَكَ الْحَمْدُ لاَ إِلَهَ إِلاَّ أَنْتَ وَحْدَكَ لاَ شَرِيكَ لَكَ، الْمَنَّانُ، يَا بَدِيعُ السَّمَوَاتِ وَالأَرْضِ يَا ذَا الْجَلاَلِ وَالإِكْرَامِ، يَا حَيُّ يَــــا قَيُّومُ إِنِّي أَسْأَلُكَ الْجَنَّةَ وَأَعُوذُ بِكَ مِنَ النَّارِ

**"ALLAHUMMA INNI AS-ALOKA BI-ANNA LAKAL 'HAMDU LA-ILA-HA ILLA ANTA WA'HDAKA LA-SHAREEKALAK AL-MANNA-NO YA BADE-'AS SAMA-WA-TIWAL AR'DI YA THAL JALA-LI WAL IKRA-MI YA 'HAYYU YA QAYYUMO INNI AS-ALOKAL JANNATA WA A'UTHOBIKA MINAN NAARI."**

"O Allah, sa Iyo, ako ay humiling dahil sa Iyo ang lahat ng papuri, walang karapat-dapat sambahin maliban sa Iyo, ng nag-iisa, walang katambal. Ikaw ang Tagapagpala. O Tagalikha (Pinagmulan) ng mga Kalangitan at Kalupaan, Ang (May Hawak ng) Kamahalan at Kapurihan, (Ang may) Buhay (na walang hanggan), Nananatili sa Kanyang Sarili at Tagataguyod ng lahat. Katotohanan, hinihiling ko sa Iyo ang Paraiso at ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa Apoy (ng Impiyerno)." [2]

---

[1]. An-Nasa'i 3/52, Ahmad 4/338. Tingnan Sahih An-Nasa'i 1/280 at ang Sifat Salt An-Nabi pahina 204.

[2]. Abu Dawud, An-Nasa'i, Ibn Majah, At-Tirmithi. Tingnan ang Sahih Ibn Majah 2/329.

٦٥. اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ بِأَنِّي أَشْهَدُ أَنَّكَ أَنْتَ اللهُ لاَ إِلَهَ إِلاَّ أَنْتَ الأَحَدُ الصَّمَدُ الَّذِي لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُولَدْ وَلَمْ يَكُنْ لَهُ كُفُواً أَحَدٌ

**"ALLAHUMMA INNI- AS-ALOKA BIANNI ASH-HADU ANNAKA ANTALLA-HU LA-ILA-HA ILLA ANTAL-A'HADUS SAMADUL LA'THEE LAM YALED WALAMYU-LAD WALAM YAKULLAHU KUFUWAN A'HAD."**

"O Allah, sa Iyo ako ay humiling, dahil ako ay sumasaksi na Ikaw ang Allah, walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Iyo. Ang nag-iisang Samad[1], na hindi ipinanganak at hindi nagka-anak at sa Kanya ay walang katulad." [2]

## 25. [8]Mga 'Thekr pagkatapos ng Tasleem.

٦٦. أَسْتَغْفِرُ اللهَ (ثلاثاً) اللَّهُمَّ أَنْتَ السَّلاَمُ، وَمِنْكَ السَّلاَمُ، تَبَارَكْتَ يَا ذَا الْجَلاَلِ وَالإِكْرَامِ

**"ASTAGHFIRULLAH (3X), ALLAHUMMA ANTAS SALAM, WA MINKAS SALAM, TABA-RAKTA YA-'THAL JALA-LI WAL IKRAM."**

"Patawarin Mo ako, ya Allah (3x), Ya Allah, Ikaw ang Kapayapaan at sa Iyo nanggaling ang kapayapaan, Ikaw ang pinagpala at Ang (May Hawak ng) Kamahalan at Kapurihan." [3]

---

[1] . Al-Samad: isa sa mga katangian at pangalan ng Allah (Al-Samad), ang kahulugan ay Sandigan ng Lahat.

[2] . Abu Dawud 2/62, Ibn Majah 2/1267, At-Tirmithi 5/515, Ahmad 5/360. Tingnan ang Sahih Ibn Majah 2/329 at Sahih At-Tirmithi 3/163.

[3] . Muslim 1/414

٦٧ . لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ وَحْدَهُ لاَ شَرِيْكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ وَلَهُ الْحَمْدُ وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيْرٌ، اللَّهُمَّ لاَ مَانِعَ لِمَا أَعْطَيْتَ، وَلاَ مُعْطِيَ لِمَا مَنَعْتَ، لاَ يَنْفَعُ ذَا الْجَدِّ مِنْكَ الْجَدُّ

**LA-ILA-HA ILLALLA-HU WA'HDAHU, LA-SHARI-KALAHU, LAHUL MULKO WALAHOL 'HAMDU, WA HUWA 'ALA KOLLI SHAY-IN QADEER, ALLA-HUMMALA MA-NI'A LIMA A'-TAYTA, WALA MO-'TIYA LIMA MANA-'ATA, WALA YANFA'O 'THAL JADDIMINKAL JADDO."**

"Walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah ng nag-iisa, walang katambal, sa Kanya ang pagmamay-ari ng Kamahalan at Siya ang Puri, at Siya ay may Kakayahan sa lahat ng bagay. Ya Allah, walang makakapigil sa mga bagay na iyong ipagkakaloob at walang makapagbibigay sa anumang bagay na Iyong pinigilan. At ang lakas ng isang taong malakas ay hindi makapagbibigay sa kanya ng silbi laban sa Iyo." [1]

٦٨ . لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ وَحْدَهُ لاَ شَرِيْكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ، وَلَهُ الْحَمْدُ وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيْرٌ . لاَحَوْلَ وَلاَ قُوَّةَ إِلاَّ بِاللهِ، لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ، وَلاَ نَعْبُدُ إِلاَّ إِيَّاهُ، لَهُ النِّعْمَةُ وَلَهُ الْفَضْلُ وَلَهُ الثَّنَاءُ الْحَسَنُ، لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ مُخْلِصِيْنَ لَهُ الدِّيْنَ وَلَوْ كَرِهَ الْكَافِرُوْنَ

**LA-ILA-HA ILLALLA-HU WA'HDAHU, LA-SHARI-KALAHU, LAHUL MULKO WALAHOL 'HAMDU, WA HUWA 'ALA KOLLI SHAY-IN QADEER, LA-'HAWLA WALA QUWWATA-ILLA BILLAH. LA-ILA-HA ILLALLAH, WALA- NA-'BUDO ILLA-IYYAH, LAHU NI-'MATO WALAHUL FA'DLO,**

[1] . Bukhari 1/225, Muslim 1/414

**WALAHUTHTHANA UL'HASAN, LA-ILA-HA ILLALLAHU MU'KHLISI-NALAHUD DEENA WALAW KARIHAL KA-FIRUN."**

"Walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah ng nag-iisa, walang katambal, sa Kanya ang pagmamay-ari ng Kamahalan at Siya ang Puri, at Siya ang may Kakayahan sa lahat ng bagay. Walang lakas o kapangyarihan maliban sa Allah. Walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah at wala kaming sinasamba maliban sa Kanya. Kanya ang lahat ng pabor, biyaya at dakilang pagpupuri. Walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah at taus-puso ang aming pananampalataya sa Kanya bagama't kinamumuhian ng mga di-nananampalataya (sa Islam)." [1]

٦٩. سُبْحَانَ اللهِ، وَالْحَمْدُ لِلَّهِ، وَاللهُ أَكْبَرُ (ثلاثا وثلاثين) لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ وَحْـــدَهُ لاَ شَرِيْكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ وَلَهُ الْحَمْدُ وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ

**SUB'HA-NALLAHI, WAL'HAMOULILLA-HI, WALLA-HU AKBAR (33 X) LA-ILA-HA ILLALLAHU WA'HDAHU, LA-SHARI-KALAHU, LAHUL MULKO WALAHUL 'HAMDU, WAHUWA 'ALA KULLI SHAY'IN QADEER."**

"Kaluwalhatian sa Allah, Ang lahat ng Pagpupuri ay para sa Allah at ang Allah ang Dakila (33 beses)." "Walang (diyos na) karapat-dapat sambahin maliban sa Allah ng nag-iisa, at walang pagtatambal. Sa Kanya

[1]. (Muslim 1/415)

ang Pagmamay-ari ng Kamahalan at Kapurihan at Siya ang may Kakayahan sa lahat ng bagay." [1]

٧٠. بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

قُلْ هُوَ ٱللَّهُ أَحَدٌ ﴿١﴾ ٱللَّهُ ٱلصَّمَدُ ﴿٢﴾ لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُولَدْ ﴿٣﴾ وَلَمْ يَكُن لَّهُۥ
كُفُوًا أَحَدٌۢ ﴿٤﴾

"BISMILLA-HIR RA'HMA-NIR RA'HEEM, QUL HUWALLA-HU A'HAD. ALLA-HUS SAMAD, LAMIYALID WALAM YU-LAD, WALAM YAKULLAHU KUFUWAN A'HAD."

"Sa Ngalan ng Allah, Ang Mapagpala, Ang Mahabagin. Ipahayag! Siya ang Allah, ang Nag-iisa. Allah, ang Walang Hanggan, ang Ganap, Sandigan ng lahat. Hindi Siya nagka-anak at hindi Siya ipinanganak. At Siya ay walang katulad."

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ ٱلْفَلَقِ ﴿١﴾ مِن شَرِّ مَا خَلَقَ ﴿٢﴾ وَمِن شَرِّ غَاسِقٍ إِذَا وَقَبَ ﴿٣﴾
وَمِن شَرِّ ٱلنَّفَّٰثَٰتِ فِى ٱلْعُقَدِ ﴿٤﴾ وَمِن شَرِّ حَاسِدٍ إِذَا حَسَدَ ﴿٥﴾

"BISMILLA-HIR RA'HMA-NIR RA'HEEM, QUL A-'UTHOBIRABBIL FALAQ, MINSHARRIMA 'KHALAQ, WAMIN SHARRI'GHA-SIQIN I'THA WAQAB , WAMIN SHARRIN-NAFFA-THA-TI FIL 'OQAD, WAMIN SHARRI 'HA-SIDIN I'THA 'HASAD."

[1]. Muslim 1/418, 'Ang sinumang banggitin ito sa bawat pagkatapos ng dasal ay mabibigyan ng kapatawaran kahit kasingdami ng bula ng karagatan ang kanyang mga pagkakasala."

"Sa Ngalan ng Allah, Ang Mapagpala, Ang Mahabagin. Ipahayag! Ako ay nagpapakupkop sa Panginoon ng bukang-liwayway. Laban sa kasamaan ng mga nilikhang bagay. Laban sa kasamaan ng kadiliman kung ito ay laganap. Laban sa kasamaan ng mga nagsasagawa (ng karunungang itim). At laban sa kasamaan ng mga nagsasagawa ng mainggitin kapag siya ay naninibugho."

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَٰنِ الرَّحِيمِ

قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ ٱلنَّاسِ ﴿١﴾ مَلِكِ ٱلنَّاسِ ﴿٢﴾ إِلَٰهِ ٱلنَّاسِ ﴿٣﴾ مِن شَرِّ ٱلْوَسْوَاسِ ٱلْخَنَّاسِ ﴿٤﴾ ٱلَّذِى يُوَسْوِسُ فِى صُدُورِ ٱلنَّاسِ ﴿٥﴾ مِنَ ٱلْجِنَّةِ وَٱلنَّاسِ ﴿٦﴾

"BISMILLA-HIR RA'HMA-NIR RA'HEEM, QUL-A'UTHOBIRABBINNA-S, MALIKINNA-S, ILA-HIN NA-S, MIN SHARRILWASWA-SIL 'KHANNA-S, ALLA'THE-YUWASWISUFI SUDU-RINNA-SI, MINAL JINNATI WANNA-S"

"Sa Ngalan ng Allah, Ang Mapagpala, Ang Mahabagin. Ipahayag! Ako ay nagpapakupkop sa Panginoon ng sangkatauhan. Ang Hari ng sangkatauhan. Ang Diyos ng sangkatauhan. Laban sa kasamaan ng bumubulong at lumalayo (matapos bumulong). Na nagbubulong sa mga puso ng sangkatauhan. (Sila ay) Mula sa mga Jinn at Tao (na naghihikayat sa kasamaan). "[1]

*(Ang mga kabanatang ito ay dapat basahin sa wikang Arabik pagkatapos ng bawat pagdarasal. Pagkatapos ng dasal sa*

[1] . Abu Daud 2/86, An-Nasa'i 3/68. Tingnan ang Sahih Tirmithi 2/8.

*maghrib at fajr ay dapat na ring basahin ang mga kabanatang ito ng tatlong beses sa bawat surah.)*

٧١. ﴿ ٱللَّهُ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ٱلۡحَيُّ ٱلۡقَيُّومُۚ لَا تَأۡخُذُهُۥ سِنَةٞ وَلَا نَوۡمٞۚ لَّهُۥ مَا
فِي ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِي ٱلۡأَرۡضِۗ مَن ذَا ٱلَّذِي يَشۡفَعُ عِندَهُۥٓ إِلَّا بِإِذۡنِهِۦۚ يَعۡلَمُ
مَا بَيۡنَ أَيۡدِيهِمۡ وَمَا خَلۡفَهُمۡۖ وَلَا يُحِيطُونَ بِشَيۡءٖ مِّنۡ عِلۡمِهِۦٓ إِلَّا بِمَا
شَآءَۚ وَسِعَ كُرۡسِيُّهُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلۡأَرۡضَۖ وَلَا يَـُٔودُهُۥ حِفۡظُهُمَاۚ وَهُوَ ٱلۡعَلِيُّ
ٱلۡعَظِيمُ (٢٥٥) ﴾ عَقِبَ كُلِّ صَلَاةٍ.

**"ALLA-HU LA-ILA-HA ILLA HUWAL 'HAYYUL QAYYUMO LA-TA-'KHU'DOHO SINATUN, WALA NAWMULLAHU MA-FISSAMAWA-TI WAMA FIL AR'DHI, MAN 'THALLA'THEE YASHFA'O 'INDAHU ILLA BI-I'THNIHE, YA-'LAMO MA-BAYNA AYDI-HIM, WAMA 'KHALFAHOM WALA YU'HI-'TO-NABISHAY-IN MIN 'ILMIHI ILLA BIMA SHA-AWISI'A-KURSIYYUHUSSAMAWA-TI WAL AR'DHA, WALA YAU-DUHO 'HIF'THOHUMA WAHUWAL 'ALIYYUL 'A'THEEM."** *(Isaulo ito sa bawat Pagdarasal).*

"Siya ang Allah, walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Kanya, ang Laging-Buhay, ang Al-Qayyum (Lubos sa Kasaganaan, Tagapagbiyaya ng Lahat atbp). Ang antok o idlip ay hindi makapangyayari sa Kanya. Sa Kanya ang pagmamay-ari ng lahat ng bagay sa mga kalangitan at kalupaan. Sino ba ang maaaring makapamagitan sa Kanya malibang Kanyang pahintulutan. Batid Niya ang nangyayari sa kanila (Kanyang nilikha) sa daigdig na ito at ang mangyayari sa kanila sa kabilang buhay at hindi kailanman nila maaarok ang anumang Kaalaman Niya maliban s

anumang naisin Niya. Ang Kanyang Kursi (Trono o Dakilang Luklukan) ay abot ang mga kalangitan at kalupaan. At hindi Siya nakadarama ng kapaguran sa pangangalaga at pagpapanatili sa kanila. Sapagka't Siya ang Kataas-taasan, ang Dakila." [1]

٧٢. لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ وَحْدَهُ لاَ شَرِيْكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ وَلَهُ الْحَمْدُ يُحْيِي وَيُمِيْتُ وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيْرٍ (عشر مرات بعد صلاة المغرب والصبح)

**72. "LA-ILA-HA ILLALLA-HU WA'HDAHU, LA SHARI-KALAHU, LAHUL MULKO WALAHUL 'HAMD, YU'HYI WAYUMEETO, WAHUWA 'ALA-KULLI SHAY-'IN QADEER."**

"Walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah ng nag-iisa at walang katambal. Sa Kanyang pag-aari ang Kamahalan at Puri. Siya ang nagbibigay ng buhay at kamatayan at Siya ay may kakayahan sa lahat ng bagay. (ito ay isaulo ng sampung beses pagkatapos ng dasal sa Maghrib at Fajr.)" [2]

٧٣- اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ عِلْماً نَافِعاً، وَرِزْقاً طَيِّباً، وَعَمَلاً مُتَقَبَّلاً بعد السلام من صلاة الفجر

**"ALLAHUMMA-INNI AS-ALOKA 'ILMAN NA-FI'AN, WARIZQAN 'TAYYIBAN, WA 'AMALA MUTAQABBALAN."** *(ito ay dapat banggitin pagkatapos ng salam sa salatul fajr.)*

[1] . An-Nasa'i, 'Amal Al-Yawm wal-Lailah (Hadith no. 100), ganoon din sa Ibn As-Sunni (no. 121). Tingnan ang Sahih Al-Jami' As-Saghir 5/339 at Silsilatul Ahadith As-Sahihah 2/697 (no. 972).

[2] . At-Tirmithee 5/515, Ahmad 4/227. Tingnan ang pagsusuri nito sa Ibn Qayyum Al-Jawziyyah, Zad Al-Ma'ad 1/300.

"Ya Allah, ako ay humihiling sa Iyo ng kaalamang makapagdudulot sa akin ng benipisyo at magandang biyaya at mga gawaing katanggap-tanggap." [1]

**26. DU'A AL- ISTI'KHA-RAH.** (Panalangin para sa paghihingi ng patnubay ng Allah)

Sinabi ni Jabir bin Abdullah ﷺ : "Ang Propeta ay malimit ipayo sa amin upang hilingin ang payo ng Allah ﷻ sa lahat ng bagay, ganoon din na malimit niyang ituro sa amin ang Surah mula sa Kor'an. Kanyang sinabi: "Sa panahon na ang isa sa inyo ay may mahalagang pangangailangan upang bigyan ito ng pasiya, ay hayaan siyang magdasal ng dalawang rak'at maliban sa mga itinakdang pagdarasal, at pagkatapos ay banggitin ang:

٧٤. اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْتَخِيرُكَ بِعِلْمِكَ، وَأَسْتَقْدِرُكَ بِقُدْرَتِكَ، وَأَسْأَلُكَ مِنْ فَضْلِكَ الْعَظِيمِ، فَإِنَّكَ تَقْدِرُ وَلاَ أَقْدِرُ، وَتَعْلَمُ وَلاَ أَعْلَمُ، وَأَنْتَ عَلاَّمُ الْغُيُوبِ، اللَّهُمَّ إِنْ كُنْتَ تَعْلَمُ أَنَّ هَذَا الأَمْــــــرَ -وَيُسَمِّي حَاجَتَهُ- خَيْرٌ لِي فِي دِينِي وَمَعَاشِي وَعَاقِبَةِ أَمْرِي - أَوْ قَالَ: عَاجِلِهِ وَآجِلِهِ- فَاقْدُرْهُ لِي وَيَسِّرْهُ لِي ثُمَّ بَارِكْ لِي فِيهِ، وَإِنْ كُنْتَ تَعْلَمُ أَنَّ هَذَا الأَمْرَ شَرٌّ لِي فِي دِينِي وَمَعَاشِي وَعَاقِبَةِ أَمْرِي -أَوْقَالَ: عَاجِلِهِ وَآجِلِهِ - فَاصْرِفْهُ عَنِّي وَاصْرِفْنِي عَنْهُ وَاقْدُرْ لِيَ الْخَيْرَ حَيْثُ كَانَ ثُمَّ أَرْضِنِي بِهِ .

---

[1] . Ibn Majah at iba pa. Tingnan ang Sahih Ibn Majah 1/152 at Majma' Az-Zawa'id 10/111.

**ALLAHUMMA INNI ASTA'KHI-ROKA BI-'ILMIKA, WA ASTAQDIRUKA BI QADRIKA, WA AS-ALOKA MIN FA'DLIKAL 'A'THEEMI, FAINNAKA TAQDIRO WALA AQDIRO, WATA-'LAMO WALA A-'LAMU. WA ANTA 'ALLA-MUL 'GHUYUBI. ALLAHUMMA INKONTA TA-'LAMO ANNA HA-'THAL AMRA** [*banggitin mo ang iyong hangarin*] **'KHAYROLLI FI DI-NEY WA MA'A-SHEY, WA 'A-QIBATI AMREY,** *[o di kaya ay banggitin mo ang]* – **'A-JILIHI WA A-JILIHI. FAQDURHULEY, WAYASSIRHULEY, THUMMA BA-RIKLEY FI-HI. WAINKUNTA TA-'LAMO ANNA HA-'THAL AMRA SHARROLEY FI-DI-NEY, WA MA'A-SHEY, WA-'A-QIBATI AMREY, 'A-JILIHI WA A-JILIHI, FASRIFHU 'ANNI, WASRIFNI-'ANHU, WAQDIRLIL 'KHAYRA 'HAYTHU KA-NA 'THUMMA AR'DINEY BIHI."**

"Ya Allah, hinihiling ko ang Iyong payo sa pamamagitan ng Iyong kaalaman, at sa pamamagitan ng Iyong Kapangyarihan ay hinahangad ko ang lakas at hinihilngi ko mula sa Iyong walang hangang kagandahang-loob dahil katotohanan Ikaw ang may Kakayahan at ako ay wala, Ikaw ang Lubos na nakaka-alam sa mga bagay na nakalingid. Ya Allah, kung alam mo ang pangyayaring ito (*banggitin mo ang iyong hinahangad*) na makabubuti sa akin ayon sa kaugnayan nito sa aking relihiyon, buhay at katapusan, ay ipagkaloob Mo sa akin sa lalong madaling panahon, at pagpalain ako sa pamamagitan nito.At kung ayon sa Iyong kaalaman ay hindi makabubuti sa akin ang hangaring ito at sa aking relihiyon, buhay at katapusan, ay ilayo Mo sa akin at ako'y ilayo mo sa kanya. At ipagkaloob Mo sa akin ang anumang kabutihan at makamit ang anumang kasiyahang maipagkakaloob nito."

Ang sinumang maghangad ng gabay mula sa Tagapaglikha ay hindi mgsisisi at sinumang humingi ng payo sa kanyang kapwa manananampalataya ay

magiging matatag sa kanyang magiging pasiya. Sinabi ng Allah swt:

﴿ وَشَاوِرْهُمْ فِي الْأَمْرِ ۖ فَإِذَا عَزَمْتَ فَتَوَكَّلْ عَلَى اللَّهِ ﴾

"At sumangguni sa kanila tungkol sa (anumang) gawain. At kung nagkaroon ka na ng [matatag na] pagpapasiya ay ipaubaya ang iyong tiwala sa Allah."[1]

## 27. MGA PAGGUNITA SA UMAGA AT HAPON

الْحَمْدُ لِلَّهِ وَحْدَهُ ، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى مَنْ لَا نَبِيَّ بَعْدَهُ .

**"AL'HAMDULILLA-HI WA'HDAHU, WASSALA-TU WASSALA-MU 'ALA MAN LA NABEY BA'DUHO."**

"Ang lahat ng pagpupuri ay para sa Allah na nag-iisa, ang panalangin at kapayapaan ay para sa Propetang (si Muhammad ﷺ) pagkatapos niya ay wala ng iba pang Propetang darating." [2]

**75. PAGGUNITANG IDADALANGIN SA HAPON:**

﴿ اللَّهُ لَا إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ الْحَيُّ الْقَيُّومُ ۚ لَا تَأْخُذُهُ سِنَةٌ وَلَا نَوْمٌ ۚ لَهُ مَا فِي السَّمَاوَاتِ وَمَا فِي الْأَرْضِ ۗ مَنْ ذَا الَّذِي يَشْفَعُ عِنْدَهُ إِلَّا بِإِذْنِهِ ۚ يَعْلَمُ مَا بَيْنَ أَيْدِيهِمْ وَمَا خَلْفَهُمْ ۖ وَلَا يُحِيطُونَ بِشَيْءٍ مِنْ عِلْمِهِ إِلَّا بِمَا شَاءَ

[1] Ali-Imran 3:159

[2] . Sinabi ni Anas ﷺ na narinig niyang sinabi ng Propeta ﷺ: "Ako ay nakiupo sa mga taong gumugunita sa Allah ﷻ mula sa umagang pagdarasal (Fajr) hanggang pagsikat ng araw na ito'y pinakamamahal sa akin kaysa magpalaya ng apat na aliping nagmumula sa angkan ni Isma'il. At ako'y nakiupo sa mga taong gumugunita sa Allah ﷻ mula sa hapong pagdarasala ('Asr) hanggang sa paglubog ng araw na ito'y pinakamamahal sa akin kaysa magpalaya ng apat na mga alipin mula sa angkan ni Isma'il." Ito ay naiulat ni Abu Dawud (no. 3667) Tinagurian ito ni Al-Albani bilang mabuti sa Sahih Abu Dawud 2/698.

وَسِعَ كُرْسِيُّهُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ وَلَا يَـُٔودُهُۥ حِفْظُهُمَا وَهُوَ ٱلْعَلِىُّ
ٱلْعَظِيمُ ﴿٢٥٥﴾

**"ALLA-HU LA-ILA-HA ILLA HUWAL 'HAYYUL QAYYUMO LA-TA-'KHU'DOHO SINATUN, WALA NAWMULLAHU MA-FISSAMAWA-TI WAMA FIL AR'DHI, MAN 'THALLA'THEE YASHFA'O 'INDAHU ILLA BI-I'THNIHE, YA-'LAMO MA-BAYNA AYDI-HIM, WAMA 'KHALFAHOM WALA YU'HI-'TO-NABISHAY-IN MIN 'ILMIHI ILLA BIMA SHA-AWISI'A-KURSIYYUHUSSAMAWA-TI WAL AR'DHA, WALA YAU-DUHO 'HIF'THOHUMA WA HUWAL 'ALIYYUL 'A'THEEM."**

"Siya ang Allah, walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Kanya, ang Laging-Buhay, ang Al-Qayyum (Lubos sa Kasaganaan, Tagapagbiyaya ng Lahat atbp). Ang antok o idlip ay hindi makapangyayari sa Kanya. Sa Kanya ang pagmamay-ari ng lahat ng bagay sa mga kalangitan at kalupaan. Sino ba ang maaaring mamagitan sa Kanya malibang Kanyang pinahintulutan. Batid Niya ang nangyayari sa kanila (Kanyang nilikha) sa daigdig na ito at ang mangyayari sa kanila sa kabilang buhay at hindi kailanman nila maaarok ang anumang Kaalaman Niya maliban sa anumang Kanyang naisin. Ang Kanyang Kursi (Dakilang Luklukan) ay abot ang mga kalangitan at kalupaan. At hindi Siya nakadarama ng kapaguran sa pangangalaga at pagpapanatili sa kanila. Sapagka't Siya ang Kataas-taasan, ang Dakila." [1]

---

[1] .Ang sinumang banggitin ito sa pagbangon niya sa umaga ay pangangalagaan siya laban sa mga Jinn (mga maligno) hanggang sa kanyang pamamahinga sa gabi at sinumang banggitin ito sa kanyang pamamahinga sa gabi ay mapangangalagaan siya mula sa kanila (mga Jinn o maligno) hanggang sa pagbangon niya sa umaga. Naisulat ni Al-Hakim 1/562, tinagurian ito ni Al-Albani bilang kapanipaniwala sa Sahih At-Targhib Wa Targhib 1/273. "

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَٰنِ الرَّحِيمِ

قُلْ هُوَ ٱللَّهُ أَحَدٌ ۝ ٱللَّهُ ٱلصَّمَدُ ۝ لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُولَدْ ۝ وَلَمْ يَكُن لَّهُۥ كُفُوًا أَحَدٌۢ ۝

"BISMILLA-HIR RA'HMA-NIR RA'HEEM, QUL HUWALLA-HU A'HAD. ALLA-HUS SAMAD, LAMIYALID WALAM YU-LAD, WALAM YAKULLAHU KUFUWAN A'HAD."

"Sa Ngalan ng Allah, Ang Mapagpala, Ang Mahabagin. Ipahayag! Siya ang Allah, ang Nag-iisa. Allah, ang Walang Hanggan, ang Ganap, Sandigan ng lahat. Hindi Siya nagka-anak at hindi Siya ipinanganak. At Siya ay walang katulad."

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَٰنِ الرَّحِيمِ

قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ ٱلْفَلَقِ ۝ مِن شَرِّ مَا خَلَقَ ۝ وَمِن شَرِّ غَاسِقٍ إِذَا وَقَبَ ۝ وَمِن شَرِّ ٱلنَّفَّٰثَٰتِ فِى ٱلْعُقَدِ ۝ وَمِن شَرِّ حَاسِدٍ إِذَا حَسَدَ ۝

"BISMILLA-HIR RA'HMA-NIR RA'HEEM, QUL A-'UTHOBIRABBIL FALAQ, MINSHARRIMA 'KHALAQ, WAMIN SHARRI'GHA-SIQIN I'THA WAQAB , WAMIN SHARRIN-NAFFA-THA-TI FIL 'OQAD, WAMIN SHARRI 'HA-SIDIN I'THA 'HASAD."

"Sa Ngalan ng Allah, Ang Mapagpala, Ang Mahabagin. Ipahayag! Ako ay nagpapakupkop sa Panginoon ng bukang-liwayway. Laban sa kasamaan ng mga nilikhang bagay. Laban sa kasamaan ng kadiliman kung ito ay laganap. Laban sa kasamaan ng mga nagsasagawa (ng karunungang itim). At laban sa kasamaan ng mga nagsasagawa ng mainggitin kapag siya ay naninibugho."

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ ٱلنَّاسِ ۝ مَلِكِ ٱلنَّاسِ ۝ إِلَٰهِ ٱلنَّاسِ ۝ مِن شَرِّ ٱلْوَسْوَاسِ ٱلْخَنَّاسِ ۝ ٱلَّذِى يُوَسْوِسُ فِى صُدُورِ ٱلنَّاسِ ۝ مِنَ ٱلْجِنَّةِ وَٱلنَّاسِ ۝

"BISMILLA-HIR RA'HMA-NIR RA'HEEM, QUL-A'UTHOBIRABBINNA-S, MALIKINNA-S, ILA-HIN NA-S, MIN SHARRILWASWA-SIL 'KHANNA-S, ALLA'THE-YUWASWISUFI SUDU-RINNA-SI, MINAL JINNATI WANNA-S"

"Sa Ngalan ng Allah, Ang Mapagpala, Ang Mahabagin. Ipahayag! Ako ay nagpapakupkop sa Panginoon ng sangkatauhan. Ang Hari ng sangkatauhan. Ang Diyos ng sangkatauhan. Laban sa kasamaan ng bumubulong at lumalayo (matapos bumulong). Na nagbubulong sa mga puso ng sangkatauhan. (Sila ay) Mula sa mga Jinn at Tao (na naghihikayat sa kasamaan). " *(basahin ito ng tatlong beses sa Arabik)* [1]

**AGGUNITANG IDADALANGIN SA UMAGA:**

٧٧. أَصْبَحْنَا وَأَصْبَحَ الْمُلْكُ لِلَّهِ وَالْحَمْدُ لِلَّهِ لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ وَحْدَهُ لاَ شَرِيكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ وَلَهُ الْحَمْدُ وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ، رَبِّ أَسْأَلُكَ خَيْرَ مَا فِي هَذَا الْيَوْمِ وَخَيْرَ مَا بَعْدَهُ وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّ مَا فِي هَذَا الْيَوْمِ

---

[1] . Ang sinumang isaulo ito ng tatlong beses sa umaga at hapon ay mapangangalagaan nila ito (bilang proteksiyon) laban sa anumang bagay (na masama). Abu Daud 3/22, at At-Tirmithi 5/567. Tingnan ang Sahih Tirmithi 3/182.

وَشَرِّ مَا بَعْدَهَا، رَبِّ أَعُوذُ بِكَ مِنَ الْكَسَلِ، وَسُوءِ الْكِبَرِ، رَبِّ أَعُوذُ
بِكَ مِنْ عَذَابٍ فِي النَّارِ وَعَذَابٍ فِي الْقَبْرِ

**"ASBA'HNA WA-ASBA'HAL MULKO LILLA-HI, WAL'HAMDULILLA-HI, LA-ILA-HA ILLALLA-HU WA'HDAHU, LA-SHARI-KALAHU, LAHUL MULKO WALAHUL 'HAMDU, WAHUWA 'ALA KOLLI SHAY-IN QADEER. RABBI AS-ALOKA 'KHAYRAMA FI HA-'THEHILYAWMI, WA 'KHAYRAMA BA-'ADAHA. WA-A-'U'THOBIKA MIN SHARRI-MA-FE HA-'THAL YAWMI, WASHARRIMA BA-'ADAHA, A'THOBIKA MINAL KASLI, WA-SU-IL KIBARI, RABBI A-'UTHOBIKA MIN 'A'THA-BIN FIN NA-RI, WA-'A'THA-BIN FIL QABRI."**

"Narating namin ang panibagong araw[1], at ang lahat ng ito ay napapaloob sa Kapamahalaan at Kapurihan ng Allah ﷻ. Walang (diyos na) may karapatan upang sambahin maliban sa Allah ng nag-iisa. Walang katambal. Sa Kanya ang Pagmamay-ari ng Pamamahala at Kapurihan. Siya ang may Kakayahan sa lahat ng bagay. Ya Rabbi, hinihiling ko sa iyo ang mga kabutihan ng araw na ito at ang mga kabutihang susundan nito[2], at ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa kasamaang nilalaman ng araw na ito at sa mga kasamaang susundan nito. Ya Rabbi, ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa katamaran at pagka-ulianin. Ya Rabbi, ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula

---

[1] . Kung ito ay babanggitin sa hapon ang dapat mong sabihin ay *Amsaina wa amsyal-mulku Lillah* "Aming natapos ang araw at kasama nito, ang lahat ng pamamahala ay sa Allah."

[2] . Kung ito ay babanggitin mo sa hapon ay dapat mong sabihin ang: *"Rabbi as'aluka 'khaira ma fi ha-'thihil lailati, wa 'khaira ma ba'daha, wa a'u-thobika min sharri ma fi ha-'thihil lailati wa sharri ma ba'daha:* "Hinihiling ko sa Iyo ang mga kabutihang nilalaman ng gabing ito at sa mga gabi pang darating at ako ay nagpapakupkop mula sa mga kasamaang nilalaman ng gabing ito at sa mga gabi pang darating.

sa mga kaparusahan ng Apoy (Impiyerno) at mga kaparusahan ng libingan." [1]

٧٨. اللَّهُمَّ بِكَ أَصْبَحْنَا، وَبِكَ أَمْسَيْنَا، وَبِكَ نَحْيَا، وَبِكَ نَمُوتُ وَإِلَيْكَ النُّشُورُ.

**ALLAHUMMABIKA ASBA'HNA WABIKA AMSAYNA, WABIKA NA'HYA, WABIKA NAMUTO, WAILAYKAN NOSHUR."**

"Ya Allah, dahil sa Iyong kapahintulutan ay inabot namin ang umaga at mula sa Iyong kapahintulutan ay narating namin ang gabi[2] at mula sa Iyong kapahintulutan kami ay nabuhay at mamamatay at sa Iyo ang aming pagkabuhay ng muli." [3]

٧٩. اللَّهُمَّ أَنْتَ رَبِّي لاَ إِلَهَ إِلاَّ أَنْتَ خَلَقْتَنِي وَأَنَا عَبْدُكَ، وَأَنَا عَلَى عَهْدِكَ وَوَعْدِكَ مَا اسْتَطَعْتُ، أَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّ مَا صَنَعْتُ، أَبُوءُ لَكَ بِنِعْمَتِكَ عَلَيَّ وَأَبُوءُ بِذَنْبِي فَاغْفِرْ لِي فَإِنَّهُ لاَ يَغْفِرُ الذُّنُوبَ إِلاَّ أَنْتَ

**"ALLAHUMMA ANTA RABBI LA-ILA-HA ILLA-ANTA, 'KHALAQTANI WA ANA 'ABDUKA, WA ANA 'ALA 'AHHDIKA, WA WA-'DIKA MASTATA-'TU. A'U'THOBIKA MIN SHARRIMA SANA-'TU, ABU-OLAKA BINI-'MATIKA 'ALAYYA, WA-ABU-O BI'THAMBI, FAGHFIRLI FAINNAHU LA-YAGHFIRUTH-THONU-BA ILLA ANTA."**

1 . Muslim 4/2088.

2 . Kung ito ay babanggitin mo sa gabi ay dapat mong sabihin: "*Alla-humma amsaina bika wa bika asbahna, wa bika nahyaa wa namut, wa ilaykal maseer:*"O Allah ipinarating Mo sa amin ang katapusan ng araw kasingtulad ng iparating Mo sa amin ang umpisa nito. Binigyan Mo kami ng buhay at bibigyan Mo rin kami ng kamatayan at nasa sa Iyo ang aming kahihinatnan."

3 . At-Tirmithi 3/142

"O Allah, Ikaw ang aking Panginoon, walang (diyos na) may karapatang sambahin maliban sa Iyo. Ako ay Iyong nilikha at ako ay Iyong alipin at ako ay susunod sa Iyong mga ipinag-utos at ipinangangako kung gagawin sa abot ng aking makayanan. Ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa kasamaan ng aking mga gawa. Tinatanggap ko ang Iyong biyaya sa akin at inaamin ko ang aking mga pagkakasala, kaya patawarin ako, dahil katotohanan, walang makapagbibigay ng kapatawaran maliban sa Iyo." [1]

٨٠. اللَّهُمَّ إِنِّي أَصْبَحْتُ، أُشْهِدُكَ وَأُشْهِدُ حَمَلَةَ عَرْشِكَ، وَمَلاَئِكَتَكَ وَجَمِيعَ خَلْقِكَ، أَنَّكَ أَنْتَ اللهُ لاَ إِلَهَ إِلاَّ أَنْتَ وَحْدَكَ لاَ شَرِيكَ لَكَ، وَأَنَّ مُحَمَّداً عَبْدُكَ وَرَسُولُكَ " أربع مرات

**"ALLAHUMMA INNI ASBA'HTO, USH-HIDUKA WA-USH-HIDU'HAMALATA 'ARSHIKA, WA MALA-IKATAKA, WA JAMI-'A-'KHALQIKA, ANNAKA ANTALLA-HU, LA-ILA-HA ILLA-ANTA, WA'HDAKA LA-SHARI-KALAKA, WA ANNA MUHAMMADAN 'ABDUKA WARASU-LUKA."**

"Ya Allah, katotohanan inabot ko ang panibagong umaga[2] at pasasaksihan ko sa Iyo at pasasaksihan ko sa mga namamahala sa Iyong Trono ( dakilang luklukan) , at sa Iyong mga Anghel at sa lahat ng mga nilikha Mo , na Ikaw ang Allah, walang (diyos na) may karapatang sambahin maliban sa Iyo ng nag-iisa,

[1] . "Sinumang banggitin ito ng bukal sa kalooban sa hapon at namatay sa gabi ay papapasukin sa Paraiso, At sinumang banggitin ito ng bukal sa kalooban sa umaga at namatay sa araw na iyon ay papapasukin sa Paraiso," Al-Bukhari 7/150. Ang iba pang mga ulat ay nasa An-Nasa'i at At-Tirmithi.

[2] . Kapag babanggitin mo ito sa gabi dapat ang sabihin mo ay: "*Alahumma inni amsayto....*: "O Allah, natapos ko ang araw...".

walang katambal at si Muhammad ay iyong alipin at Sugo (apat na beses idalangin ito sa Arabik)." [1]

٨١. اللَّهُمَّ مَا أَصْبَحَ بِي مِنْ نِعْمَةٍ أَوْ بِأَحَدٍ مِنْ خَلْقِكَ فَمِنْكَ وَحْدَكَ لاَ شَرِيْكَ لَكَ، فَلَكَ الْحَمْدُ وَلَكَ الشُّكْرُ

**"ALLAHUMMA-MA ASBA'HA BI MIN NI-'MATIN AW BI-A'HADIN MIN 'KHALQIKA FAMINKA WA'HDAKA LA-SHARI-KALAKA,FALAKAL 'HAMDU WALAKAS SHOKRU"**

"O Allah, Anumang pagpapala ang natanggap ko o alinman sa Iyong mga nilikha[2] ay sa Iyo lamang nanggaling, wala kang katambal kaya sa Iyo nararapat ang lahat ng puri at pasasalamat." [3]

٨٢. اللَّهُمَّ عَافِنِي فِي بَدَنِي، اللَّهُمَّ عَافِنِي فِي سَمْعِي، اللَّهُمَّ عَافِنِي فِي بَصَرِي، لاَ إِلَهَ إِلاَّ أَنْتَ. اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوْذُ بِكَ مِنَ الْكُفْرِ، وَالْفَقْرِ، وَأَعُوْذُ بِكَ مِنْ عَذَابِ الْقَبْرِ، لاَ إِلَهَ إِلاَّ أَنْتَ (ثلاث مرات)

**"ALLAHUMMA 'A-FINI FI-BADANEY, ALLAHUMMA 'A-FINI FI-SAM-'EY, ALLAHUMMA 'A-FINI FI BASAREY. LA-ILA-HA ILLA ANTA. ALLA-HUMMAINNI A-'O'THUBIKA MINAL KUFR WAL FAQRI, WA-A-'O'THUBIKA MIN**

---

[1] . "Sinumang isaulo ito ng apat na beses sa umaga at hapon ay ililigtas siya ng Allah ﷻ sa Apoy ng Impiyerno." Abu Dawud 4/317. Naiulat narin ito ni Al-Bukhari sa Al-Adab Al-Mufrad, An-Nasa'i sa 'Amal Al-Yawm wal-Lailah at Ibn As-Sunni, Ang pinanggalingang mga ulat nito kina An-Nasa'i at Abu Dawud ay lahat mabuti (Hasan), Ibn Baz, p. 33.

[2] . Kaapag binanggit mo ito sa gabi, ay dapat mong sabihin ang: *"Allahumma ma-amsa bi..*"O Allah, sa pagpasok ko sa gabing ito...".

"Siya ang kauna-unahan at kahuli-hulihan, ang Ath-tha-hir (Kataas-taasan) at Al-Ba'tin (Pinakamalapit) at batid Niya ng lubos ang lahat ng bagay." [1]

## 41. [2]Mga Panalangin upang makabayad sa pagkakautang.

١٣٦. اللَّهُمَّ اكْفِنِي بِحَلاَلِكَ عَنْ حَرَامِكَ وَأَغْنِنِي بِفَضْلِكَ عَمَّنْ سِوَاكَ.

**"ALLA-HUMMAKFINI BI'HALA-LIKA 'AN 'HARA-MIKA WA A'GNI-NEY BIFA'DLIKA 'AMMAN SIWAAK."**

"O Allah! Gawing sapat sa akin ang anumang Iyong pinayagan bilang kapalit ng anumang Iyong ipinagbawal at gawin akong malaya ng pangangailangan sa iba maliban sa Iyo." [2]

١٣٧. اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنَ الْهَمِّ وَالْحَزَنِ، وَالْعَجْزِ وَالْكَسَلِ، وَالْبُخْلِ وَالْجُبْنِ، وَضَلَعِ الدَّيْنِ وَغَلَبَةِ الرِّجَالِ.

**"ALLA-HUMMA INNI A-'U'THOBIKA MINAL HAMMI WAL'HAZANI WAL 'AJZI WAL KASALI, WAL BUKHLI WAL JUBNI, WA 'DALA'IDDAYNI WA 'GALABATIR RIJA-LI."**

"O Allah! Ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa mga pagkabalisa at mga paghihinagpis, at mula sa mga kahinaan at katamaran, kakuripotan at kaduwagan, at

[1] . 57:3, Abu Dawud 4/329, Tinagurian ito ni Al-Albani bilang mabuti sa Sahih Abu-Dawud, 3/692.

[2] . At-Tirmithi 5/570. Sahih At-Tirmithi 3/180.

mga pasanin sa pagkakautang at magapi ng tao (i.e. ibang tao)." [1]

## 42. Panalangin ng isang naka-karamdam ng mga bulong ng Shaytan sa panahon ng pagdarasal o pagsasaulo.

١٣٨. أَعُوذُ بِاللهِ مِنَ الشَّيْطَانِ الرَّجِيمِ. وَاتْفُلْ عَلَى يَسَارِكَ ثَلاثًا

**"A'U'THOBILLA-HI MINAS SHAYTA-NIR RAJEEM"**
*(at dumura [ng tahimik na parang hangin lang ang lumabas] ng tatlong beses sa iyong kaliwa)*

"Ako ay nagpapakupkop sa Allah mula sa Shaytang (isinumpa at) binabato." [2]

## 43. Panalangin ng sinumang naging mahirap sa kanya ang isang pangyayari.

١٣٩. اللَّهُمَّ لاَ سَهْلَ إِلاَّ مَا جَعَلْتَهُ سَهْلاً وَأَنْتَ تَجْعَلُ الْحَزْنَ إِذَا شِئْتَ سَهْلاً.

**" ALLA-HUMMA LA-SAHLA ILLA MA JA-'ALTAHU SAHLAN WA-ANTA TAJ-'ALUL 'HAZNA I'THA-SHI-'TA SAHLAN."**

"O Allah! Walang (makapagbibigay ng) kaluwagan maliban sa kaluwagang ipagkakaloob Mo at pinangyayari mong magaan ang isang mabigat (o mahirap na bagay) kung ito'y Iyong naisin." [3]

---

[1]. Al-Bukhari 7/158.
[2]. Muslim 4/1729.
[3]. Ibn Hibban sa kanyang Sahih (no. 2427), at Ibn As-Sunni (no. 351). Sinabi ni Al-Hafidh (Ibn Hajar) na ang Hadith na ito ay kapani-paniwala. Ganoon din na dineklara bilang kapani-paniwala ni Abdul Qader Al-Arnaut sa kanyang mga pagsusuri sa An-Nawawi Kitabul-Athkar, p. 106.

## 44. Ang babanggitin at gagawin ng sinumang nakagawa ng pagkakasala.

١٤٠. مَا مِنْ عَبْدٍ يُذْنِبُ ذَنْباً فَيُحْسِنُ الطُّهُورَ، ثُمَّ يَقُومُ فَيُصَلِّي رَكْعَتَيْنِ، ثُمَّ يَسْتَغْفِرُ اللهَ إِلاَّ غَفَرَ اللهُ لَهُ.

"Walang sinumang tagapaglingkod ng Allah na makagawa ng pagkakasalang nagsagawa ng wudho, at nagdasal ng dalawang rak'at pagkatapos ay hilingin niya ang kapatawaran ng Allah, maliban sa siya'y patatawarin ng Allah." [1]

## 45. Panalangin para mapalayas ang Shaytan at ang kanyang mga pagbubulong.

١٤١. الاِسْتِعَاذَةُ بِاللهِ مِنْهُ

"Magpakupkop sa Allah." [2]

١٤٢. الأَذَانُ

"Ang A'thaan." [3]

١٤٣. الأَذْكَارُ وَقِرَاءَةُ

"Maggunita sa Allah at magsaulo ng mga talata mula sa banal na Kor'an." [4]

---

[1]. Abu Dawud 2/86, At-Tirmithi 2/257. Tinaguriang kapani-paniwala ni Al-Albani sa Sahih Abu Dawud 1/283.

[2]. Abu Dawud 1/206, At-Tirmithi, Sahih At-Tirmithi 1/77 at Surat Al-Mu'minun, 23:98-99.

[3]. Muslim 1/291, Al-Bukhari 1/151.

[4]. "Huwag gawing (parang) libingan ang inyong mga tahanan, katotohanan nilalayasan ng Ibles (Demonyo) ang mga bahay na binabasa doon ang Surah Al-Baqarah," Muslim 1/539. Ang Iblis ay napapa-alis na rin sa pamamagitan ng mga panalangin sa umaga at hapon, sa mga naidalangin bago matulog at pagkagising, ganoon din ang mga panalangin bago pumasok at bago iiwan ang bahay kasama pati ang pagpasok at paglabas sa mga Masjid at ang ibang mga panalanging itinuro sa atin ng Propeta ﷺ katulad ng pagsaulo sa Ayatul Kursi (2:255) at ang dalawang pinakahuling taludtod ng Al-Baqarah bago matulog. Ang sinumang

الْقُرْآن

## 46. Panalangin kapag tinamaan ng sakuna o kapag inabutan ng (hindi kanais-nais na) pangyayari."

١٤٤. قَدَرُ اللهِ وَمَا شَاءَ فَعَلَ.

**"QADARULLA-HI WA MA SHA-A FA'ALA."**
"Ito ay itinakda ng Allah at Kanyang ginagawa ang anumang Kanyang naisin." [1]

## 47. Ang pagbati sa mga bagong magulang at kung paano nila ito sagutin.

١٤٥. بَارَكَ اللهُ لَكَ فِي الْمَوْهُوبِ لَكَ، وَشَكَرْتَ الْوَاهِبَ، وَبَلَغَ أَشُدَّهُ، وَرُزِقْتَ بِرَّهُ.

**"BA-RAKALLA-HU LAKA FIL MAWHU-BI LAKA, WA SHAKARTAL WA-HEEBA, WABALAGA ASHUDDAHU, WARUZIQTA BIRRAHU."**

"Pagpalain ka nawa ng Allah kasama ng Kanyang regalo para sa iyo, At kayo nawa'y (ang bagong magulang) magpasalamat. Abutan nawa ng bata ang sapat na

---

banggitin ang "LA-ILAHA ILLALLA-HU WAHDAHU, LAHUL MULKO WALAHUL 'HAMD WA HUWA 'ALA-KULLI SHAY-IN QADEER" ng isang daang beses ay magiging kanyang proteksiyon sa Shaytan sa buong araw.

[1]. "Ang matatag na mananampalataya ay mas mabuti at pinakamamahal sa Allah kaysa mahinang manananampalataya, at bawat isa sa kanila ay mayroong mabuting nakalaan. Maging matatag sa mga bagay na para sa iyong benipisyo at hingin ang tulong ng Allah at huwag maging kasama sa mga nagkakamali. Subalit kung ikaw ay tamaan ng hindi maganda ay huwag sabihin: "Kung nagawa ko lang ang ganito at ganun, mas mabuti kung ang sabihin mo: 'Ito ay itinakda ng Allah ﷻ, at Kanyang ginagawa anuman ang Kanyang naisin, dahil katotohanan ang salitang "kung" ay pambungad sa mga gawain ng Shaytan." Muslim 4/2052.

gulang, At pagkalooban nawa kayo ng mga kagandahan nito."

ANG ISASAGOT NG TAONG BINABATI AY:

بَارَكَ اللهُ لَكَ وَبَارَكَ عَلَيْكَ وَجَزَاكَ اللهُ خَيْرًا، وَرَزَقَكَ اللهُ مِثْلَهُ، وَأَجْزَلَ ثَوَابَكَ.

**"BA-RAKALLAHU LAKA WABA-RAKA 'ALAYKA WAJAZA-KALLA-HU 'KHAYRAN, WA RAZAQA KALLA-HU MITHLAHU, WA-AJZALA THAWA-BAKA."**

"Pagpalain ka nawa ng Allah at ipaabot sa iyo ang Kanyang mga pagpapala at gantimpalaan ka ng mga mabubuti at ipagkaloob sa iyo ang kahalintulad (nito) at gantimpalaan ka ng marami." [1]

## 48. Paano hinahangad ang pangangalaga ng Allah para sa mga bata.

١٤٦. كان رسول الله ﷺ يعوذ الحسن والحسين رَضِيَ اللهُ عَنْهُمَا:

أُعِيذُكُمَا بِكَلِمَاتِ اللهِ التَّامَّةِ مِنْ كُلِّ شَيْطَانٍ وَهَامَّةٍ، وَمِنْ كُلِّ عَيْنٍ لَامَّةٍ.

"Kinaugalian ng Sugo ng Allah ﷺ na hilingin ang pangangalaga ng Allah ﷻ para kina Al-Hasan at Al-Husain ay kanyang sinasambit ang panalangin na ito;

**"O'EE'THUKUMA BIKALIMA-TILLAHIT TA-MMATI MIN KULLI SHAYTA-NIN WA HA-MMATIN WA MIN KULLI 'AYNIN LA-MMATIN."**

---

[1] . An-Nawawi, Kita-bul Athkar p. 349 at Sahih Al-Athkar 2/713 ni Salem Al-Hilali.

"Hinahangad ko ang pangangalaga para sa iyo (ang dalawang bata) sa pangangalaga ng ganap na mga Salita ng Allah mula sa bawat Shaytan, o salot (o peste) at sa bawat paningin ng kasamaan." [1]

## 49. Panalangin kapag dumalaw sa isang maysakit.

١٤٧. لاَ بَأْسَ طَهُورٌ إِنْ شَاءَ اللهُ

**"LA BA-'SA 'TAHU-RON INSHA-ALLAH."**

"Huwag mag-alaala, ito ay (ang sakit) pangdalisay para sa iyo, kung naisin ng Allah." [2]

١٤٨. أَسْأَلُ اللهَ الْعَظِيمَ رَبَّ الْعَرْشِ الْعَظِيمِ أَنْ يَشْفِيَكَ سبع مرات

**"AS-ALU-LLA-HAL 'A'THEEMA RABBIL 'ARSHIL 'ATHEEMI AN YASHFIYAKA."** *(7 beses)*

"Hinihiling ko sa Makapangyarihang Allah, Panginoon ng Dakilang Luklukan na ikaw ay Kanyang pagalingin." [3]

## 50. Kahalagahan ng pagdalaw sa isang maysakit.

١٤٩. قَالَ ﷺ : إِذَا عَادَ الرَّجُلُ أَخَاهُ الْمُسْلِمَ مَشَى فِي خِرَافَةِ الْجَنَّةِ حَتَّى يَجْلِسَ فَإِذَا جَلَسَ غَمَرَتْهُ الرَّحْمَةُ، فَإِنْ كَانَ غُدْوَةً صَلَّى عَلَيْهِ

---

[1]. Al-Bukhari 4/119.
[2]. Al-Bukhari, Al-Asqalani Fath Al-Bari 10/118.
[3]. At-Tirmithi, Abu Dawud. Tingnan ang Al-Albani, Sahih At-Tirmithi 2/210 at Al-Jami' As-Saghir 5/180.

سَبْعُونَ أَلْفَ مَلَكٍ حَتَّى يُمْسِيَ، وَإِنْ كَانَ مَسَاءً صَلَّى عَلَيْهِ سَبْعُونَ أَلْفَ مَلَكٍ حَتَّى يُصْبِحَ.

"Sinabi ng Propeta (sknk): Sa panahon na ang isang lalaki ay pumunta upang besitahin ang may sakit na kapatid na Muslim ay parang naglalakad papunta sa Paraiso hanggang sa siya umupo, at pagkaupo niya ay parang dinamitan siya ng grasya. Kung siya ay magpunta sa umaga, ay mayroong pitumpung libong mga Anghel na nananalangin para sa kanya hanggang hapon, at kung siya ay magpunta sa gabi ay mayroon pitumpong libong mga Anghel ang nananalangin para sa kanya hanggang umaga." [1]

## 51. (4)Mga Panalangin ng mga may sakit na walang pag-asa upang gumaling.

١٥٠. اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِي وَارْحَمْنِي وَأَلْحِقْنِي بِالرَّفِيقِ الأَعْلَى.

**" ALLA-HUMMAGFIRLI WAR'HAMNI WA-ALHIQNI BIR-RAFEEQIL A-'LA."**

"O Allah! Patawarin ako, at kaawaan Mo ako at isama ako sa mga kasamahan ng Lubos na Mataas (Ang Allah)." [2]

١٥١. جَعَلَ النَّبِيُّ عِنْدَ مَوْتِهِ يُدْخِلُ يَدَيْهِ فِي الْمَاءِ فَيَمْسَحُ بِهِمَا وَجْهَهُ وَيَقُولُ: لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ إِنَّ لِلْمَوْتِ لَسَكَرَاتٍ.

---

[1]. At-Tirmithi, Ibn Majah, Ahmad. Tingnan ang Al-Albani Sahih Ibn Majah 1/244 at Sahih At-Tirmithi 1/286. Tinagurian ito ni Ahmad Shakir bilang kapani-paniwala.

[2]. Al-Bukhari 7/10, Muslim 4/1893.

"Noong malala na ang pagkakasakit (naghihingalo) ng Propeta ﷺ at bago mamatay ay nilulubog niya ang kanyang mga kamay sa tubig at ipinupunas sa kanyang mukha at kanyang binabanggit ang:"

**"LA-ILA-HA ILLALLA-HU INNA LIL MAWTI LASAKARATIN"**

"Walang diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Allah, katotohanan ang kamatayan ay mayroong paghihirap." [1]

١٥٢. لَا إِلَهَ إِلاَّ اللهُ وَاللهُ أَكْبَرُ، لَا إِلَهَ إِلاَّ اللهُ وَحْدَهُ، لَا إِلَهَ إِلاَّ اللهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَا إِلَهَ إِلاَّ اللهُ لَهُ الْمُلْكُ وَلَهُ الْحَمْدُ، لَا إِلَهَ إِلاَّ اللهُ وَلَا حَوْلَ وَلَا قُوَّةَ إِلاَّ بِاللهِ.

**" LA-ILA-HA ILLALLA-HU WALLA-HU AKBAR, LA-ILA-HA ILLALLA-HU WA'HDAHU, LA-ILA-HA ILLALLA-HU WA'HDAHU LA-SHARI-KALAHU, LA-ILA-HA ILLALLA-HU LAHUL-MULKO WALAHUL 'HAMDU, LA-ILA-HA ILLALLA-HU WALA 'HAWLA WALA QUWWATA ILLA BILLAH."**

"Walang diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Allah at Allah ang pinaka-Dakila, "Walang diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Allah ng nag-iisa, "Walang diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Allah ng nag-iisa at walang katambal, "Walang diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Allah, sa Kanyang Pagmamay-ari ang Kamahalan at Kapurihan, "Walang diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Allah at walang lakas at kapangyarihan maliban sa Allah." [2]

---

[1]. Al-Bukahri, Al-Asqalani, Fath Al-Bari 8/144. Nabanggit ng Hadith na siya ay gumamit ng siwak.

[2]. At-Tirmithi at Ibn Majah. Tingnan ang Al-Albani, Sahih At-Tiirmithi 3/152 at Sahih Ibn Majah 2/318.

## 52. Mga Payo (Talqeen) para sa isang (naghihingalo).

١٥٣. مَنْ كَانَ آخِرُ كَلاَمِهِ لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ دَخَلَ الْجَنَّةَ.

" Sinuman ang pinakahuling mabanggit (bago malagutan ng hininga) ang: **LA-ILA-HA-ILLALLAH** (Walang diyos [na karapat-dapat sambahin] maliban sa Allah) ay papapasukin sa Paraiso" [1]

## 53. Panalangin ng isang tinamaan ng sakuna.

١٥٤. إِنَّا لِلَّهِ وَإِنَّا إِلَيْهِ رَاجِعُونَ اللَّهُمَّ أْجُرْنِي فِي مُصِيبَتِي وَأَخْلِفْ لِي خَيْرًا مِنْهَا.

**" INNA LILLA-HI WA INNA ILAYHI RA-JI'UN, ALLA-HUMMA'-JURNI FI MUSI-BATEY WA'KHLIFLEY 'KHAYRAN MINHA."**

"Kami'y (nilikha) nanggaling sa Allah at sa Kanya ang aming pagbabalik. O Allah! Iligtas ako sa sakuna (o mahirap na katayuan) na ito, at palitan sa akin (pagkatapos nito) ng mas mabuti kaysa rito." [2]

## 54. Panalangin kapag ipinikit ang mata ng namatay.

---

[1] . Abu Dawud 3/190. Tingnan ang Al-Albani, Sahih Al-Jami' As-Saghir 5/432.

[2] . Muslim 2/632.

١٥٥. اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِفُلاَنٍ (بِاسْمِهِ) وَارْفَعْ دَرَجَتَهُ فِي الْمَهْدِيِّينَ، وَاخْلُفْهُ
فِي عَقِبِهِ فِي الْغَابِرِينَ، وَاغْفِرْ لَنَا وَلَهُ يَا رَبَّ الْعَالَمِينَ، وَافْسَحْ لَهُ فِي قَبْرِهِ
وَنَوِّرْ لَهُ فِيهِ.

**" ALLA-HUMMAGFIR LI**(banggitin ang pangalan ng namatay) **WARFA' DARAJA-TAHU FI MAHDEYYEENA, WA'KHLUFHU FI 'AQIBIHI FIL 'GA-BIRI-NA, WA'GFIRLANA WALAHU YA RABBAL 'A-LAMEEN. WAFSA'H LAHU FI QABRIHI WA NAWWIR LAHU FI-HI"**

"O Allah! Patawarin si (banggitin ang panagalan ng namatay) at itaas ang kanyang katayuan kasama sa mga napatnubayan. At Ikaw ang kahalili sa kanyang mga naiwanan at patawarin Mo kami at siya O Panginoon ng mga daigdig! Palawakin ang kanyang libingan at bigyan ito ng liwanag para sa kanya." [1]

## 55. Panalangin para sa isang namatay sa panahon ng pagdarasal.

١٥٦. اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَهُ وَارْحَمْهُ، وَعَافِهِ، وَاعْفُ عَنْهُ، وَأَكْرِمْ نُزُلَهُ، وَوَسِّعْ
مُدْخَلَهُ، وَاغْسِلْهُ بِالْمَاءِ وَالثَّلْجِ وَالْبَرَدِ، وَنَقِّهِ مِنَ الْخَطَايَا كَمَا نَقَّيْتَ
الثَّوْبَ الْأَبْيَضَ مِنَ الدَّنَسِ، وَأَبْدِلْهُ دَاراً خَيْراً مِنْ دَارِهِ، وَأَهْلاً خَيْراً مِنْ
أَهْلِهِ، وَزَوْجاً خَيْراً مِنْ زَوْجِهِ، وَأَدْخِلْهُ الْجَنَّةَ، وَأَعِذْهُ مِنْ عَذَابِ الْقَبْرِ
(وَعَذَابِ النَّارِ).

---

[1]. Muslim 2/634.

**"ALLA-HUMMAGFIR LAHU, WAR'HAMHU, WA 'A-FIHI, WA-'FU 'ANHU, WA AKRIM NUZULAHU, WA WASSI' MUD'KHALAHU, WA'GSILHU BILMA-I WA'TH-THALJI WAL BARADI, WA NAQQIHI MINAL 'KHA'TA-YA KAMA NAQQAYTATH THAWBAL ABYA'DA MINAD DANASI, WA ABDILHU DA-RAN 'KHAYRAN MIN DA-RIHI, WA AHLAN 'KHAYRAN MIN AHLIHI, WA ZAWJAN .KHAYRAN MIN ZAWJIHI, WA AD'KHILHUL JANNATA, WA A'ID-HU MIN 'A'THA-BIL QABRI (WA 'A'THA-BIN NAAR).**

"O Allah! Patawarin siya, patawarin Mo siya't kaawan. Pagkalooban Mo siya ng lakas at kapatawaran. Bigyan siya ng kagandahang-loob at pangyarihing malawak ang kanyang pagpasok at hugasan siya ng tubig at niyebe at yelo. Dalisayin siya mula sa kanyang mga pagkakasala kahalintulad ng maputing tela kapag ito'y nilinis mula sa dumi. Bigyan siya ng tirahang mas-maganda kaysa dati niyang tirahan, at pamilyang mas-mabuti kaysa dati niyang pamilya, asawang mas-maganda kaysa dati niyang asawa. Papasukin siya sa Paraiso at iligtas siya mula sa mga kaparusahan ng libingan (at mga paghihirap sa Apoy ng Impiyerno)." [1]

١٥٧ . اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِحَيِّنَا، وَمَيِّتِنَا، وَشَاهِدِنَا، وَغَائِبِنَا، وَصَغِيرِنَا، وَكَبِيرِنَا، وَذَكَرِنَا وَأُنْثَانَا، اللَّهُمَّ مَنْ أَحْيَيْتَهُ مِنَّا فَأَحْيِهِ عَلَى الإِسْلاَمِ، وَمَنْ تَوَفَّيْتَهُ مِنَّا فَتَوَفَّهُ عَلَى الإِيمَانِ، اللَّهُمَّ لاَ تَحْرِمْنَا أَجْرَهُ وَلاَ تُضِلَّنَا بَعْدَهُ.

**"ALLA-HUMMAGFIR LI'HAYYINA, WA MAYYI-TINA, WA SHA-HIDINA, WA'GA-IBINA, WA SAGI-RINA, WAKABI-RINA, WA'THAKARINA WA UN'THA-NA. ALLA-HUMMA MAN A'HYAYTAHU MINNA, FA-A'HYIHI 'ALAL ISLAAMI, WA MAN TAWAFFAYTAHU MINNA FATAWAFFAHU 'ALAL**

---

[1] . Muslim 2/663.

**EEMA-N. ALLA-HUMMA LA TA'HRIMNA AJRAHU WALA TU'DILLANA BA-'DAHU."**

"O Allah! Patawarin ang mga nabuhay at namatay sa amin. Ganoon din ang mga nandirito at mga nangawala sa amin, ang mga bata at matatanda sa amin, ang mga kalalakihan at mga kababaihan sa amin. O Allah! Sinumang payagan Mong mabuhay sa amin ay buhayin siya sa landas ng Islam at sinumang bawian Mo ng buhay sa amin ay hayaang siya'y mamatay sa loob ng pananampalataya. O Allah! Huwag ipagkait sa amin ang kanilang gantimpala at huwag hayaang kami'y maligaw pagkaraan nila." [1]

١٥٨. اللَّهُمَّ إِنَّ فُلَانَ بْنَ فُلَانٍ فِي ذِمَّتِكَ، وَحَبْلِ جِوَارِكَ، فَقِهِ مِنْ فِتْنَةِ الْقَبْرِ وَعَذَابِ النَّارِ، وَأَنْتَ أَهْلُ الْوَفَاءِ وَالْحَقِّ. فَاغْفِرْ لَهُ وَارْحَمْهُ إِنَّكَ أَنْتَ الْغَفُورُ الرَّحِيمُ.

**" ALLA-HUMMA** (banggitin ang pangalan ng tao) **FI 'THEMMATIKA, WA 'HABLI JIWA-RIKA, FAQIHI MIN FITNATIL QABRI WA 'A'THA-BIN NAARI, WA ANTA AHLUL WAFA-I WAL HAQQI, FA'GFIRLAHU WAR'HAMHU INNAKA ANTAL'GAFU-RUR RA'HEEM."**

"O Allah! Si (banggitin ang pangalan) na anak ni (banggitin ang apelyido) ay napapaloob sa Iyong pangangalaga kaya pangalagaan siya sa mga pagsubok ng libingan at mula sa mga kaparusahan ng Apoy. Tinutupad Mo ang mga pangako at nagbibigay ng katarungan, kaya patawarin siya at kaawaan Mo siya. Katotohanan Ikaw ang Lubos na Mapagpatawad, Lubos na Mapagpala." [2]

---

[1] . Ibn Majah 1/480, Ahmad 2/368. Tingnan ang Al-Albani, Sahih Ibn Majah 1/251.

[2] . Ibn Majah, Abu Dawud 3/211. Tingnan ang Al-Albani, Sahih Ibn Majah 1/251.

١٥٩. اللَّهُمَّ عَبْدُكَ وَابْنُ أَمَتِكَ احْتَاجَ إِلَى رَحْمَتِكَ، وَأَنْتَ غَنِيٌّ عَنْ عَذَابِهِ، إِنْ كَانَ مُحْسِناً فَزِدْ فِي حَسَنَاتِهِ، وَإِنْ كَانَ مُسِيئاً فَتَجَاوَزْ عَنْهُ.

**159. " ALLA-HUMMA 'ABDUKA WABNU AMATIKA, IHTA-JA ILA RA'HMATIKA, WA ANTA 'GANIYYUN 'AN 'A'THA-BIHI, INKA-NA MU'HSINAN FAZID FI 'HASANA-TIHI, WA INKA-NA MOSI-AN FATAJA-WAZ 'ANHU."**

"O Allah! Ang Iyong (lalaking) alipin at anak ng Iyong (babaing) alipin ay nangangailangan sa Iyong tulong at hindi Mo kailangan ang mga kaparusahan sa kanya. Kung siya man ay makatarungan ay dagdagan ang mga kabutihang kanyang tatanggapin at kung siya man ay makasalanan ay patawarin siya." [1]

## 56. Panalangin sa pagdarasal sa isang batang namatay.

١٦٠. اللَّهُمَّ أَعِذْهُ مِنْ عَذَابِ الْقَبْرِ

**" ALLA-HUMMA A-'EE'THUHO MIN 'A'THA-BIL QABRI "**

"O Allah! Iligtas siya sa mga kaparusahan ng libingan."

"Mabuti na ring sabihin ang:"

اللَّهُمَّ اجْعَلْهُ فَرَطاً وَذُخْراً لِوَالِدَيْهِ، وَشَفِيعاً مُجَاباً . اللَّهُمَّ ثَقِّلْ بِهِ مَوَازِينَهُمَا وَأَعْظِمْ بِهِ أُجُورَهُمَا، وَأَلْحِقْهُ بِصَالِحِ الْمُؤْمِنِينَ، وَاجْعَلْهُ فِي

[1]. Al-Hakim 1/359 na tinagurian ito bilang kapani-paniwala at sinang-ayunan ni Ath-Thahabi. Tingnan ang Al-Albani, Al-Ahkam Al-Janaiz p. 125.

كَفَالَةِ إِبْرَاهِيمَ، وَقِهِ بِرَحْمَتِكَ عَذَابَ الْجَحِيمِ، وَأَبْدِلْهُ دَارًا خَيْرًا مِنْ دَارِهِ، وَأَهْلاً خَيْرًا مِنْ أَهْلِهِ، اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِأَسْلَافِنَا، وَأَفْرَاطِنَا، وَمَنْ سَبَقَنَا بِالإِيمَانِ.

**"ALLA-HUMMAJ-'ALHU FARA'TAN WA 'THU'KHRAN LI-WA-LIDAYHI, WA SHAFI-'AN MUJA-BAN. ALLAHUMMA 'THAQQIL BIHI MAWA-ZI-NAHUMA WA A'-THEM BIHI OJU-RAHUMA, WA ALHIQHU BISA-LIHIL MU'MINI-NA WAJ-'ALHU FI KAFA-LATI IBRA-HI-MA WA QIHI BIRA'HMATIKA 'A'THA-BAL JA'HEEMI, WA ABDILHU DA-RAN 'KHAIRAN MIN DA-RIHI, WA AHLAN 'KHAIRAN MIN AHLIHI. ALLA-HUMMAGFIR LI-ASLA-FINA, WA AFRATINA, WA MAN SABAQANA BIL EEMAN"**

"O Allah! Gawin siyang paunang gantimpala at (pinakaingat-ingatang) kayaman para sa kanyang mga magulang at katugunan bilang tagapamagitan. O Allah! Sa pamamagitan niya, ay pabigatin ang kanilang timbangan at lakihan ang kanilang gantimpala. Isama siya sa mga makatarungang mananampalataya at ilagay siya sa pangangalaga ni (Propeta) Abraham at iligtas siya sa pamamagitan ng Iyong Awa mula sa mga kaparusahan ng Impiyerno. Bigyan siya ng tahanang higit sa una niyang tahanan at pamilyang higit na mabuti kaysa una niyang pamilya. O Allah! Patawarin yaong mga (taong namatay na) nauna sa amin at ang mga anak naming nawala (na namatay) at ang mga nauna sa amin sa pananananampalataya." [1]

١٦١. اللَّهُمَّ اجْعَلْهُ لَنَا فَرَطًا، وَسَلَفًا، وَأَجْرًا.

[1] . Ibn Quddamah, Al-Mughni 3/416 at Ad-Durus Al-Muhimmah li 'Ammatil-Ummah, pg. 15 ni Shiekh AbdulAziz bin Baz.

**"ALLA-HUMMAJ-'ALHULANA FARA'TAN, WA SALAFAN, WA AJRAN."**

"O Allah! gawin siyang paunang gantimpala sa amin at bilang paunang bayad at kabayaran sa amin." [1]

## 57. Panalangin ng mga nakikiramay.

١٦٢. إِنَّ لِلَّهِ مَا أَخَذَ، وَلَهُ مَا أَعْطَى وَكُلُّ شَيْءٍ عِنْدَهُ بِأَجَلٍ مُسَمًّى......فَلْتَصْبِرْ وَلْتَحْتَسِبْ.

**" INNA LILLA-HI MA A'KHA'THA, WALAHU MA A'-'TA WA KOLLA SHAY-IN 'INDAHU BI-AJALIN MUSAMMA...... FALTASBIR WAL TA'HTASIB"**

"Katotohanan, anumang binawi ng Allah ay Kanya at anumang Kanyang ibinigay ay Kanya at sa lahat ng bagay ay binigyan Niya ng taning .........kaya magtiis at pagakakalooban ito ng gantimpala (ng Allah)." [2]

Maganda ring banggitin ang ganito:

أَعْظَمَ اللهُ أَجْرَكَ، وَأَحْسَنَ عَزَاءَكَ وَغَفَرَ لِمَيِّتِكَ.

**"A'-'THAMALLA-HU AJRAKA, WA A'HSANA 'AZA-AKA WAGAFARA LIMAYYITIKA"**

"Damihan nawa ng Allah ang iyong gantimpala at pagkalooban ka ng kaginhawahan at patawarin (Niya) ang yumao sa inyo." [3]

---

[1]. Kalimitan ang ginagawa ni Al-Hasan (Al-Basri) ay isanasaulo ang Surah Al-Fatihah kapag ang ililibing ay bata at pagkatapos ay banggitin ang....." Al-Bukhari, Kitab Al-Janaiz p.65.

[2]. Al-Bukhari 2/80, Muslim 2/636.

[3]. An-Nawawi, Kitabul-Athkar, pg. 126.

## 58. Panalangin kapag ilalagay ang bangkay ng namatay sa kanyang libingan.

١٦٣. بِسْمِ اللهِ وَعَلَى سُنَّةِ رَسُوْلِ اللهِ

**163. "BISMILLA-HI WA 'ALA SUNNATI RASULILLAH"**

"Sa Ngalan ng Allah at ayon sa sunnah ng Sugo ng Allah.[1]"

## 59. Panalangin pagkatapos mailibing ang patay.

١٦٤. اللّٰهُمَّ اغْفِرْ لَهُ اللّٰهُمَّ ثَبِّتْهُ

**"ALLA-HUMMAGFIRLAHU, ALLA-HUMMA THABBIT-HU."**

"O Allah! Patawarin siya. O Allah! Patatagin siya."[2]

## 60. Panalangin sa pagdalaw ng libingan.

١٦٥. السَّلاَمُ عَلَيْكُمْ أَهْلَ الدِّيَارِ، مِنَ الْمُؤْمِنِيْنَ وَالْمُسْلِمِيْنَ، وَإِنَّا إِنْ شَاءَ اللهُ بِكُمْ لاَحِقُوْنَ ( وَيَرْحَمُ اللهُ الْمُسْتَقْدِمِيْنَ مِنَّا وَالْمُسْتَأْخِرِيْنَ) أَسْأَلُ اللهَ لَنَا وَلَكُمُ الْعَافِيَةَ.

[1]. Abu Dawud 3/314 ang mga pinagmulan nito ay mapagkatiwalaan. Naitala rin ni Ahmad ang ganito: " Sa ngalan ng Allah at ayon sa relihiyon ng Sugo ng Allah." mapagkakatiwalaan na rin ang pinanggalingan nito.

[2]. Ang nakasanayan ng Propeta S ay humihinto siya pagkatapos ng paglilibing at sinasabihan ang mga tao: "Manalangin sa Allah upang patawarin ang inyong kapatid at manalangin para sa kanya upang siya'y maging matatag dahil katunayan, siya sa kasalukuyan ay tinatanong." Abu Dawud 3/315 at Al-Hakim 1/370 na sinabing ito ay mapagkatiwalaan at sinang-ayunan ni Ath-Thahabi.

**"ASSALAMU ALAIKOM AHLAD-DIYAAR, MINAL MU'MINI-NA WAL MUSLIMI-NA, WA INNA INSHA ALLA-HU BIKOM LA-HIQUN (WA YAR'HAMULLA-HUL MUSTAQDIMI-NA MINNA WAL MUSTA-'KHIREEN) AS-ALULLA-HU LANA WALAKOMUL-'A-FIYAH ".**

"Sumainyo nawa ang kapayapaan, sa mga naninirahan ng libingan na ito, nagmumula sa mga naniniwalang Mu'min at Muslim. At katotohanan! Kami kung pumayag ang Allah ay makakasama ninyo. Pagpalain nawa ng Allah ang mga nauna sa atin at ang mga pinakahuli sa atin. Idinadalangin ko sa Allah na pagkalooban kami at kayo ng lakas-ng-loob." [1]

## 61. Panalangin kapag dumaan ang malakas na hangin.

١٦٦. اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ خَيْرَهَا، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّهَا.

**"ALLA-HUMMA INNI AS-ALOKA 'KHAYRAHA, WA A'U'THOBIKA MIN SHARRIHA."**

"O Allah! Hinihilingin ko ang mga kabutihan (na maipagkakaloob) nito at ako'y nagpapakukop sa Iyo mula sa mga kasamaang (maidudulot) nito[2]."

١٦٧. اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ خَيْرَهَا، وَخَيْرَ مَا فِيهَا، وَخَيْرَ مَا أُرْسِلَتْ بِهِ
وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّهَا، وَشَرِّ مَا فِيهَا، وَشَرِّ مَا أُرْسِلَتْ بِهِ.

**"ALLA-HUMMA INNI AS-ALOKA 'KAYRAHA, WA 'KHAYRA MA FI-HA, WA KHAYRA MA URSILAT BIHI WA-**

---

[1]. Muslim 2/671, Ibn Majah 1/494, ang parting may panaklong ay nagmumula kay Muslim 2/671

**A-'UTHOBIKA MIN SHARRIHA, WA SHARRI MA FI-HA, WA SHARRI MA URSILAT BIHI."**

O Allah! hinihiling ko ang mga kabutihan (na maipagkakaloob ) nito. Ang mga kabutihang nilalaman nito, At mga kabutihan nito kung bakit ito'y ipinadala. At ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa mga kasamaan nito, at ang kasamaang niloloob nito, at mula sa mga kasamaan kung bakit ito'y ipinadala."[1]

## 62. Panalangin kapag kumulog.

١٦٨. سُبْحَانَ الَّذِي يُسَبِّحُ الرَّعْدُ بِحَمْدِهِ وَالْمَلاَئِكَةُ مِنْ خِيفَتِهِ.

**" SUB'HA-NALLATHEE YUSABBI'HUR RA'DU BI'HAMDIHI WA MALA-IKATIHI MIN 'KHI-FATIHI."**

"Kaluwalhatian sa Kanya na Siyang niluluwalhati ng kulog at mga anghel sa kadahilanang pagkatakot sa Kanya."[2]

## 63. Mga Panalangin para sa ulan.

١٦٩. اللَّهُمَّ أَسْقِنَا غَيْثاً مُغِيثاً مَرِيئاً مُرِيعاً نَافِعاً غَيْرَ ضَارٍّ، عَاجِلاً غَيْرَ آجِلٍ.

**" ALLA-HUMMA ASQINA 'GHAY'THAN MUGI-'THAN MARI-AN MURI-'AN, NA-FI'AN 'GHAYRA 'DA-R RIN, 'A-JILAN 'GHAYRA 'A-JIL."**

---

[1] . Muslim 2/616, Al-Bukhari 4/76.

[2] . Sa tuwing naririnig ni Abdullah bin Zubair ang kulog ay iniiwanan niya ang lahat ng pakikipag-usap at binabanggit niya ang panalangin na ito. Tingnan ang *Al-Muwatta' 2/992*. Tinaguriang mapagkatiwalaan ito ni Al-Albani na ito'y salita lamang ni Abdullah bin Zubair.

"O Allah! paulanan kami ng maramng ulan, (ulan na) makapagbibigay ng benepisyo at hindi makapipinsala sa lalong madaling panahon at huwag maantala." [1]

١٧٠. اللَّهُمَّ أَغِثْنَا، اللَّهُمَّ أَغِثْنَا، اللَّهُمَّ أَغِثْنَا.

**"ALLA-HUMMA AGITHNA, ALLA-HUMMA AGITHNA, ALLA-HUMMA AGITHNA."**

"O Allah! Pagkalooban Mo kami ng kaginhawahan. O Allah! Pagkalooban Mo kami ng kaginhawahan. O Allah! Pagkalooban Mo kami ng kaginhawahan."[2]

١٧١. اللَّهُمَّ اسْقِ عِبَادَكَ، وَبَهَائِمَكَ، وَانْشُرْ رَحْمَتَكَ، وَأَحْيِ بَلَدَكَ الْمَيِّتَ.

**"ALLA-HUMMASQI 'IBA-DAKA, WA BAHA-IMAKA, WANSHOR RA'HMATAKA, WA A'HYI BALADAKAL MAYYITA."**

O Allah! pagkalooban Mo ng tubig ang Iyong mga alipin at ang Iyong mga hayupan, At ipaabot sa kanila ang Iyong awa at buhayin (para sa kanila) ang Iyong patay na lupa." [3]

## 64. Panalangin kapag umulan.

١٧٢. اللَّهُمَّ صَيِّبًا نَافِعًا.

**" ALLA-HUMMA 'SAYYIBAN NA-FI'AN."**

---

[1]. Abu Dawud 1/3030 Basahin din ang kay Al-Albani *Sahih Abu Dawud 1/216.*

[2]. Al-Bukhari 1/224, Muslim 2/613.

[3]. Abu Dawud 1/305. tinagurian ito ni Al-Albani bilang mabuti sa Abu Dawud 1/218.

O Allah! Maging ang ulap ng ulan na ito ay makapagbigay ng pakinabang." [1]

## 65. Panalangin pagkatapos ng ulan.

١٧٣. مُطِرْنَا بِفَضْلِ اللهِ وَرَحْمَتِهِ.

**"MU'TIRNA BI FA'DLILLA-HI WA RA'HMATIHI."**

"Kami'y binigyan ng ulan ayon sa biyaya ng ALLAH at (Kanyang) awa."

## 66. Panalangin para huminto ang ulan o lumiwanag ang kalawakan.

١٧٤. اللَّهُمَّ حَوَالَيْنَا وَلاَ عَلَيْنَا. اللَّهُمَّ عَلَى الآكَامِ وَالظِّرَابِ، وَبُطُونِ الأَوْدِيَةِ، وَمَنَابِتِ الشَّجَرِ.

**"ALLA-HUMMA 'HAWA-LAYNA WALA 'ALAYNA. ALLA-HUMMA 'ALAL A-KA-MI WATH-THIRA-BI, WA BUTU-NIL AWDIYATI, WA MANA BITIS SHAJARI."**

"O Allah! hayaang (bumuhos) ang ulan sa aming kapaligiran at huwag sa amin (ang bagsak ng ulan), O Allah! hayaang ito'y bumuhos sa mga burol at bundok at sa kalagitnaan ng mga lambak at mga bulubunduking lugar." [2]

## 67. Panalangin pagkakita sa bagong buwan.

١٧٥. اللهُ أَكْبَرُ، اللَّهُمَّ أَهِلَّهُ عَلَيْنَا بِالأَمْنِ وَالإِيمَانِ، وَالسَّلاَمَةِ وَالإِسْلاَمِ، وَالتَّوْفِيقِ لِمَا تُحِبُّ رَبَّنَا وَتَرْضَى، رَبُّنَا وَرَبُّكَ اللهُ.

**"ALLA-HU AKBAR, ALLA-HUMMA AHILLAHU 'ALAYNA BIL AMNI WAL EEMANI, WASSALA-MATI WAL ISLA-MI, WAT**

[1]. Al-Bukhari, Al-Asqalani, *Fath Al-Barri* 2/518.
[2]. Al-Bukhari 1/224, Muslim 1/614.

**TAWFI-QI LIMA TU'HIBBO RABBANA WATAR'DA, RABBUNA WA RABBUKALLAH."**

"Ang Allah ay Dakila. O Allah! gawin para sa amin ang (pagsapit ng) bagong buwan na katiwasayan at Paniniwala, kapayapaan at Islam na ito ay umaayon sa minamahal ng aming Panginoon at makapagbibigay sa Kanya ng kasiyahan. Ang aming Panginoon at ang inyong Panginoon ay ang Allah." [1]

## 68. Mga panalangin kapag kakain para sa Iftar.

١٧٦. ذَهَبَ الظَّمَأُ وَابْتَلَّتِ الْعُرُوقُ، وَثَبَتَ الأَجْرُ إِنْ شَاءَ اللهُ.

**""THAHABA-'THTHAMAU WABTALLATIL 'URU-QU, WA 'THABATAL AJRU INSHA ALLAH."**

"Naalis ang uhaw, at ang mga ugat ay nabasa, at ang gantimpala'y tiyak, kung pumayag ang Allah." [2]

١٧٧. اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ بِرَحْمَتِكَ الَّتِي وَسِعَتْ كُلَّ شَيْءٍ أَنْ تَغْفِرَ لِي.

**"ALLA-HUMMA INNI AS-ALOKA BIRA'HMATIKAL LATI WASI'AT KOLLA SHAY-IN AN TAGHFIRALEY."**

"O Allah! Hinihiling ko ayon sa Iyong Awa na sumasaklaw sa lahat ng bagay, upang ako ay Iyong patawarin." [1]

---

[1] . At-Tirmithee 5/504, Ad-Darimi 1/336 tingnan din ang Al-Albani, Sahih At-Tirmithee 3/157.

[2] . Abu Dawud 2/306 at iba pa. Basahin ang Al-Albani *Sahih Al-Jami' As-Saghir* 4/209.

## 69. Mga panalangin bago kumain.

١٧٨. إِذَا أَكَلَ أَحَدُكُمْ طَعَاماً فَلْيَقُلْ بِسْمِ اللهِ، فَإِنْ نَسِيَ فِي أَوَّلِهِ فَلْيَقُلْ بِسْمِ اللهِ فِي أَوَّلِهِ وَآخِرِهِ.

Kapag kakain ang isa sa inyo ay hayaang banggitin ang "BISMILLAH (Sa Ngalan ng Allah)" at kung nakalimutan ito sa umpisa, ay hayaang banggitin ang "**BISMILLA-HI FI AWWALIHI WA A-'KHIRIHI** (Sa Ngalan ng Allah, sa umpisa at sa hulihan)."[2]

١٧٩. مَنْ أَطْعَمَهُ اللهُ الطَّعَامَ فَلْيَقُلْ: اللَّهُمَّ بَارِكْ لَنَا فِيهِ وَأَطْعِمْنَا خَيْراً مِنْهُ، وَمَنْ سَقَاهُ اللهُ لَبَناً فَلْيَقُلْ اللَّهُمَّ بَارِكْ لَنَا فِيهِ وَزِدْنَا مِنْهُ.

Ang sinumang bigyan ng Allah ng pagkain ay dapat niyang banggitin ang:

**"ALLA-HUMMA BA-RIK LANA FI-HI WA A'T'IMNA 'KHAYRAN MINHU"**

"O Allah! Pagpalain Mo kami kung anumang niloloob nito at pakainin kami ng higit ng mabuti rito",
At sinuman ang bigyan ng Allah ng gatas ay dapat niyang banggitin ang:

**"ALLA-HUMMA BA-RIK LANA FI-HI WA ZIDNA MINHU"**

"O Allah! Pagpalain Mo kami sa anumang nilalaman nito, At bigyan kami nang karagdagang higit pa rito".[3]

---

[1] . Ibn Majah 1/557 mula sa dalangin ni Abdullah bin Amr. Tinagurian ito ni Al-Hafidh bilang maganda sa kanyang pagsusuri sa aklat ni An-Nawawi *Kitabul Athkar*. Basahin din ang *Sharhul-Athkar* 4/342.

[2] . Abu Dawud 3/347. At-Tirmithee 4/288. Basahin ang *Sahih At-Tirmithee* ni Al-Albani 2/167

## 70.Panalangin pagkatapos kumain.

١٨٠. الْحَمْدُ لِلَّهِ الَّذِي أَطْعَمَنِي هَذَا، وَرَزَقَنِيهِ، مِنْ غَيْرِ حَوْلٍ مِنِّي وَلاَ قُوَّةٍ.

**"AL'HAMDULILLA-HIL LA'THEE AT'AMANI HA'THA, WARAZAQANI-HI, MIN 'GHAYRI 'HAWLIN MINNI WALA QUWWATIN."**

"Ang lahat ng papuri ay para sa Allah, na Siyang nagbigay sa akin ng pagkain na ito at tustusan ako nito gayunpamang ako'y walang sariling lakas upang ito aygawin at ni sarili kong kapangyarihan ay wala." [1]

١٨١. الْحَمْدُ لِلَّهِ حَمْداً كَثِيراً طَيِّباً مُبَارَكاً فِيهِ، غَيْرَ (مَكْفِيٍّ وَلاَ) مُوَدَّعٍ، وَلاَ مُسْتَغْنًى عَنْهُ رَبَّنَا.

**"AL'HAMDULILLA-HIL LA'THEE 'HAMDAN KATHI-RAN 'TAYYIBAN MUBA-RAKAN FI-HI, 'GHAYRA (MAKFIYYIN WALA) MUWADDA'IN, WALA MUSTA'GHNI 'ANHO RABBANA."**

"Ang papuri ay para sa Allah, taglay (Niya) ang mga magaganda at maraming pagpupuri at pagpapala. Hindi ito (mababayaran o di-kaya ay) maiwanan, o di kaya ay maaaring gawin na wala ang ating Panginoon." [2]

[1] At-Tirmithee, Abu Dawud at Ibn Majah. Basahin na rin ang *Sahih At-Tirmithee* ni Al-Albani 2/159.

[2] . Al-Bukhari 6/214, At-Tirmithee 5/507.

**71. Panalangin ng isang panauhin para sa mayhanda o maybesita.**

١٨٢. اللَّهُمَّ بَارِكْ لَهُمْ فِيمَا رَزَقْتَهُمْ، وَاغْفِرْ لَهُمْ وَارْحَمْهُمْ.

**"ALLA-HUMMA BA-RIK LAHUM FI-MA RAZAQTAHUM, WA'GHFIR LAHUM WAR'HAM HUM."**

"O Allah! Pagpalain sila sa anumang biyayang Iyong ipinagkaloob sa kanila. Patawarin sila at kaawaan sila." [1]

**72. Panalangin kapag inabutan ka ng inumin.**

١٨٣. اللَّهُمَّ أَطْعِمْ مَنْ أَطْعَمَنِي وَاسْقِ مَنْ سَقَانِي.

**"ALLA-HUMMA AT'IM MAN AT-'AMANI WASQI MAN SAQA-NI"**

"O Allah! Pakainin ang sinumang nagpakain sa akin at bigyan ng inumin ang sinumang binigyan ako ng mainum."[2]

[1]. Muslim 3/1615.
[2]. Muslim 3/126.

## 73. Panalangin sa pamilyang nag-anyaya sa iyo para sa Iftar.

١٨٤. أَفْطَرَ عِنْدَكُمُ الصَّائِمُونَ، وَأَكَلَ طَعَامَكُمُ الأَبْرَارُ، وَصَلَّتْ عَلَيْكُمُ المَلاَئِكَةُ.

**"AF'TARA 'INDAKOMUS SA-IMUNA, WA AKALA 'TA-A-MAKUMUL ABRA-RU, WA SALLAT 'ALAYKOMUL MALA-IKATU."**

" Kasama ninyo, yaong mga nag-aayunong nag-Iftar sa inyo. Inyong napakain yaong mga makatarungan at ang mga Anghel ay nananalangin para sa inyo." [1]

## 74. Panalangin ng isang nag-aayuno na inabutan ng pagkain subalit tinanggihan ito.

١٨٥. إِذَا دُعِيَ أَحَدُكُمْ فَلْيُجِبْ، فَإِنْ كَانَ صَائِماً فَلْيُصَلِّ وَإِنْ كَانَ مُفْطِراً فَلْيَطْعَمْ.

Kapag ikaw ay inaanyayahang kumain ay sumagot ka, at kung sakaling ikaw ay nag-aayuno ay manalangin (para sa nag-anyaya) at kung ikaw ay hindi nag-aayuno ay kumain ka." [2]

## 75. Ang sasabihin mo kapag ikaw ay nag-aayuno at mayroong gustong umaway sa iyo.

---

[1] . Abu Dawud 3/367, Ibn Majah 1/556, An-Nasai, *'Amal Al-Yawm wal-Lailah* 296-8. Tinagurian nito ni Al-Albani bilang kapani-paniwala sa *Sahih Abu Dawud* 2/730.

[2] . Muslim 2/1054.

١٨٦. إِنِّي صَائِمٌ، إِنِّي صَائِمٌ.

**"INNI SA-IMUN, INNI SA-IMUN"**

"Ako ay nag-aayuno, Ako ay nag-aayuno" [1]

## 76. Panalangin kapag nakita mo ang unang bunga ng palmera.

١٨٧. اللَّهُمَّ بَارِكْ لَنَا فِي ثَمَرِنَا، وَبَارِكْ لَنَا فِي مَدِينَتِنَا وَبَارِكْ لَنَا فِي صَاعِنَا، وَبَارِكْ لَنَا فِي مُدِّنَا.

**"ALLA-HUMMA BA-RIK LANA FI 'THAMARINA, WA BA-RIK LANA FI MADI-NATINA WA BA-RIK LANA FI SA-'INA, WA BA-RIK LANA FI MUDDINA."**

"O Allah! pagpalain Mo kami sa bunga ng aming palmera, pagpalin Mo ang aming bayan, pagpalain ang aming "Sa'a" [2] at pagpalain ang aming "Mudd [3]."

## 77. Panalangin kapag bumahin.

١٨٨. إِذَا عَطَسَ أَحَدُكُمْ فَلْيَقُلْ الْحَمْدُ لِلَّهِ، وَلْيَقُلْ لَهُ أَخُوهُ أَوْ صَاحِبُهُ: يَرْحَمُكَ اللَّهُ، فَإِذَا قَالَ لَهُ: يَرْحَمُكَ اللَّهُ، فَلْيَقُلْ: يَهْدِيكُمُ اللَّهُ وَيُصْلِحُ بَالَكُمْ.

" Sa panahong ikaw ay bumahin banggitin ang: "**AL'HAMDULILLAH** (Ang lahat ng Papuri ay para sa Allah)"

---

[1] . Al-Bukhari, Al-Asqalani, *Fath Al-Bari 4/103*, Muslim 2/806.

[2] . Ang isang Sa'a ay katumbas ng 4 ka Mudd.

[3] . Ang Mudd at Sa'a ay parehong timbangan na ginagamit sa mga tuyong produkto sa lupa sa panahon ng Propeta (sknk). Muslim 2/1000.

Dapat banggitin na rin ng mga kasamahan mo ang: "**YAR'HAMUKALLAH** (Suma iyo nawa ang pagpapala ng Allah),

Kapag binanggit sa iyo ng isa ang "**YAR'HAMUKALLAH**" ay dapat mo ring sabihin ang:

"**YAHDI KUMULLA-HU WAYUSLI'H BA-LAKUM** (Nawa'y patnubayan ka ng Allah at ayusin (Niya) sa iyo ang lahat mong gawain)." [1]

## 78. Ang dapat banggitin kapag bumahin ang kafir at pinuri ang Allah.

١٨٩. يَهْدِيكُمُ اللهُ وَيُصْلِحُ بَالَكُمْ.

"**YAHDI KUMULLA-HU WAYUSLI'H BA LAKUM.**"

"Nawa'y patnubayan ka ng Allah at ayusin (Niya) sa iyo ang lahat mong gawain." [2]

## 79. Panalangin para sa bagong kasal.

١٩٠. بَارَكَ اللهُ لَكَ وَبَارَكَ عَلَيْكَ، وَجَمَعَ بَيْنَكُمَا فِي خَيْرٍ.

"**BA-RAKALLA-HU LAKA, WABA-RAKA 'ALAYKA, WAJAMA-'A BAYNAKUMA FI-'KHAYRIN.**"

"Pagpalain ka nawa ng Allah (at sa iyong asawa), at iparating sa iyo ang Kanyang mga pagpapala at pagsamahin kayo ng mabuti." [3]

---

[1]. Al-Bukhari 7/125.

[2]. At-Tirmithi 5/82, Ahmad 4/400, Abu Dawud 4/308 tingnan din ang Al-Albani, *Sahih At-Tirmithi 2/354.*

[3]. Abu Dawud, Ibn Majah and At-Tirmithi. Basahin din ang Al-Albani, Sahih At-Tirmithi 1/317.

## 80. Ang panalangin ng bagong kasal at ano ang kanyang sasabihin kapag bibili ng hayop.

١٩١. اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ خَيْرَهَا وَخَيْرَ مَا جَبَلْتَهَا عَلَيْهِ وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّهَا وَشَرِّ مَا جَبَلْتَهَا عَلَيْهِ.

Kapag mayroon man sa inyo ang nag-asawa o di kaya ay kumuha ng katulong ay dapat niyang banggitin ang:

**"ALLA-HUMMA INNI AS-ALOKA 'KHAYRAHA WA 'KHAYRA MA JABALTAHA 'ALAYHI WA A'UTHOBIKA MIN SHARRIHA WA SHARRI MA JABALTAHA 'ALAYHI."**

"O Allah! hinihiling ko sa Iyo ang kabutihang taglay niya at mga kabutihan sa pagkakagawa Mo sa kanya. Ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa mga kasamaang taglay niya at mga kasamaan ng pagkakagawa Mo sa kanya."

Kung ikaw ay bumili ng Kamelyo ay dapat na hawakan mo ang kanyang umbok at banggitin na rin ang panalangin na ito, [1]

## 81. Panalanging babanggitin bago makipagtalik

١٩٢. بِسْمِ اللَّهِ . اللَّهُمَّ جَنِّبْنَا الشَّيْطَانَ، وَجَنِّبِ الشَّيْطَانَ مَا رَزَقْتَنَا.

**"BISMILLAHI ALLA-HUMMA JANNIB NAS SHAY'TA-NA WA JANNIBAS SHAY'TA-NA MA RAZAQTANA"**

[1]. Abu Dawud2/248 and Ibn Majah 1/617. Basahin din ang *Sahih Ibn Majah* ni Al-Albani 1/324.

"Sa Ngalan ng Allah. O Allah! Ilayo sa amin ang Satanas at ilayo na rin ang Satanas sa anumang Iyong ipagkakaloob sa amin." [1]

## 82. Panalangin ng isang nagagalit.

١٩٣. أَعُوذُ بِاللهِ مِنَ الشَّيْطَانِ الرَّجِيمِ

**"A'U'THOBILLA-HI MINAS SHAYTA-Nir rajeem."**

"Ako ay nagpapakupkop sa Allah mula sa mga kasamaan ng Satanas na (isinumpa at) binabato." [2]

## 83. Panalangin kapag nakakita ng isang tinamaan ng kamalasan.

١٩٤. الْحَمْدُ للهِ الَّذِي عَافَانِي مِمَّا ابْتَلاَكَ بِهِ وَفَضَّلَنِي عَلَى كَثِيرٍ مِمَّنْ خَلَقَ تَفْضِيلاً.

**"AL'HAMDULILLA-HIL LA'THEE 'A-FA-NI MIMMAB TALA-KA BIHI WA FA'DDALANI 'ALA KATHEERIN MIMMAN 'KHALAQA TAF'DI-LAN."**

"Ang lahat ng pagpupuri ay para sa Allah, na Siyang nagligtas sa akin mula sa mga pagsubok na iyong dinaranas at binigyan ako ng labis na pagtangkilik ayon sa dinami-dami Niyang mga nilikha." [3]

## 84. Ang babanggitin habang nakaupo sa isang pagtitipon.

---

[1]. Al-Bukhari 6/141, Muslim 2/1028.
[2]. Al-Bukhari7/99, Muslim 4/2015.
[3]. At-Tirmithi 5/493,4. Basahin din ang Sahih Al-Tirmithi ni Al-Albani 3/153.

١٩٥. عَنِ ابْنِ عُمَرَ قَالَ: كَانَ يُعَدُّ لِرَسُولِ اللهِ فِي الْمَجْلِسِ الْوَاحِدِ مِائَةَ مَرَّةٍ مِنْ قَبْلِ أَنْ يَقُومَ: رَبِّ اغْفِرْ لِي وَتُبْ عَلَيَّ إِنَّكَ أَنْتَ التَّوَّابُ الْغَفُورُ.

" Sinabi ni Ibn Umar (r.a.): Kinaugalian ng Sugo ng Allah (sknk) na banggitin sa iisang upuan ng isang daang beses ang **"RABBIGFIRLI WATUB 'ALAYYA INNAKA ANTATTAWWA-BUL 'GHAFUR."**

"Panginoon ko! Patawarin ako at tanggapin ang aking pagsisisi. Katotohanan! Ikaw ang Lubos na Maawain, ang Lubos na Mapagpatawad." [1]

## 85. Ang babanggitin sa pagtitipon para sa paghingi kapatawaran kung may nasabing hindi maganda (Kaffaratul Majlis).

١٩٦. سُبْحَانَكَ اللَّهُمَّ وَبِحَمْدِكَ، أَشْهَدُ أَنْ لاَ إِلَهَ إِلاَّ أَنْتَ، أَسْتَغْفِرُكَ وَأَتُوبُ إِلَيْكَ.

**"SUB'HA-NAKA ALLA-HUMMA WA BI'HAMDIKA, ASH-HADU ALLA-ILA-HA ILLA ANTA ASTA'GHFIRUKA WA-ATUBO ILAYK."**

"Kaluwalhatian sa Iyo, O Allah! at ang pagpupuri ay para sa Iyo. Ako ay sumasaksi na walang (diyos na) karapat-dapat sambahin maliban sa Iyo. Hinihiling ko ang Iyong kapatawaran at ako'y nagsisisi sa Iyo." [2]

---

[1]. Sahih Ibn Majah 2/321, basahin din ang Sahih At-Tirmithi ni Al-Albani 3/153.

[2]. Abu Dawud, Ibn Majah, At-Tirmithi at An-Nasa'i basahin din ang Sahih At-Tirmithi ni Al-Albani 3/153. Sinabi ni Aishah (r.a.a) Ang Sugo ng Allah ay hindi umupo sa isang pagtitipon at hindi nagbasa ng Kor'an at hindi nagsagawa ng anumang pagdarasal na bago siyang magtapos na hindi binabanggit ang ...(at bibanggit niya ang panalangin sa itaas). Ito ay nai-ulat ni An-Nasa'i sa Amal al-

## 86. Panalangin sa isang nagsabi sa iyo ng: "Nawa ay patawarin ka ng Allah."

**" WA LAKA"** ١٩٧. وَلَكَ

"At ikaw rin" [1]

## 87. Panalangin sa isang gumawa sa iyo ng kabutihan.

١٩٨. جَزَاكَ اللهُ خَيْراً

**" JAZA KALLA-HU 'KHAYRAN"**

"Nawa'y gantimpalaan ka ng Allah ng mabuti." [2]

## 88. Panalangin para sa panga-ngalaga ng Allah mula sa kasamaan ng Dajjal (bulaang kristo).

١٩٩. مَنْ حَفِظَ عَشْرَ آيَاتٍ مِنْ أَوَّلِ سُورَةِ الْكَهْفِ عُصِمَ مِنَ الدَّجَّالِ
وَالاسْتِعَاذَةُ بِاللهِ مِنْ فِتْنَتِهِ عَقِبَ التَّشَهُّدِ الأَخِيرِ مِنْ كُلِّ صَلاَةٍ.

" Ang sinumang makapagsaulo ng sampung talata mula sa pambungad na mga talata ng Surah Al-Kahf ay mapapangalagaan mula sa (mga kasamaan ng) Dajjal (bulaang kristo) at magpakupkop sa Allah mula sa

---

Yawm wal-Lailah (bilang 308) at tinagurian ito ni Dr. Farooq Hamadah bilang kapani-paniwala sa kanyang pagsisiyasat sa aklat na ito, pahina 273. Tingnan din ang kay Ahmad 6/77.

[1] . Ahmad 5/82, at An-Nasa'I sa 'Amal al Yawm wal-Lailah, pahina 273 at may kasamang pagsusuri ni Dr. Farooq Hamadah.

[2] . At-Tirmithi (bilang 2035), tingnan din ang Sahih Tirmithi 2/200 at Sahih Al-Jami' (bilang 6244).

kanyang mga pagsubok (ng Dajjal) pagkatapos ng huling Tashahhud sa bawat pagdarasal." [1]

## 89. Panalangin para sa isang nagsabi sa iyo ng: "Mahal kita alang-alang sa Allah."

٢٠٠. أَحَبَّكَ الَّذِي أَحْبَبْتَنِي لَهُ.

**"A'HABBAKAL LATHEE A'HBABTANI LAHU."**

"Nawa'y Siya, na alang-alang sa Kanya, ako ay iyong minahal, na mahalin ka." [2]

## 90. Panalangin sa isang nag-alok sa iyo para ikaw ay bahagian sa kanyang kayamanan.

٢٠١. بَارَكَ اللهُ لَكَ فِي أَهْلِكَ وَمَالِكَ.

**"BA-RAKALLA-HU LAKA FI AHLIKA WA MA-LIKA."**

"Nawa'y pagpalain ka ng Allah, sa iyong pamilya't ariarian." [3]

## 91. Panalangin sa isang nagpa-utang sa iyo ng pera, at pagkatanggap mo sa pautang ay iyong banggitin ang:

٢٠٢. بَارَكَ اللهُ لَكَ فِي أَهْلِكَ وَمَالِكَ إِنَّمَا جَزَاءُ السَّلَفِ الْحَمْدُ وَالأَدَاءُ.

**"BA-RAKALLA-HU LAKA FI AHLIKA WA MA-LIKA, INNAMA JAZA-US SALAFIL 'HAMDU WAL ADAA."**

---

[1] . Tingnan ang Hadith bilang 55 sa aklat na ito.
[2] . Abu Dawud 4/333. Tinaguriang maganda ni Al-Albani sa Sahih Abu Dawud 3/965.
[3] . Al-Bukhari, Al-Asqalani, Fath Al-Bari 4/88.

"Nawa'y pagpalain ka ng Allah, ang inyong pamilya't ari-arian, Katunayan ang gantimpala sa inutang ay puri at pagbabalik (o pagbabayad) sa (halaga ng) inutang." [1]

## 92. Panalangin ng dahil sa pagka-takot sa Shirk.

٢٠٣. اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ أَنْ أُشْرِكَ بِكَ وَأَنَا أَعْلَمُ، وَأَسْتَغْفِرُكَ لِمَا لاَ أَعْلَمُ.

**" ALLA-HUMMA INNI A'U'THOBIKA AN USHRIKA BIKA WA ANA A-'LAMU, WA ASTA'GHFIRUKA LIMA LA A-'LAMU."**

O Allah! ako ay nagpapakupkop sa Iyo, dahil maaaring ako ay makagagawa ng anumang pagtatambal sa Iyo ng sadyang may kaalaman, at hinihiling ko ang Iyong kapatawaran sa mga bagay na hindi ko alam." [2]

## 93. Panalangin sa isang sinabihang kang:"(BA-RAKALLA-HUFEEK)pagpalain ka nawa ng Allah."

٢٠٤. وَفِيكَ بَارَكَ اللهُ.

**" WA FI-KA BA-RAKALLA-H."**

"At pagpalain ka rin nawa ng Allah." [3]

---

[1]. An-Nasa.i, Amal al-Yawm wal-Lailah pahina 300, Ibn Majah 2/809. Tingnan din ang Al-Albani, Sahih Ibn Majah 2/55.

[2]. Ahmad 4/403. Tingnan din ang Al-Albani, Sahih Al-Jami' As-Saghir 3/233 at Sahih At-Targhib wat-Tarhib 1/19.

[3]. Ibn As-Sunni, p. 138, (no. 278), Basahin din ang Ibn Al-Qayyum, Al Wabil As-Sayyib, p. 304, may kasamang paglilitis ni Basheer Muhammad 'Uyoon.

## 94. Panalangin sa hudyat ng mga masasamang pangitain.

٢٠٥. اللَّهُمَّ لاَ طَيْرَ إِلاَّ طَيْـرُكَ، وَلاَ خَيْرَ إِلاَّ خَيْرُكَ، وَلاَ إِلَهَ غَيْرُكَ.

**"ALLA-HUMMA LA 'TAYRA ILLA 'TAYRUKA, WALA 'KHAYRA ILLA 'KHAYRUKA, WALA ILA-HA 'GHAYRUKA."**

"O Allah! walang pangitain maliban sa Iyong pangitain, walang kabutihan maliban sa Iyong kabutihan, at walang diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Iyo. [1]

## 95. Panalangin kapag nakasakay ng sasakyan o ng hayop.

٢٠٦. بِسْمِ اللهِ، وَالْحَمْدُ للهِ ((سُبْحَانَ الَّذِيسَخَّرَ لَنَا هَذَا وَمَا كُنَّا لَهُ مُقْرِنِيْنَ وَإِنَّا إِلَى رَبِّنَا لَمُنْقَلِبُوْنَ )) الْحَمْدُ للهِ، الْحَمْدُ للهِ، الْحَمْدُ للهِ، اللهُ أَكْبَرُ، اللهُ أَكْبَرُ، اللهُ أَكْبَرُ، سُبْحَانَكَ اللهُم إِنِّي ظَلَمْتُ نَفْسِي فَاغْفِرْ لِي، فَإِنَّهُ لاَ يَغْفِرُ الذُّنُوْبَ إِلاَّ أَنْتَ.

**"BISMILLA-HI WAL'HAMDULILLAH. SUB'HA-NAL LATHEE SA'KH'KHARALANA HA-'THA WAMA KUNNA LAHU MUQRINEENA WA INNA ILA RABBINA**

[1] . Ahmad 2/220, Ibn As-Sunni (no. 229), tingnan din ang Al-Albani , Silsilatul-Ahadith As Sahihah 3/54, (no. 1065), tungkol naman sa mga magagandang pangitain ay kasiya-siya sa Propeta (sknk) at kapag siya'y nakarinig ng mga magagandang pananalita ay malimit niyang sabihin: "may napulot kaming magandang pangitain mula sa iyong bibig."Abu Dawud, Ahmad. Tingnan din ang Al-Albani, Silsilatul-Ahadith As-Sahihah 2/363 at ito ay kasama kay Abu Ash-Shaikh Al-Asbahani sa Akhlaq An-Nabiyy, p. 270.

**LAMUNQALIBOON. AL'HAMDULILLAHI, AL'HAMDULILLAHI, AL'HAMDULILLAHI, ALLA-HU AKBARU, ALLA-HU AKBARU, ALLA-HU AKBAR. SUB'HA-NAKA ALLA-HUMMA INNI 'THALAMTU NAFSI FAGFIRLI, FAINNAHU LA YA'GHFIRUTH THUNU-BA ILLA ANTA."**

"Sa Ngalan ng Allah, At ang lahat ng pagpupuri ay para sa Allah. Kaluwalhatian sa Kanya, na Kanyang inilaan (ang sasakyan) para sa amin, , kahit na hindi kaya ng aming sarili upang magkaroon nito. At katotohanan nasa aming Panginoon ang aming pagbabalik. Ang pagpupuri ay para sa Allah, Ang pagpupuri ay para sa Allah, Ang pagpupuri ay para sa Allah, Ang Allah ay Dakila, Ang Allah ay Dakila, Ang Allah ay Dakila. Kaluwalhatian sa Iyo. O Allah! katotohanan niligaw ko ang sarili kong kaluluwa. Patawarin ako, dahil walang tiyak na makapagbibigay ng kapatawaran sa mga pagkakasala maliban sa Iyo[1]."

## 96. Panalangin para sa paglalakbay.

٢٠٧ . اللهُ أَكْبَرُ، اللهُ أَكْبَرُ، اللهُ أَكْبَرُ، ((سُبْحَانَ الَّذِي سَخَّرَ لَنَا هَذَا وَمَا كُنَّا لَهُ مُقْرِنِينَ وَإِنَّا إِلَى رَبِّنَا لَمُنْقَلِبُونَ )) اللَّهُمَّ إِنَّا نَسْأَلُكَ فِي سَفَرِنَا هَذَا الْبِرَّ وَالتَّقْوَى، وَمِنَ الْعَمَـــلِ مَا تَرْضَى، اللَّهُمَّ هَوِّنْ عَلَيْنَا سَفَرَنَا هَذَا وَاطْوِ عَنَّا بُعْدَهُ، اللَّهُمَّ أَنْتَ الصَّاحِبُ فِي السَّفَرِ، وَالْخَلِيفَةُ فِي الأَهْلِ، اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُـــوذُ بِكَ مِنْ وَعْثَاءِ السَّفَرِ، وَكَآبَةِ الْمَنْظَرِ، وَسُوْءِ الْمُنْقَلَبِ

[1] . Abu Dawud 3/34, At-Tirmithi 5/501. Tingnan din ang Al-Albani, Sahih At-Tirmithi 3/156.

فِي الْمَالِ وَالأَهْلِ )) وَإِذَا رَجَعَ قَالَهُنَّ وَزَادَ فِيهِنَّ: " آيِبُونَ، تَائِبُونَ،
عَابِدُونَ، لِرَبِّنَا حَامِدُونَ.

**"ALLAHU AKBAR, ALLAHU AKBAR, ALLAHU AKBAR, (SUB'HA-NAL LATHEE SA'KHKHARALANA HA-'THA WAMA KUNNA LAHU MUQRINEENA WA INNA ILA RABBINA LAMUNQALIBOON.) ALLA-HUMMA INNA NAS-ALUKA FI SAFARINA HA-'THAL BIRRA WAT TAQWA, WA MINAL 'AMALI MA TAR'DA. ALLA-HUMMA HAWWIN 'ALAYNA SAFARANA HA-'THA WA'TWI 'ANNA BO-'DAHU, ALLA-HUMMA ANTAS SA-'HIBU FIS SAFARI, WAL 'KHALI-FATU FIL AHLI. ALLA-HUMMA INNI A'U'THOBIKA MIN WA-'A'THA-IS SAFARI, WAKA-'BATIL MAN'THARI,WASU-IL MUNQALABI, FIL MA-LI WAL AHL."**

"Ang Allah ay Dakila, Ang Allah ay Dakila, Ang Allah ay Dakila. "Sa Ngalan ng Allah, At ang lahat ng pagpupuri ay para sa Allah. Kaluwalhatian sa Kanya, na Kanyang inilaan (ang sasakyan) para sa amin, kahit na hindi kaya ng aming sarili upang magkaroon nito. At katotohanan nasa aming Panginoon ang aming pagbabalik. O Allah! hinihiling namin sa Iyo ang kabutihan at kabanalan ng paglalakbay namin na ito, at sa mga gawaing makapagbibigay sa Iyo ng kasiyahan. O Allah! pagaanin sa amin ang paglalakbay na ito at gawing magaan para sa amin ang layo (ng paglalakbay) nito. O Allah! Ikaw ang kasama namin sa daan at Tagapag-alaga sa aming pamilya. O Allah! ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa mga kahirapan ng paglalakbay na ito at sa mga paninging hindi maganda sa aking mga iniwan at sa mga kasamaan ng aking pagbabalik sa aking mga ari-arian at pamilya."

*At sa iyong pagbabalik ay manalangin ulit at idagdag ito:*

((آيِبُونَ، تَائِبُونَ، عَابِدُونَ، لِرَبِّنَا حَامِدُونَ))

**"A-YIBUNA, TA-IBUNA, 'A-BIDUNA, 'HA-MIDOON"**

"Kami ay bumabalik ng nagsisisi (sa aming Panginoon), sinasamba (ang aming Panginoon) at pinupuri ang aming Panginoon."[1]

## 97. Panalangin sa pagpasok sa isang bayan o siyudad.

٢٠٨. اللَّهُمَّ رَبَّ السَّمَوَاتِ السَّبْعِ وَمَا أَظْلَلْنَ، وَرَبَّ الأَرَضِينَ السَّبْعِ وَمَا أَقْلَلْنَ، وَرَبَّ الشَّيَاطِينِ وَمَا أَضْلَلْنَ، وَرَبَّ الرِّيَاحِ وَمَا ذَرَيْنَ. أَسْأَلُكَ خَيْرَ هَذِهِ الْقَرْيَةِ وَخَيْرَ أَهْلِهَا، وَخَيْرَ مَا فِيهَا وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّهَا، وَشَرِّ أَهْلِهَا، وَشَرِّ مَا فِيهَا.

**"ALLA-HUMMA RABBAS SAMA-WA-TIWAS SAB-'EY WAMA A'THLALNA, WA RABBAL ARA'DI-N AS SAB-'EY WAMA AQLALNA, WA RABBAS SHAYA-'TI-NI WAMA A'THLALNA, WA RABBAR RIYA-HI WAMA 'THARAYNA. AS-ALUKA 'KHAYRA HA-'THEHIL QARYATIHI WA 'KHAYRA AHLIHA, WA 'KHAYRA MA-FI-HA, WA A-'U'THOBIKA MIN SHARRIHA, WA SHARRI AHLIHA, WA SHARRI MA-FI-HA."**

"O Allah! Panginoon ng pitong mga kalangitan at ang lahat ng nililiman nito , Panginoon ng pitong kalupaan at lahat ng dinadala nito. Panginoon ng mga Demonyo at lahat ng naligaw nila, Panginoon ng Hangin at lahat ng naaabutan nito. Hinihiling ko sa Iyo ang kabutihan

[1]. Muslim 2/998.

ng bayan na ito, at kabutihan ng mga tao dito at lahat ng kabutihang nilalaman nito. Ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa mga kasamaan nito, mula sa kasamaan ng mga tao nito at mula sa mga kasamaang nilalaman nito." [1]

## 98. Panalangin para sa pagpasok sa palingke.

٢٠٩. لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ وَحْدَهُ لاَ شَرِيكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ وَلَهُ الْحَمْدُ، يُحْيِي وَيُمِيتُ، وَهُوَ حَيٌّ لاَ يَمُوتُ، بِيَدِهِ الْخَيْرُ، وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ.

**" LA-ILA-HA ILLA-LLA-HU WA'HDAHU LA-SHARI-KALAHU, LAHUL MULKO WALAHUL 'HAMDU, YU'HYI WA YUMEETU, WA HUWA 'HAYYUN LA YAMU-TU, BIYADIHIL 'KHAYRU, WA HUWA 'ALA KULLI SHAY-IN QADEER."**

"Walang diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Allah ng Nag-iisa, walang katambal. Sa Kanya ang Pagmamay-ari ng lahat at sa Kanya ang lahat ng Kapurihan. Pinangyayari Niya ang buhay at pinangyayari Niya ang kamatayan at Siya ay Buhay at hindi namamatay. Sa Kanyang mga kamay (tanganan) ang lahat ng mabuti at Siya'y may kakayahan sa lahat ng bagay." [2]

## 99. Panalangin kapag ang iyong sinasakyan o sasakyan ay nag-uumpisa ng masira.

---

[1] . Tinagurian ito bilang kapani-paniwala ni Al-Hakim at sumang-ayon si Ath-Thahabi 2/100 at si Ibn As-Sunni (no. 524).Tinagurian din ito ni Al-Hafidah bilang mabuti mula sa kanyang mga pagsusuri sa Al-Athkar 5/154. Sinabi ni Ibn Baz sa kanyang Tuhfatul-Akhyar p. 37 na naitala ito ni An-Nasai na maganda ang mga pinagmulan nito.

[2] . At-Tirmithi 5/291 at Al-Hakim 1/538, tinagurian Ni Al-Albani bilang mabuti sa Sahih Ibn Majah 2/21 at Sahih At-Tirmithi 3/153.

٢١٠. بِسْمِ اللهِ.

**"BISMILLA-HI".**

"Sa Ngalan ng Allah" [1]

## 100. Panalangin ng naglalakbay para sa kanyang mga iniwan.

٢١١. أَسْتَوْدِعُكُمُ اللهَ الَّذِي لاَ تَضِيعُ وَدَائِعُهُ.

**" ASTAWDI-'UKOMULLA-HA ALLA'THEE LA TADI-'U WADA-I 'UHO."**

"Kayo'y aking iiwan sa pangangalaga ng Allah, na kailanma'y hindi nawawala ang anumang ipinagkatiwala sa Kanya." [2]

## 101. Mga panalangin ng mga iniwanan para sa naglalakbay.

٢١٢. أَسْتَوْدِعُ اللهَ دِينَكَ، وَأَمَانَتَكَ، وَخَوَاتِيمَ عَمَلِكَ.

**"ASTAWDI'ULLA-HA DI-NAKA, WA AMA-NATAKA, WA 'KHAWA-TI-MA 'AMALIKA."**

"Iniwan ko sa pangangalaga ng Allah ang iyong relihiyon, at (ganoon din ang) iyong kaligtasan, at ang kahulihulihan ng iyong mga gawa." [3]

---

[1] . Abu Dawud 4/296. Tinagurian ni Al-Albani bilang kapani-paniwala sa Sahih Abu Dawud 3/941.

[2] . Ahmad 2/403, Ibn Majah 2/943. Tingnan din ang Al-Albani, Sahih Ibn Majah 2/133.

[3] . Ahmad 2/7, At-Tirmithi 5/499. Tingnan din ang Al-Albani, Sahih At-Tirmithi 2/155.

٢١٣. زَوَّدَكَ اللهُ التَّقْوَى، وَغَفَرَ ذَنْبَكَ، وَيَسَّرَ لَكَ الْخَيْرَ حَيْثُ مَا كُنْتَ.

**"ZAWWADAKALLA-HUT TAQWA, WA 'GAFARA 'THAMBAKA, WA YASSARA LAKAL 'KHAYRA 'HAY'THU MA-KUNTA."**

"Pagkalooban ka nawa ng Allah ng Taqwa (pagkatakot sa mga ipinagbabawal at pagsunod sa mga ipinag-utos) bilang iyong panustus, at patawarin ang iyong kasalanan, at gawing magaan ang mga kabutihang para sa iyo saan ka man naroroon." [1]

## 102. Ang Takbeer at Tasbeeh sa paglalakbay.

٢١٤. قَالَ جَابِر رَضِيَ اللهُ عَنْهُ: كُنَّا إِذَا صَعَدْنَا كَبَّرْنَا، وَإِذَا نَزَلْنَا سَبَّحْنَا.

"Sinabi ni Jabir (r.a.): "Sa tuwing kami ay paakyat sa bundok (o sa matataas na lugar) ay binabanggit namin ang **ALLA-HU AKBAR "Ang Allah ay Dakila"** (الله أكبر) at sa tuwing kami ay pababa ay binabanggit namin ang **"SUB'HA-NALLAH** "Kaluwalhatian sa Allah" (سبحان الله) "[2]

---

[1]. At-Tirmithi. Tingnan ang Al-Albani, Sahih At-Tirmithi 3/155.

[2]. Al-Bukhari, Al-Asqalani, Fath Al-Bari 6/135.

## 103. Ang panalangin ng isang naglalakbay sa umaga.

٢١٥. سَمِعَ سَامِعٌ بِحَمْدِ اللهِ، وَحُسْنِ بَلَائِهِ عَلَيْنَا، رَبَّنَا صَاحِبْنَا، وَأَفْضِلْ عَلَيْنَا عَائِذاً بِاللهِ مِنَ النَّارِ.

**"SAMI'A SA-MI'UN BI'HAMDILLA-HI, WA'HUSNI BALA-IHI 'ALAYNA, RABBANA SA-'HIBNA, WA AF'DIL 'ALAYNA 'A-IDAN BILLA-HI MINAN-NAAR."**

"Sinumang nakinig ay kanyang narinig na aming pinuri ang Allah sa mga kabutihang Kanyang ipinagkaloob sa amin. Panginoon namin, maging kasama ka sa amin, ipakita sa amin ang iyong kagandahang-loob. Ako'y nagpapakupkop sa Allah mula sa Apoy." [1]

## 104. Panalangin kapag bumaba ng pansamantala sa isang bahay o pook habang naglalakbay.

٢١٦. أَعُوذُ بِكَلِمَاتِ اللهِ التَّامَّاتِ مِنْ شَرِّ مَا خَلَقَ.

**"A'U'THO BIKALIMA-TILLA-HIT TAMMA-TI MIN SHARRI MA 'KHALAQ."**

---

[1] . Muslim 4/2086. Ang kahulugan ng *"Sami'a Sa-mi'u (sinumang nakinig ay kanyang nakarinig)* ay, yaong mga saksi ay kanilang nasaksihan na aming pagpupuri sa Allah dahil sa Kanyang mga pagpapala at kagandahang-loob sa amin. Ito'y maaari na ring basahin ng *"Samma'a sa-mi'un* , na ang kahulugan nito ay *(Sinumang nakarinig sa sinabi kong ito ay iparating sa iba na kanya ring babanggitin ito)*. Ito ay dahil sa pagbibigay ng pansin sa *Thikr (paggunita sa Allah)* at mga panalangin sa madaling araw. Ang kahulugan ng *"Aming Panginoon, maging kasama ka namin at ipagkaloob sa amin ang iyong kagandahang-loob"* ay: Panginoon namin, alagaan kami at bantayan kami. Pagpalain kami sa napakarami mong biyaya at ilayo sa amin ang anumang kasamaan. Tingnan ang An-Nawawi, Sharh Sahih Muslim 17/39.

"Ako ay nagpapakupkop sa Ganap na mga Salita ng Allah mula sa kasamaan ng Kanyang mga nilikha." [1]

**105. Ang babanggitin habang pauwi mula sa paglalakbay.**

٢١٧. يُكَبِّرُ عَلَى كُلِّ شَرَفٍ ثَلاَثَ تَكْبِيرَاتٍ ثُمَّ يَقُولُ: لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ وَحْدَهُ لاَ شَرِيكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ، وَلَهُ الْحَمْدُ، وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ، آيِبُونَ، تَائِبُونَ، عَابِدُونَ، لِرَبِّنَا حَامِدُونَ، صَدَقَ اللهُ وَعْدَهُ، وَنَصَرَ عَبْدَهُ، وَهَزَمَ الأَحْزَابَ وَحْدَهُ.

Sa bawat matataas na lugar ay banggitin mo ang **"ALLA-HU AKBAR** (Ang Allah ay Dakila) ng tatlong beses, at pagkatapos ay isaulo ito:

**"LA-ILA-HA ILLALLA-HU WA'HDAHU LA SHARI-KALAHU, LAHUL MULKO WA LAHUL 'HAMDU, WA HUWA 'ALA KOLLI SHAY-IN QADEER. A-YEBUNA, TA-IBUNA, 'A-BIDUNA, LIRABBINA 'HA-MIDUNA, SADAQALLA-HU WA'ADAHU, WA NASARA 'ABDA, WA HAZAMAL A'HZA-BA WA'HDAH.**

"Walang diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Allah ng nag-iisa, walang katambal, sa Kanya ang Kamahalan at Siya ang Kapurian at Siya ay may kakayahan sa lahat ng bagay. Kami'y bumalik ng nagsisisi, sumasamba at pinupuri ang aming Panginoon. Tinupad ng Allah ang Kanyang pangako at tinulungan ang Kanyang Alipin at Siyang nag-iisa ay

[1]. Muslim 4/2080.

tinalo Niya ang kompederasyon (Liga o Lapian ng mga Quraish at mga Mushrikeen)." [1]

## 106. Ano ang babanggitin kapag may dumating na pangyayaring maaaring makapigbibigay ng kasiyahan o kawalang-kasiyahan.

٢١٨. كَانَ إِذَا أَتَاهُ الأَمْرُ يَسُرُّهُ قَالَ: الْحَمْدُ للهِ الَّذِي بِنِعْمَتِهِ تَتِمُّ الصَّالِحَاتِ وَإِذَا أَتَاهُ الأَمْرُ يَكْرَهُهُ قَالَ: الْحَمْدُ للهِ عَلَى كُلِّ حَالٍ.

Kapag may nangyaring bagay na nakapagdulot ng kasiyahan sa Propeta ﷺ ay kanyang binabanggit ang:

**"AL'HAMDULILLA-HIL LA'THEE BINI'-MATIHI TATIMMUS SA-LI'HAT"**

"Ang papuri ay para sa Allah at dahil sa Kanyang pagpapala ay naging ganap ang mga mabubuting bagay"
at kapag mayroong bagay na nakapagdulot sa kanya ng hindi maganda ay kanyang binabanggit ang:

**"AL'HAMDULILLA-HI 'ALA KULLI 'HA-L"**

"Ang lahat ng papuri ay para sa Allah sa lahat ng pangyayari." [2]

## 107. Mga kahalagahan ng pagpapadala ng "Salawat" para sa Propeta ﷺ .

[1]. Bukhari 7/163, Muslim 2/980. Ang Propeta (sknk) ay binabanggi ito sa tuwing siya'y nanggaling sa panganganpanya o sa Hajj.

[2]. Ibn As-Sunni, 'Amal Al-Yawm wal Lailah at Al-Hakim na tinagurian niya ito bilang kapanipaniwala 1/499. Tingnan din ang Al-Albani, Sahih Al-Jami' As-Saghir 1/288.

٢١٩. قَالَ ﷺ : مَنْ صَلَّى عَلَيَّ صَلاَةً صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ بِهَا عَشْرًا.

Sinabi ng Propeta ﷺ : "Sinumang magpadala sa akin ng isang Salawat (panalangin sa Allah) ay padadalhan na rin siya ng Allah ﷻ ng sampung beses." [1]

٢٢٠. وَقَالَ ﷺ: لاَ تَجْعَلُوا قَبْرِي عِيدًا وَصَلُّوا عَلَيَّ، فَإِنَّ صَلاَتَكُمْ تَبْلُغُنِي حَيْثُ كُنْتُمْ.

Sinabi ng Propeta ﷺ : Huwag gawin ang aking libingan na pook ng pagdiriwang subalit ipanalangin ako sa Allah dahil ang inyong panalangin (para sa akin) ay makakarating sa akin saan man kayo naroroon." [2]

٢٢١. قَالَ ﷺ : الْبَخِيلُ مَنْ ذُكِرْتُ عِنْدَهُ فَلَمْ يُصَلِّ عَلَيَّ.

Sinabi ng Propeta ﷺ : Ang kahabag-habag ay yaong nabanggit ako sa kanyang harapan at hindi nagpadala para sa akin ng (panalangin ng) pagpapala.

٢٢٢. قَالَ ﷺ: إِنَّ لِلَّهِ مَلاَئِكَةً سَيَّاحِينَ فِي الأَرْضِ يُبَلِّغُونِي مِنْ أُمَّتِي السَّلاَمَ.

Sinabi ng Propeta ﷺ : Katunayan ang Allah ﷻ ay mayroong mga Anghel na nalilibot ang daigdig at ipinaparating sa akin ang mga pagbati (o mga

---

[1]. Muslim 1/288.
[2]. Abu Dawud 2/218, Ahmad 2/367. Tinagurian ito ni Al - Albani na kapani-paniwala sa Sahih Abu-Dawud 2/383.

panalangin ng kapayapaan) ng aking mga tauhan (Ummah). [1]

٢٢٣. قَالَ ﷺ: مَا مِنْ أَحَدٍ يُسَلِّمُ عَلَيَّ إِلاَّ رَدَّ اللهُ عَلَيَّ رُوحِي حَتَّى أَرُدَّ عَلَيْهِ السَّلاَمَ.

Sinabi ng Propeta ﷺ : "Walang sinumang nagpadala ng pagbati (o panalangin ng kapayapaan) para sa akin maliban sa ibinabalik sa akin ng Allah ﷻ ang aking kaluluwa para maibalik ko sa kanya ang pagbati niya sa akin." [2]

## 108. Ang kahalagahan ng pagbati ng Salam (Kapayapaan).

٢٢٤. قَالَ رَسُولُ اللهِ ﷺ لاَ تَدْخُلُوا الْجَنَّةَ حَتَّى تُؤْمِنُوا، وَلاَ تُؤْمِنُوا حَتَّى تَحَابُّوا، أَوَلاَ أَدُلُّكُمْ عَلَى شَيْءٍ إِذَا فَعَلْتُمُوهُ تَحَابَبْتُمْ، أَفْشُوا السَّلاَمَ بَيْنَكُمْ.

Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ : "Hindi kayo makakapasok sa Paraiso hangga't hindi kayo maniwala, at hindi kayo makapaniwala hangga't hindi kayo magmahalan sa isa't-isa. Gusto ninyong sabihin ko sa inyo ang bagay na kung ito'y inyong gawin, kayo'y magmamahalan sa isa't-isa? Ipaabot ang pagbati ng Salam (Kapayapaan) sa pagitan ng bawat isa sa inyo." [3]

---

[1]. An-Nasa'i, Al-Hakim 2/421. Tinagurian ito ni Al-Albani bilang kapani-paniwala sa Sahih An-Nasa'i 1/274.

[2]. Abu Dawud (no.2041). Tinagurian ito ni Al-Albani ng mabuti sa Sahih Abu Dawud 1/383.

[3]. Muslim 1/74 at ang iba.

٢٢٥. ثَلاَثٌ مَنْ جَمَعَهُنَّ فَقَدْ جَمَعَ الإِيمَانَ: الإِنْصَافُ مِنْ نَفْسِكَ، وَبَذْلُ السَّلاَمِ لِلْعَالَمِ، وَالإِنْفَاقُ مِنَ الإِقْتَارِ.

Mayroong tatlong bagay na sinuman ang pagsamahin ito ay nakapag-ipon siya ng "Iman" [Pananampalataya]: Maging makatarungan sa sarili, ipaabot ang pagbati ng Salam (Kapayapaan) sa lahat ng tao at ang gumugol (para sa kawanggawa) mula sa maliit na halagang nasa iyo." [1]

٢٢٦. وَعَنْ عَبْدِ اللهِ بْنِ عَمْرٍو رَضِيَ اللهُ عَنْهُمَا: أَنَّ رَجُلاً سَأَلَ النَّبِيَّ أَيُّ الإِسْلاَمِ خَيْرٌ قَالَ: تُطْعِمُ الطَّعَامَ، وَتَقْرَأُ السَّلاَمَ عَلَى مَنْ عَرَفْتَ وَمَنْ لَمْ تَعْرِفْ.

Naiulat ni Abdullah bin ,Umar [radiallahu'anhu] Ano ang pinakamabuting gawain ng Islam? Kanyang sinabi ang magpakain sa iba at ipaabot ang Salam (Kapayapaan) sa sinumang kakilala mo at sa sinumang hindi mo kilala." [2]

## 109. Paano sagutin ang isang kafir kapag sinabihan ka na; "Assalamu Alaykom"

٢٢٧. إِذَا سَلَّمَ عَلَيْكُمْ أَهْلُ الْكِتَـــابِ فَقُولُوا: وَعَلَيْكُمْ

[1] . Al-Bukhari, Al-Asqalani, Fath Al-Bari 1/82 ayon sa salita ng kasamahan na si 'Ammar.

[2] . Al-Bukhari, Al-Asqalani, Fath Al-Bari 1/55, Muslim 1/65.

Kung mayroong isa sa mga Angkan ng Kasulatan (Kristiyano at Hudyo) ang bumati sa iyo ng **Assalamu alaikom** ay sagutin mo ng: "**Wa alaikom**"[At sa iyo]. [1]

## 110. Panalangin kapag narinig ang tilaok ng manok at hiyaw (iyak) ng asno.

٢٢٨. إِذَا سَمِعْتُمْ صِيَاحَ الدِّيَكَةِ فَاسْأَلُوا اللهَ مِنْ فَضْلِهِ، فَإِنَّهَا رَأَتْ مَلَكاً وَإِذَا سَمِعْتُمْ نَهِيقَ الْحِمَارِ فَتَعَوَّذُوا بِاللهِ مِنَ الشَّيْطَانِ، فَإِنَّهُ رَأَى شَيْطَاناً.

"Kapag narinig mo ang tilaok ng manok ay hilingin ang pabor ng Allah ﷻ dahil katunayan nakakita ng Anghel. Kapag narinig mo ang hiyaw o iyak ng asno ay magpakupkop sa Allah ﷻ mula sa Shaytan dahil tiyak na may nakitang Shaytan." [2]

## 111. Panalangin kapag narinig ang kahol ng aso sa gabi.

٢٢٩. إِذَا سَمِعْتُمْ نُبَاحَ الْكِلَابِ وَنَهِيقَ الْحَمِيرِ بِاللَّيْلِ فَتَعَوَّذُوا بِاللهِ مِنْهُنَّ فَإِنَّهُنَّ يَرَيْنَ مَا لَا تَرَوْنَ.

"Kapag narinig mo ang kahol at iyak ng asno sa gabi ay magpakupkop sa Allah ﷻ mula sa kanila, dahil tiyak *mayroon silang nakikita na hindi mo makita.*" [3]

---

[1]. -Bukhari, Al-Asqalani, Fath Al-Bari 1/42, Muslim 4/1705.
[2]. Al-Bukhari, Al-Asqalani, Fath Al-Bari 6/350, Muslim 4/2092.
[3]. Abu Dawud 4/327, Ahmad 3/306. Tinagurian ito ni Al-Albani bilang kapani-paniwala sa Sahih Abu Dawud 3/961.

## 112. Panalangin para sa isang napagsabihan mo ng hindi maganda (o insulto).

٢٣٠. اللَّهُمَّ فَأَيُّمَا مُؤْمِنٍ سَبَبْتُهُ فَاجْعَلْ ذَلِكَ لَهُ قُرْبَةً إِلَيْكَ يَوْمَ الْقِيَامَةِ.

**"ALLA-HUMMA FA-AYYUMA MU'-MININ SABABTUHO FAJ-'AL 'THA-LIKA LAHU QURBATAN ILAYKA YAWMAL QIYA-MATI."**

"O Allah! sinuman sa mga nananampalatayang aking naapi, pagkalooban siya ng gantimpala ng isang pag-aalay sa Araw ng Resureksiyon." [1]

## 113. Paano purihin ng isang Muslim ang kapwa Muslim.

٢٣١. قَالَ ﷺ: إِذَا كَانَ أَحَدُكُمْ مَادِحاً صَاحِبَهُ لاَ مَحَالَةَ فَلْيَقُلْ:

Kapag mayroong isa sa inyo na pinuri ang kanyang kasama ay hayaang sabihin ang:

أَحْسِبُ فُلاَناً وَاللهُ حَسِيبُهُ

**"A'HSIBU** (sabihin ang pangalan ng taong pupurihin) **WALLAHU 'HASI-BUHU**

"Aking isasa-alang-alang si (sabihin ang pangalan ng taong pupurihin) at Allah ang kanyang Tagapasiya",

وَلاَ أُزَكِّي عَلَى اللهِ أَحَداً

**"WALA UZAKKI 'ALAL-LA-HI A'HADAN**

---

[1] . Al-Bukhari, Al-Asqalani, Fath Al-Bari 11/171, Muslim 4/2007. Ang nakasulat ayon sa ulat ni Muslim ay: At gawing pangdalisay para sa kanya at pamamagitan ng awa.

"At wala akong maituturing na mas banal sa harapan ng Allah."

إِنْ كَانَ يَعْلَمُ ذَاكَ - كَذَا وَكَذَا .

kalkulahin o tantiyahin siya – subalit kung siya'y alam mo *(ang kanyang pag-uugali)* na siya ay (*ganoon at ganito [at sabihin ang tantiya mong makabubuti sa kanya]).* [1]

## 114. Ano ang dapat sabihin ng isang Muslim kapag siya ay pinuri.

٢٣٢. اللَّهُمَّ لاَ تُؤَاخِذْنِي بِمَا يَقُولُونَ، وَاغْفِرْ لِي مَا لاَ يَعْلَمُونَ (وَاجْعَلْنِي خَيْراً مِمَّا يَظُنُّونَ).

**"ALLA-HUMMA LA TUA-'KHI'THNI BIMA YAQU-LU-NA, YA'GHFIRLI MA LA YA'-LAMUN (WAJ'ALNI 'KHAYRAN MIMMA YATHUNNOON)"**

"O Allah! huwag akong papanagutin sa anumang kanilang sinabi at patawarin ako sa anumang bagay na hindi nila alam (at pagbutihin Mo ako ng higit sa kanilang iniisip [para sa akin])." [2]

## 115. Ang Talbiyyah sa Hajj at Umrah.

٢٣٣. لَبَّيْكَ اللَّهُمَّ لَبَّيْكَ، لَبَّيْكَ لاَ شَرِيكَ لَكَ لَبَّيْكَ، إِنَّ الْحَمْدَ، وَالنِّعْمَةَ، لَكَ وَالْمُلْكَ، لاَ شَرِيكَ لَكَ.

---

[1] . Muslim 4/2296.

[2] .Al-Bukhari, Al-Adab Al-Mufrad no. 761. Tingnan ang Sahih Al-Adab Al-Mufrad no. 585. Ang bahaging nasa loob ng panaklong ay mula kay Al-Baihaqi Shu'ab Al-Iman 4/228.

**"LABBAYK ALLA-HUMMA LABBAYK, LABBAYKA LA SHARI-KALAKA LABBAYKA, INNAL 'HAMDA, WAN NI'MATA LAKAWALMULK, LA SHARI-KALAK."**

"Ako ay nandito upang maglingkod sa Iyo, O Allah!, Ako ay nandito upang maglingkod sa Iyo. Ako ay nandito upang maglingkod sa Iyo. Ikaw ay walang katambal, Ako ay nandito upang maglingkod sa Iyo. Katotohanan ang pagpupuri't pagpapala ay sa Iyo at ang pamamahala. Ikaw ay walang katambal." [1]

## 116. Ang Pagbanggit ng Allahu Akbar kapag dumaan sa Hajar Al-Aswad (Black Stone).

٢٣٤. طَافَ النَّبِيُّ بِالْبَيْتِ عَلَى بَعِيرٍ كُلَّمَا أَتَى الرُّكْنَ أَشَارَ إِلَيْهِ بِشَيْءٍ عِنْدَهُ وَكَبَّرَ.

Ang Propeta ﷺ ay nagsagawa ng tawaf habang nakasakay ng kamelyo. Sa tuwing siyang dumaan sa sulok ng Hajar Al-Aswad at itinututok sa kinaroroonan nito ang anumang bagay na hawak niya at binibigkas ang ALLA-HU AKBAR (Ang Allah ay Dakila)." [2]

## 117. Ang panalangin sa pagitan ng Rukn Al-Yamani at Hajar Al-Aswad.

٢٣٥. ﴿ رَبَّنَآ ءَاتِنَا فِى ٱلدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِى ٱلْآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ ٱلنَّارِ ﴿٢٠١﴾ ﴾

[1] . Al-Bukhari , Al-Asqalani, Fath Al-Bari 3/408, Muslim 2/841.

[2] . Al-Bukhari, Al-Asqalani, Fath Al-Bari 3/476. Tingnan din ang 472, Ang tinutukoy na bagay sa Hadith na ito ay tungkod.

**"RABBANA A-TINA FID-DUNYA 'HASANATAN WA FIL A-'KHIRATI 'HASANATAN WA QINA 'A'THA-BAN NAAR."**

"Panginoon namin! Pagkalooban Mo kami ng mabuti dito sa mundo at mabuti sa kabilang buhay at iligtas kami sa mga kaparusahan ng Apoy." [1]

## 118. Panalangin habang nakatayo sa Safa at Marwah.

٢٣٦. لَمَّا دَنَا ﷺ مِنَ الصَّفَا قَـرَأ: ﴿ إِنَّ ٱلصَّفَا وَٱلْمَرْوَةَ مِن شَعَآئِرِ ٱللَّهِ ﴾ أَبْدَأُ بِمَا بَدَأَ اللهُ بِهِ )) فَبَدَأَ بِالصَّفَا فَرَقِيَ عَلَيْهِ حَتَّى رَأَى الْبَيْتَ فَاسْتَقْبَلَ الْقِبْلَةَ، فَوَحَّدَ اللهَ وَكَبَّرَهُ وَقَالَ: لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ وَحْـدَهُ لاَ شَرِيكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ وَلَهُ الْحَمْدُ وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ، لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ وَحْدَهُ، أَنْجَزَ وَعْدَهُ، وَنَصَرَ عَبْدَهُ، وَهَزَمَ الأَحْزَابَ وَحْدَهُ، ثُمَّ دَعَا بَيْنَ ذَلِكَ. قَالَ مِثْلَ هَذَا ثَلاَثَ مَرَّاتٍ)) الحديث. وَفِيهِ (( فَفَعَلَ عَلَى الْمَرْوَةِ كَمَا فَعَلَ عَلَى الصَّفَا ))

**236.** "Kapag sumapit ang Propeta ﷺ sa Bundok ng Safa, ay kanyang binabanggit ang:

**"INNAS SAFA WAL MARWATA MIN SHA-'A-IRILLA-HI. ABDA'U BIMA BADA'ALLA-HU BIHI."**
(Katotohanan ang bundok ng Safa at Marwah ay iilan sa mga palatandaan ng Allah. Ako ay nag-umpisa kung paano inumpisahan ng Allah.)

---

[1] . Abu Dawud 2/179, Ahmad 3/411, Al-Baghawi, Sharh As-Sunnah 7/128. Tinagurian ito ni Al-Albani bilang mabuti ng Sahih Abu Dawud 1/354. Ang Ayat ay mula sa Surah Al-Baqara 2:201.

Inumpisahan niya (ng Propeta ﷺ ang Sa'iy) sa Bundok ng Marwah, inakyat niya ito hanggang sa matanaw niya ang Ka'abah (Bahay). At humarap siya sa Kiblah na paulit-ulit na binabanggit ang salitang:

**"LA ILA-HA ILLA-LLA-HU ALLA-HU AKBAR**

(Walang diyos [na karapat-dapat sambahin] maliban sa Allah, At ang Allah ay Dakila."

**"LA ILA-HA ILLALLA-HU WA'HDAHU LA-SHARI-KALAHU, LAHUL MULKO WA LAHUL 'HAMDU WA HUWA 'ALA KULLI SHAY-IN QADEER. LA ILA-HA ILLALLA-HU WA'HDAHU, ANJAZA WA'HDAHU, WA NASARA 'ABDAHU, WA 'HAZAMAL A'HZA-BA WAHDAH."**

"Walang diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Allah' ng nag-iisa't walang katambal, Sa Kanyang pagmamay-ari ang pamamahala at kapurihan, At Siya'y may kakayahan sa lahat ng bagay. Walang diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Allah ng nag-iisa. Tinutupad Niya ang Kanyang pangako at tinulungan ang Kanyang Alipin at Siya lamang ay tinalo Niya ang kompederasyon (Liga o Lapian ng mga Quraish at mga Mushrikeen)."

Pagkatapos ay mananalangin siya ayon sa kanyang gustong sabihin sa Allah ﷻ. Inu-ulit niya ito ng tatlong beses. Ang ginawa niya sa Bundok ng Marwah ay kanya ring ginawa sa Bundok ng Safa.[1]

---

[1]. Muslim 2/888.

## 119. Panalangin sa Araw ng Arafah.

٢٣٧. خَيْرُ الدُّعَاءِ دُعَاءُ يَوْمِ عَرَفَةَ، وَخَيْرُ مَا قُلْتُ أَنَا وَالنَّبِيُّونَ مِنْ قَبْلِي: لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ وَحْدَهُ لاَ شَرِيْكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ وَلَهُ الْحَمْدُ وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيْرٌ .

Ang pinakamagandang panalangin ay sa Araw ng Arafat at ang pinakamabuting dapat banggitin ng sinuman ay kung ano ang aking binanggit at ng mga Propetang nauna sa akin:

**"LA ILA-HA ILLALLA-HU WA'HDAHU LA SHARI-KALAHU, LAHUL MULKO WALAHUL 'HAMDU WA HUWA 'ALA KOLLI SHAY-IN QADEER."**

"Walang diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Allah ng nag-iisa't walang katambal, Sa Kanyang pagmamay-ari ang pamamahala at kapurihan, At Siya'y may kakayahan sa lahat ng bagay. [1]

## 120. Ang 'Thikr kapag nasa Mash'aril 'Haram (Muzdalifah).

٢٣٨. رَكِبَ ﷺ الْقَصْوَاءَ حَتَّى أَتَى الْمَشْعَرَ الْحَرَامَ فَاسْتَقْبَلَ الْقِبْلَةَ ((فَدَعَاهُ، وَكَبَّرَهُ، وَهَلَّلَهُ، وَوَحَّدَهُ)) فَلَمْ يَزَلْ وَاقِفاً حَتَّى أَسْفَرَ جِداً فَدَفَعَ قَبْلَ أَنْ تَطْلُعَ الشَّمْسُ.

Ang Propeta ﷺ ay nakasakay sa kanyang kamelyong Al Qaswa, hanggang sa marating niya ang banal na pook (Al-Mash'ar Al-Haram). Siya'y humarap sa Qiblah at nanalangin sa Allah ﷻ, at paulit-ulit na binabanggit ang katagang ALLA-HU AKBAR (Ang Allah ay Dakila), ALLA-HU

[1] . At-Tirmithi, tinagurian ito ni Al-Albani bilang mabuti sa Sahih At-Tirmithi 3/184 at ganuon din sa Silsilatul-Ahadith As-Sahihah 4/6.

A'HAD (Ang Allah ay iisa) at LA-ILA-HA ILLALLAH (Walang diyos na karapat dapat sambahin maliban sa Allah). Siya'y nanatili doon hanggang naging kulay dilaw ang umaga at siya'y umalis bago sumikat ang araw." [1]

## 121. Ang pagbanggit ng Takbir binabato ang tatlong Jamarat sa Mina.

٢٣٩. يُكَبِّرُ كُلَّمَا رَمَى بِحَصَاةٍ عِنْدَ الْجِمَارِ الثَّلاَثِ ثُمَّ يَتَقَدَّمُ، وَيَقِفُ يَدْعُو مُسْتَقْبِلَ الْقِبْلَةِ، رَافِعاً يَدَيْهِ بَعْدَ الْجَمْرَةِ الأُولَى وَالثَّانِيَةِ . أَمَّا جَمْرَةُ الْعَقَبَةِ فَيَرْمِيهَا وَيُكَبِّرُ عِنْدَ كُلِّ حَصَاةٍ وَيَنْصَرِفُ وَلاَ يَقِفُ عِنْدَهَا.

239. Binabanggit ng Propeta ﷺ ang **ALLA-HU AKBAR** sa bawat batong ibinabato niya sa tatlong Jamarat. Pagkatapos siya'y nakatayong humarap sa Qiblah (sa kinaroroonan ng Masjid Al-Haram) at itinaas niya ang kanyang dalawang palad at nanawagan sa Allah ﷻ. Ito ay pagkatapos niyang batuhin ang una at pangalawang jamarat, subalit sa pangatlong Jamarat ay binabanggit niya ang **ALLA-HU AKBAR** sa bawat batong kanyang ibinabato at pagkatapos siya ay umalis at hindi na tumayo upang manalangin." [2]

## 122. Ang babanggitin kapag nabigla o natuwa.

٢٤٠. سُبْحَانَ اللهِ

**240. " SUB'HA-NALLA-HI "**
"Kaluwalhatian sa Allah!"[3]

---

[1]. Muslim 2/891.
[2]. Al-Bukhari, Al-Asqalani, Fath Al-Bari 3/581, 3, 4 at Muslim.
[3]. Al-Bukhari, Al-Asqalani, Fath Al-Bari 1/210,390,414 at Muslim 4/1857.

٢٤١. اللهُ أَكْبَرُ

**" ALLA-HU AKBAR "**

"Ang Allah ay Dakila" [1]

## 123. Ano ang babanggitin kapag may pangyayaring nakapagpasiya sa iyo.

٢٤٢. كَانَ النَّبِيُّ ﷺ إِذَا أَتَاهُ أَمْرٌ يَسُرُّهُ أَوْ يُسَرُّ بِهِ خَرَّ سَاجِداً شُكْراً لِلَّهِ تَبَارَكَ وَتَعَالَى.

Nakaugalian ng Propeta ﷺ na sa tuwing may pangyayaring nakapagbigay sa kanya ng kasiyahan o nakapagdulot ng kasayahan sa kanya, siya ay nagpapatirapa bilang pasasalamat sa Allah, ang Ipinagpala at Kataas-taasan" [2]

## 124. Ano ang babanggitin kapag mayroon kang nararamdamang sakit sa iyong katawan.

٢٤٣. ضَعْ يَدَكَ عَلَى الَّذِي تَأَلَّمَ مِنْ جَسَدِكَ وَ قُلْ: بِسْمِ اللهِ، ثَلاَثاً،
وَقُلْ سَبْعَ مَرَّاتٍ: أَعُوذُ بِاللهِ وَ قُدْرَتِهِ مِنْ شَرِّ مَا أَجِدُ وَأُحَاذِرُ.

Ilagay ang iyong mga palad sa ibabaw ng mayroong sakit at banggitin ang:

"**BISMILLAH** (Sa Ngalan ng Allah) ng tatlong beses (3x)"

*at pagkapatapos ay idugtong ang:*

---

[1]. Al-Bukhari, Al-Asqalani, Fath Al-Bari 8/441. Tingnan din ang Al-Albani, Sahih At-Tirmithi 2/103.235 Ahmad 5/218.

[2] . Abu Dawud, Ibn Majah, At-Tirmithi, tingnan din ang Al-Albani, Sahih Ibn Majah 1/333 at Irwa'ul-Galil 2/226.

**"A'U'THO BILLA-HI WA QUDRATIHI MIN SHARRI MA AJIDO WA O'HA-'THERU."**

"Ako ay nagpapakuipkop sa Allah at sa Kanyang Kapangyarihan mula sa anumang kasamaang aking natagpuan at laban sa aking mga pinag-iingatan." [1]

## 125. Panalangin ng sinumang may pangamba na maaaring malagay sa isang pagsubok ng dahil sa kanyang mata (paningin).

٢٤٤. إِذَا رَأَى أَحَدُكُمْ مِنْ أَخِيهِ، أَوْ مِنْ نَفْسِهِ، أَوْ مِنْ مَالِهِ مَا يُعْجِبُهُ (فَلْيَدْعُ لَهُ بِالْبَرَكَةِ) فَإِنَّ الْعَيْنَ حَقٌّ.

Kapag mayroong kang nakita mula sa iyong kapatid o mula sa kanyang katauhan o mula sa kanyang kayamanan na nakapagbibigay sa iyo ng kasiyahan (ay manalangin sa Allah ﷻ upang siya'y pagpalain ng dahil doon) dahil, katotohanan ang matang mainggitin ay totoo." [2]

## 126. Ano ang sasabihin mo sa panahon ng pagkatakot.

٢٤٥. لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ

**"LA-ILA-HA ILLALLAH."**

"Walang diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Allah." [3]

---

[1]. Muslim 4/1728.

[2]. Ahmad 4/447, Ibn Mjah, Malik, tinagurian ito ni Al-Albani bilang kapani-paniwala sa Sahih Al-Jami' As-Saghir 1/212, tingnan din ang Al-Arnaut sa kanyang mga pagsusuri sa Aklat na Zad Al-Ma'ad ni Ibn Al-Qayyim 4/170.

[3]. Al-Bukhari, Al-Asqalani, Fath AL-Bari 6/181, Muslim 4/2208.

**127. Ano ang sasabihin kapag kakatay ng (hayop o) hayop pang-alay.**

٢٤٦. بِسْمِ اللهِ وَاللهُ أَكْبَرُ (اللَّهُمَّ مِنْكَ وَلَكَ) اللَّهُمَّ تَقَبَّلْ مِنِّي.

**"BISMILLA-HI WALLA-HU AKBARU (ALLA-HUMMA MINK WA LAKA) ALLA-HUMMA TAQABBAL MINNI."**

"Sa Ngalan ng Allah, ang Allah ay Dakila (O Allah! mula sa Iyo at para sa Iyo) O Allah! tanggapin ito mula sa akin."[1]

**128. Ang babanggitin upang supilin ang balak ng Shaytan.**

٢٤٧. أَعُوذُ بِكَلِمَاتِ اللهِ التَّامَّاتِ الَّتِي لاَ يُجَاوِزُهُنَّ بَرٌّ وَلاَ فَاجِرٌ مِنْ شَرِّ مَا خَلَقَ، وَبَرَأَ وَذَرَأَ، وَمِنْ شَرِّ مَا يَنْزِلُ مِنَ السَّمَاءِ، وَمِنْ شَرِّ مَا يَعْرُجُ فِيهَا، وَمِنْ شَرِّ مَا ذَرَأَ فِي الأَرْضِ، وَمِنْ شَرِّ مَا يَخْرُجُ مِنْهَا، وَمِنْ شَرِّ فِتَنِ اللَّيْلِ وَالنَّهَارِ، وَمِنْ شَرِّ كُلِّ طَارِقٍ إِلاَّ طَارِقاً يَطْرُقُ بِخَيْرٍ يَا رَحْمَنُ.

**247. "A'U'THO BIKALIMA-TILLA-HIT TA-MMA-TIL LATI LA YUJA-WIZU HUNNA BARRUN WALA FA-JIRUN MIN SHARRI MA 'KHALAQA, WA BARA-A WA 'THARA-A, WA MIN SHARRIMA YANZILU MINAS SAMA-I, WA MIN SHARRI MA YA'-RUJU FI-HA, WA MIN SHARRI MA 'THARA-A FIL AR'DI, WA MIN SHARRI MA YA'KHRUJU**

---

[1]. Muslim 3/1557, Al Baihaqi 9/287.

**MINHA, WA MIN SHARRI FITANIL LAYLI WAN NAHA-RI, WA MIN SHARRI KULLI 'TA-RIQIN ILLA 'TA-RIQAN YA'TRUQO BI'KHAYRIN YA RA'HMAAN."**

"Ako ay nagpapakupkop sa Ganap na mga Salita ng Allah na hindi kayang salungatin ng mga makawanggawa't mga makasalanan mula sa kasamaan ng Kanyang mga nilalang, ginawa at nilikha. At mula sa mga kasamaang ibinaba galing sa langit at mga kasamaang itinaas nito, At mula sa mga kasamaang Kanyang ikinalat sa lupa at mula sa mga kasamaan nitong nagsusulputan at mula sa mga pagsubok ng gabi at araw at mula sa kasamaang dala ng mga bumibisita sa gabi maliban sa mga taong nagdadala ng kabutihan, O Tanging Matulungin!"[1]

## 129. Ang Istighfar at Taubat (Paghihingi ng kapatawaran)

٢٤٨. قَالَ رَسُولُ اللهِ ﷺ : وَاللهِ إِنِّي لَأَسْتَغْفِرُ اللهَ وَأَتُوبُ إِلَيْهِ فِي الْيَوْمِ أَكْثَرَ مِنْ سَبْعِينَ مَرَّةً.

Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ : "Sa Allah, Hinihiling ko ang kapatawaran ng Allah at ako ay nagsisisi sa Kanya ng mahigit na pitumpung beses sa isang araw." [2]

٢٤٩. وَقَالَ ﷺ : يَا أَيُّهَا النَّاسُ تُوبُوا إِلَى اللهِ فَإِنِّي أَتُوبُ فِي الْيَوْمِ إِلَيْهِ مِائَةَ مَرَّةٍ.

---

[1]. Ahmad 3/419, kapani-paniwala ang mga pinanggalingan ng hadith na ito, Ibn As-Sunni (no. 637).Tinagurian ito ni Al-Arnaut na ang pinanggalingan nito ay lahat kapani-paniwala sa kanyang pagsusuring ginanap sa Al-qidah At-Tahawiyyah p. 133. Tingnan ang Majma 'Az-Zawa'id, 10/127.

[2]. Al-Bukhari, Al-Asqalani, Fath Al-Bari 11/101.

Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ : "O Sangkatauhan! Magsisi sa Allah, dahil katotohanan, ako ay nagsisisi sa Kanya ng isang daang beses sa isang araw."[1]

٢٥٠. وَقَالَ ﷺ : مَنْ قَالَ أَسْتَغْفِرُ اللهَ الْعَظِيْمَ الَّذِي لاَ إِلَهَ إِلاَّ هُوَ الْحَيُّ الْقَيُّوْمُ وَأَتُوْبُ إِلَيْهِ، غَفَرَ اللهُ لَهُ وَإِنْ كَانَ فَرَّ مِنَ الزَّحْفِ.

Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ : Ang sinumang banggitin ang:

**"ASTA'GHFIRULLA-HAL 'A'THI-MAL LA'THEE LA ILA-HA ILLA HUWAL 'HAYYUL QAYYU-MU WA ATUBU ILAYHI."**

"Hinahangad ko ang kapatawaran ng Makapangyarihang Allah, na sa Kanya'y walang ibang diyos maliban sa Kanya. Ang Buhay na Buhay, ang walang Hanggan at sa Kanya ako'y nagsisi."

Siya'y patatawarin ng Allah kahit siya'y tumakas sa hanay ng Hukbo.[2]

٢٥١. وقال ﷺ أَقْرَبُ مَا يَكُوْنُ الرَّبُّ مِنَ الْعَبْدِ فِي جَوْفِ اللَّيْلِ الآخِرِ فَإِنِ اسْتَطَعْتَ أَنْ تَكُوْنَ مِمَّنْ يَذْكُرُ اللهَ فِي تِلْكَ السَّاعَةِ فَكُنْ.

Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ : "Ang pinakamalapit na lumalapit ang Panginoon sa Kanyang mga alipin ay sa pinakahuling bahagi ng gabi, Kaya kung kaya mong

---

[1] . Muslim 4/2076.

[2] . Abu Dawud 2/85, At-Tirmithi 5/569 at Al-Hakim na siya'y sumang-ayon na ito'y kapani-paniwala at si Ath-Thabit ay sumang-ayon sa kanya 1/511. Tinagurian ni Al-Albani bilang kapani-paniwala sa Sahih At-Tirmithi 3/182. Tingnan din ang Jami' Al-Usool Li-Ahadith Ar-Rasool 4/389-90 ito'y nirepasu ni Al-Arnaut.

maging kasama sa mga gumugunita sa Allah sa oras na ito ay gawin mo" [1]

٢٥٢. وَقَالَ ﷺ: أَقْرَبُ مَا يَكُونُ الْعَبْدُ مِنْ رَبِّهِ وَهُوَ سَاجِدٌ فَأَكْثِرُوا الدُّعَاءَ.

Sinabi ng Propeta ﷺ : "Ang pinakamalapit na makakalapit ang alipin sa kanyang Panginoon ay sa panahon na siya ay nakatirapa sa pagdarasal, kaya manalangin ng marami (habang nakatirapa)." [2]

٢٥٣. وَقَالَ ﷺ : إِنَّهُ لَيُغَانُ عَلَى قَلْبِي وَإِنِّي لأَسْتَغْفِرُ اللهَ فِي الْيَوْمِ مِائَةَ مَرَّةٍ.

Sinabi ng Sugo ng Allah: "Napakabigat na bagay sa aking puso kung hindi ako makapaghingi ng kapatawaran sa Allah ng isang daang beses sa isang araw.[3]

## 130. Mga Kahalagahan ng Tasbih, Tahmeed, Tahleel at Takbeer:

٢٥٤. قَالَ ﷺ مَنْ قَالَ: سُبْحَانَ اللهِ وَبِحَمْدِهِ فِي يَوْمٍ مِائَةَ مَرَّةٍ حُطَّتْ خَطَايَاهُ وَلَوْ كَانَتْ مِثْلَ زَبَدِ الْبَحْرِ.

[1] . At-Tirmithi, An-Nasai 1/279 and Al-Hakim. Sahih At-Tirmithi 3/183 at Jami' Al-Usool kasama ang pagsusuri ni Al-Arnaut 4/144.

[2] . Muslim 1/350.

[3] . Muslim 4/2075. Ipinaliwanag ni Ibn Athir na ang Propeta ﷺ ay maingat sa kanyang paggunita at pagdulog sa Allah at kung mayroon man siyang nakaligtaan sa dati niyang ginagawa o nawala sa kanyang isipan, ang pakiramdam niya'y parang dinadaya niya ang kanyang sarili at siya'y nag-uumpisa ulit upang hilingin ang kapatawaran ng Allah. Basahin ang Jami' Al-Usool 4/386.

Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ : Sinuman ang banggitin ang: **"SUB'HA-NALLA-HI WA BI'HAMDIHI** (Kaluwalhatian sa Allah at sa Kanya ang (lahat ng) papuri) " ng isang daang beses sa isang araw ay patatawarin siya sa kanyang mga kasalanan kahit ito ay kasingdami ng bula nang karagatan." [1]

٢٥٥. وَقَالَ ﷺ: مَنْ قَالَ لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ وَحْدَهُ لاَ شَرِيْكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ، وَلَهُ الْحَمْدُ، وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيْرٌ عَشْرَ مرار، كَانَ كَمَنْ أَعْتَقَ أَرْبَعَةَ أَنْفُسٍ مِنْ وَلَدِ إِسْمَاعِيْلَ.

Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ : Sinumang banggitin ng sampung beses ang:

**"LA-ILA-HA ILLALLA-HU WA'HDAHU LA SHARI-KALAHU, LAHUL MULKU, WA LAHUL 'HAMDU, WA HUWA 'ALA KULLI SHAY-IN QADEER"**

"Walang diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Allah ng nag-iisa't walang katambal, sa Kanya ang Pamamahala at Kapurihan, At Siya ay may Kakayahan sa lahat ng bagay."

*Magsaulo ng sampung beses at pagkakalooban ng gantimpalang (parang) nakapagpalaya ng apat na alipin mula sa angkan ni Isma'il."* [2]

٢٥٦. وَقَالَ ﷺ : كَلِمَتَانِ خَفِيْفَتَانِ عَلَى اللِّسَانِ، ثَقِيْلَتَانِ فِي الْمِيْزَانِ، حَبِيْبَتَانِ إِلَى الرَّحْمَنِ: سُبْحَانَ اللهِ وَبِحَمْدِهِ سُبْحَانَ اللهِ الْعَظِيْمِ.

---

[1] . Al-Bukhari 7/168, Muslim 4/2071. Basahin din ang panalangin sa numero 92 ng aklat na ito.

[2] . Al-Bukhari 7/67, Muslim 4/2071, Basahin din ang panalangin sa numero 94 ng aklat na ito.

Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ : "Dalawang kataga na pinakamagaan sa dila, Mabigat sa timbangan, At pinakamamahal ng Al-Rahman (Ang Lubos na Mapagpala):

**"SUB'HA-NALLA-HI WA BI'HAMDIHI, SUB'HA-NALLA-HIL 'A'THEEM."**

"Kaluwalhatian sa Allah at sa Kanya ang lahat ng papuri. Kaluwalhatian sa Allah na Makapangyarihan."[1]

٢٥٧. وَقَالَ ﷺ: لأَنْ أَقُولَ سُبْحَانَ اللهِ، وَالْحَمْدُ لِلَّهِ، وَلاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ، وَاللهُ أَكْبَرُ، أَحَبُّ إِلَيَّ مِمَّا طَلَعَتْ عَلَيْهِ الشَّمْسُ.

Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ : Para sa kanya, ang banggitin ang:

**"SUB'HA-NALLA-HI WAL 'HAMDULILLA-HI, WALA-ILA-HA ILLALLA-HU WALLA-HU AKBAR."**

"Kaluwalhatian sa Allah at sa Kanya ang lahat ng Kapurihan, at walang diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Allah, at ang Allah ay Dakila."

*ay pinakamamahal sa akin kaysa anumang sinikatan ng araw (sa buong Mundo).* [2]

٢٥٨. وَقَالَ ﷺ: أَيَعْجِزُ أَحَدُكُمْ أَنْ يَكْسِبَ كُلَّ يَوْمٍ أَلْفَ حَسَنَةٍ " فَسَأَلَهُ سَائِلٌ مِنْ جُلَسَائِهِ كَيْفَ يَكْسِبُ أَحَدُنَا أَلْفَ حَسَنَةٍ ؟ قَالَ: يُسَبِّحُ مِائَةَ تَسْبِيحَةٍ، فَيُكْتَبُ لَهُ أَلْفُ حَسَنَةٍ أَوْ يُحَطُّ عَنْهُ أَلْفُ خَطِيئَةٍ.

[1] . Al-Bukhari 7/168, Muslim 4/2072.

[2] . Muslim 4/2072.

258. Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ : "Mayroon bang isa sa inyo ang walang kakayahang umani ng isang libong Hasanah (gantimpala) sa loob ng isang araw?" Mayroong isa, mula sa pagtitipong iyon ang nagtanong, 'Paano magkakaroon ang isa sa amin ng isang libong Hasanah?' Kanyang sinabi, "Purihin ang Allah ng isang daang beses at maisusulat para sa iyo ang isang libong Hasanah, o di kaya ay buburahin para sa inyo ang isang libo mong kasalanan." [1]

٢٥٩. مَنْ قَالَ سُبْحَانَ اللهِ الْعَظِيمِ وَبِحَمْدِهِ غُرِسَتْ لَهُ نَخْلَةٌ فِي الْجَنَّةِ.

Ang sinumang banggitin ang:

**"SUB'HA-NALLA-HIL 'A'THEEMI WA BI'HAMDIHI."**

"Kaluwalhatian sa Allah, Ang Maka-pangyarihan at sa Kanya ang lahat ng Kapurihan."

ay itatanim para sa kanya ang isang puno ng palmera sa Paraiso. [2]

٢٦٠. وَقَالَ ﷺ: يَا عَبْدَ اللهِ بْنِ قَيْسٍ أَلاَ أَدُلُّكَ عَلَى كَنْزٍ مِنْ كُنُوزِ الْجَنَّةِ ؟ فَقُلْتُ: بَلَى يَا رَسُولَ اللهِ، قَالَ : قُلْ لاَ حَوْلَ وَلاَ قُوَّةَ إِلاَّ بِاللهِ.

Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: "O Abdullah bin Qais! gusto mo bang ituro ko sa iyo ang isang kayamanang mula sa kayamanan ng Paraiso?" ang sabi ko "Oo Sugo ng Allah!. Sinabi niya: "Bigkasin ang:

---

[1] . Muslim 4/2073.

[2] . At-Tirmithi 5/511 at Al-Hakim na tinagurian ito bilang kapani-paniwala at sinang-ayonan ni Ath-Tha-habi 1/501. Basahin din ang Sahih Al-Jami' As-Sagir 5/531 at Sahih At-Tirmithi 3/160.

**"LA 'HAWLA WALA QUWWATA ILLA-BILLAH."**

"Walang kapangyarihan at walang lakas maliban sa Allah."[1]

٢٦١. وَقَالَ ﷺ: أَحَبُّ الْكَلاَمِ إِلَى اللهِ أَرْبَعٌ: سُبْحَانَ اللهِ، وَالْحَمْدُ لِلَّهِ، وَلاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ، وَاللهُ أَكْبَرُ، لاَ يَضُرُّكَ بِأَيِّهِنَّ بَدَأْتَ.

Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ : Ang mga katagang pinakamamahal sa Allah ay apat, ito ang:

**"SUB'HA-NALLA-HI, WALHAMDULILLA-HI, WALA ILA-HA ILLALLA-HU, WALLA-HU-AKBAR"**

"Kaluwalhatian sa Allah at ang lahat ng Kapurihan ay para sa Allah at walang diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Allah at ang Allah ay Dakila."

Walang masama kahit saan ka mag-umpisa.[2]

٢٦٢. جَاءَ أَعْرَابِيٌّ إِلَى رَسُوْلِ اللهِ ﷺ فَقَالَ: عَلِّمْنِي كَلاَماً أَقُوْلُهُ: قَالَ: قُلْ: لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ وَحْدَهُ لاَشَرِيْكَ لَهُ، اللهُ أَكْبَرُ كَبِيْراً، وَالْحَمْدُ لِلَّهِ كَثِيْراً، سُبْحَانَ اللهِ رَبِّ الْعَالَمِيْنَ، لاَ حَوْلَ وَلاَ قُوَّةَ إِلاَّ بِاللهِ الْعَزِيْزِ الْحَكِيْمِ قَالَ فَهَؤُلاَءِ لِرَبِّي فَمَا لِي ؟ قَالَ: قُلْ: اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِي، وَارْحَمْنِي، وَاهْدِنِي، وَارْزُقْنِي.

Isang Arabo ang nagpunta sa Sugo ng Allah ﷺ at siya ay nagsabi, turuan mo ako ng salita na maaari kong banggitin, Sinabihan siya ng Propeta, banggitin ang;

[1]. Al-Bukhari kasama ang Fath Al-Bari 11/213, Muslim 4/2076.
[2]. Muslim 3/1685.

**"LA ILA-HA ILLALLA-HU WAHDAHU LA SHARI-KALAHU, ALLAHU AKBARU KABI-RA, WA'LHAMDULILLA-HI KA'THEERA, SUB'HA-NALLA-HIRABBIL 'A-LAMIN, LA 'HAULA WALA QUWWATA ILLA BILLA-HIL AZI-ZIL HAKEEM."**

"Walang diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Allah ng nag-iisa at walang katambal, Allah ang pinaka-Dakila at maraming mga pagpupuri sa Allah, Kaluwalhatian sa Allah, Panginoon ng mga daigdig, walang kapangyarihan at lakas maliban sa Allah ang Makapangyarihan at Maalam."

Kanyang sinabi, iyan ay sa aking Panginoon, paano ako? Sinabihan siya ng Propeta ﷺ, banggitin ang:
**"ALLA-HUMMAGFIRLI, WAR'HAMNI, WAHDINI, WARZUQNI."**

"O Allah! patawarin ako, pagpalain ako, patnubayan ako at tustusan Mo ako." [1]

٢٦٣. كَانَ الرَّجُلُ إِذَا أَسْلَمَ عَلَّمَهُ النَّبِيُّ ﷺ الصَّلَاةَ ثُمَّ أَمَرَهُ أَنْ يَدْعُوَ بِهَؤُلَاءِ الْكَلِمَاتِ: اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِي، وَارْحَمْنِي، وَاهْدِنِي، وَعَافِنِي وَارْزُقْنِي.

Sa tuwing may yumakap sa Islam ay tinuturuan siya ng Propeta ﷺ kung paano magdasal, at inu-utusan niyang manalangin sa Allah ng ganitong mga salita:

**ALLA-HUMMAGH-FIRLI, WAR'HAMNI, WAHDINI, WA'A-FINI, WARZUQNI"**

[1]. Muslim 4/2072, Ang ulat ni Abu Dawud ay magkatulad maliban sa may dagdag na: "At ng umalis ang Arabo, sinabi ng Propeta ﷺ : Pinuno niya ang kanyang palad ng kabutihan." 1/220.

"O Allah! Patawarin ako, pagpalain ako, patnubayan ako, bigyan Mo ako ng kalusugan at Tustusan Mo ako." [1]

٢٦٤. إِنَّ أَفْضَلَ الدُّعَاءِ الْحَمْـــدُ لِلَّهِ، وَأَفْضَلَ الذِّكْرِ لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ.

Ang pinakamagandang panalangin ay:

**"AL'HAMDULILLAH**
(Ang Papuri ay para sa Allah)"

at ang pinakamabuting salita sa mga paggunita ay:

**"LA ILA-HA ILLA-LLAH**
(Walang diyos [na karapat-dapat sambahin] maliban sa Allah." [2]

٢٦٥. الْبَاقِيَاتُ الصَّالِحَاتُ: سُبْحَانَ اللهِ، وَالْحَمْدُ لِلَّهِ، وَلاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ، وَاللهُ أَكْبَرُ، وَلاَ حَوْلَ وَلاَ قُوَّةَ إِلاَّ بِاللهِ.

Ang ibang mga gawaing mabuti na mananatili:

**"SUB'HANALLAH"**
(Kaluwalhatian sa Allah)
**"WAL'HAMDULILLAH"**
(Ang lahat ng papuri ay para sa Allah)

**"WALA-ILA-HA ILLA-LLAH"**
(Walang diyos [na karapat-dapat sambahin] maliban sa Allah)

**"WALLA-HU AKBAR"**
(At ang Allah ay Dakila)

---

[1] . Muslim 4/2073

[2] . At-Tirmithi 5/462, Ibn Majah 2/1249, at Al-Hakim na tinagurian ito bilang kapani-paniwala at sinag-ayunan ni Ath-Thahabi 1/503, Sahih Al-Jami' As-Saghir 1/362.

**"WALA 'HAWLA WALA QUWWATA ILLA-BILLAH"**
(Walang Kapangyarihan at walang Lakas maliban sa Allah)[1]

## 131. Paano pinupuri ng Propeta ﷺ ang Allah?

٢٦٦. عَنْ عَبْدِ اللهِ بْنِ عَمْرٍو رَضِيَ اللهُ عَنْهُمَا قَالَ: رَأَيْتُ النَّبِيَّ ﷺ يَعْقِدُ التَّسْبِيحَ بِيَمِينِهِ.

Sinabi ni Abdullah bin 'Umar ﷺ : "Aking nakita ang Propeta ﷺ na binibilang niya ang pagpupuri niya sa Kanyang Panginoon sa kanyang kanang kamay." [2]

## 132. Mga uri ng kabutihan at magandang pakikitungo para sa lahat.

إِذَا كَانَ جُنْحُ اللَّيْلِ -أَوْ أَمْسَيْتُمْ- فَكُفُّوا صِبْيَانَكُمْ؛ فَإِنَّ الشَّيَاطِينَ تَنْتَشِرُ حِينَئِذٍ، فَإِذَا ذَهَبَ سَاعَةٌ مِنَ اللَّيْلِ فَخَلُّوهُمْ، وَأَغْلِقُوا الأَبْوَابَ وَاذْكُرُوا اسْمَ اللهِ، فَإِنَّ الشَّيْطَانَ لاَ يَفْتَحُ بَاباً مُغْلَقاً، وَأَوْكُوا قِرَبَكُمْ وَاذْكُرُوا اسْمَ اللهِ، وَخَمِّرُوا آنِيَتَكُمْ وَاذْكُرُوا اسْمَ اللهِ، وَلَوْ أَنْ تَعْرُضُوا عَلَيْهَا شَيْئاً، وَأَطْفِئُوا مَصَابِيحَكُمْ.

" Kapag pumapasok na ang gabi ay hayaang ipasok sa loob (ng bahay) ang mga bata dahil sa mga panahong ito ay nakakalat ang mga shaya-tin (masasama).

---

[1] . Ahmad (no. 513) isina-ayos ni Ahmad Shakir at ang pinagmumulan nito ay lahat kapani-paniwala. Basahin ang Majma' Az-Zawa'id 1/297. Nabanggit ni Ibn Hajjar sa Bulugh Al-Maram na kanyang sinabi na ito ay tinaguriang kapani-paniwala ni Ibn Hibban at Al-Hakim.

[2] . Abu Dawud sa ibang pananalita 2/81 at At-Tirmithi 5/521. Tingnan din ang Sahih Al-Jami' As-Saghir 4/271 (no. 4865).

Pagkaraan ng isang oras ng gabi (unang pasok ng gabi) ay maaari na upang sila'y palabasin. Isara ang mga pintuan habang binabanggit mo ang Pangalan ng Allah sa kadahilanang maaaring hindi mabubuksan ng demonyo ang nakasarang pintuan. Higpitan ang takip ng inyong sisidlan ng tubig habang binabanggit doon ang Pangalan ng Allah. Takpan ang inyong mga kinakainan habang binabanggit doon ang Pangalan ng Allah kahit kapapatong mo lang ng bagay sa ibabaw nito, at patayin ang Ilaw." [1]

**BIBLIOGRAPIA**


Abu Dawud, Sunan

Ahmad bin Hanbal (d. 241 h.), Al-Musnad, 6 vols. Beirut: Al-Maktab Al-Islami.

Al-Albani, Muhjammad Nasir Ad-Din.

-Ahkam Al-Jana'iz

-Irawa;ul-Ghalil

-Mukhtasar Shama'il At-Tirmithi

-Sahih Al-Adab Al-Mufrad

-Sahih Al-Jami' As-Saghir

-Sahih At-Targhib wat-Tarhib

-Sahih Sunan Ibn Majah

-Sahih Sunan At-Tirmithi

-Silsilatul-Ahadith As-Sahihah

Asqalani Al-, see Ibn Hajar

Baghawi, Abu Muhammad Al-Husain bin Mas'ud Al-Farra, Al-, (d. 516), Mar'alam At-Tanzil (Tafsir Al0Baghawi), in the margins of Tafsir Al-Khazin, 4 vols. Bierut: Dar Al-Fikr, 1979.

Baihaqi, Abu Bakr Ahmad bin Husain bin Ali, Al-, (d. 458 h.),

-As-Sunan Al-Kubra, 10 vols. Beirut: Dar Al-Fikr, n.d.

-Shu'ab Al-Iman


[1] Al-Bukhari, Fath Al-Bari 10/88, Muslim 3/1595.

Bukhari, Abi 'Abdullah Muhammad bin Isma'il bin Ibrahim bin Al-Mughira bin Bardizbah Al-Bukhari Al-Juffi, Al-, (d. 256 h.)
-Sahih Al-Bukhari, 8 vols. Iatanbul: Maktabah Al-Islamiyah, 1981.
-Al-Adab Al-Mufrad
Haithami, Al-Majma' Az-Zawa'id
Hakim, Al-Hafidh Muhammad bin Abdullah bin Muhammad, Al-, (d. 404 h.)
Al-Mustadrak, 4 vols. Beirut: Dar Al-Kitab Al-Arabi, n.d.
Ibn Al-Athir, see Shaibani, Al-,
Ibn As-Sunni, 'Amal Al-Yawm wal-Lailah
Ibn Baz, Abdul Aziz, Tuhfatul Akhyar
Ibn Hajar Al-Asqalani, Ahmad bin 'Ali (d. 852 h.), Fath Al-Bari: Sharh Sahih Al-Bukhari, 13 vols, Beirut: Mustafa Al-Halabi, n.d.
Ibn Hibban, Mawarid
Ibn Hibban, Abu Hatim Muhammad bin Hibban Al-Busti (d. 354), Sahih Ibn Hibban, Beirut: Mua'assasah Al-Risalah, 1984.
Ibn Khuzaimah
Ibn Majah, Sahih Sunan Ibn Majah, (ed. Muhammad Nasir Ad-Din Al-Albani, Riyadh: 1408/1988).
Ibn Majah, Al-Hafidh Abi Abdullah Muhammad bin Yazid Al-Qazwini (d 283 h), Sunan Ibn Majah, 4 Vols. Riyadh: Sharikah Al-Tiban'ah Al-'Arabiyah Al-Sa'udiyyah, 1404/1984.
Ibn Qayyim Al-Jawziyyah, Abi 'Abdullah Muhammad bin Abi Bakr (d. 751 h.)
-Al-Wabil As-Sayib
-Zad Al-Ma'ad (Al-Arnout & Arnout, ed)
Ibn Qudamah, Muwaffaq Ad-Din Abi Muhammad 'Abdullah bin Ahmad bin Muhammad (d. 630 h.) Kitab Al-Mughni, 15 vols. Hijr: Cairo, 1990.
Malik bin Anas, Abi Abdullah Malik bin Anas bin Abi 'Aamir bin 'Amr Al-Asbahi (d. 179 h.), Al-Muwatta.

# حصن المسلم

## من أذكار الكتاب والسنة

باللغة الفلبينية ( تاغالوغ )

تأليف

سعيد بن علي بن وهف القحطاني

ترجمة

عبدالخالق شريف سريفادا

وكالة المطبوعات والبحث العلمي
وزارة الشؤون الإسلامية والأوقاف والدعوة والإرشاد
المملكة العربية السعودية

١٤٣٦ هـ